

THE RUTHLESS

CRUEL VOWS

SAVAGE CHAINS

THE RUTHLESS BOOK I

CRUEL VOWS

VANESSA

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

The Ruthless I: Cruel Vows

Copyright © 2025 by Vanessa

All rights reserved.

vanessa-writes.com

Distributed by [Whimsical Books Ph](#)

Visit their [Shopee](#) or [TikTok](#) for
printed copies.

CHAPTER 1

“Saan ka pupunta?” bungad kay Sylvia ng ina pagkapasok sa pinto. May karga itong one-year-old sa tagiliran, isang malaking bag ang nakasukbit sa katawan, may bitbit na plastic na kitang pagkain ang laman.

“Aalis na po,” aniya, bitbit na ang bag. Nang masilip sa tarangkahan ang ina ay agad na niyang sinimulang isilid ang mga gamit. Sabado, may lakad sana siya pero pinadaan siya nito sa bahay ng ikalawang asawa para utusang

bantayan ang kapatid niya, maging ang mga anak ng asawa nito. Buong araw itong wala, kasama ang bunsong anak. Ang naiwan sa kanya ay ang two-year-old, at ang mga anak ng asawa nito, naglalaro sa twelve hanggang eight ang edad.

“Kadarating ko lang, aalis ka na,” anito, halatang hindi natuwa sa sinabi niya, hinubad ang sandals at ibinaba ang bag sa sofa, saka tumuloy sa loob.

“Eh, may lakad po ako ngayon pero pinapunta n’yo ako dito. Mauuna na po ako. Si Sandro po natutulog sa kuwarto,” aniyang tinukoy ang kapatid.

Ilang sandali itong hindi umimik. Akala niya ay pagagalitan siya dahil sa kanyang pagrereklamo pero sa halip ay sinabi nito, “Kumain ka muna ng

pancit.” Pinatong nito sa hapag ang plastic bag ng pagkain, saka isinakay ang bunso sa walker, hinila patungo sa komedor-kusina.

“Hindi na po, ‘Nay,” tanggi niya. Alas-singko pasado na ng hapon. Alas-dos nagsimula ang inuman ng tropa. Kanina pa siya tine-text ni Ryan, ang manliligaw niyang malapit na niyang sagutin. Pinadalhan pa nga siya nito ng load para maka-reply siya.

“Sumubo ka muna,” mariin nitong sabi, saka tinawag ang panganay ng asawa, ang junior niyon. “Jonathan! Jonathan! Nasaan ba ang isang ‘yon?”

“Mother?” silip ni Jonathan Junior mula sa likod-bahay. May nakasuksok na bulaklak sa tainga nito. Bakla si Jonathan. Giit nga nito ay “Jona” na

lang daw ang itawag at huwag nang buuin ang pangalan. Kasundo niya ito, masiyahin kasi. Para ding hindi eleven dahil ang daming alam na kaharutan. Masipag din ito, matalino, at malinis sa bahay kaya hindi siya naglilinis masyado doon. Hindi ito katulad ng ibang kapatid na tamad at hingi nang hingi ng barya sa kanya.

“Nasaan ang mga kapatid mo?” tanong ng nanay niya rito.

“Nasa galaan ‘yong triplets. ‘Yong dalawa po tinutulungan ko sa project. Nandito po sa likod.”

“Tawagin mo. May pancit at monay. Sylvia, sumubo ka,” mariing sabi nito.

Napilitan siyang ibaba ang bag at magtungo sa komedor. Siya na ang naghain ng pancit, pinggan, at

kubyertos. Ang kanyang ina ang naglagay ng pagkain sa plato niya. Dumaan sa isip niya ang dati, kung saan siya lang ang anak nito. Mahilig itong magluto at masarap ang pancit nito. Ngayon, hindi na magkandaugaga sa dami ng anak ng asawa at sa dalawang batang supling.

Kumain na siya, pinakikiramdaman ang ina. Malaki ang itinanda ng hitsura nito. Hindi madali ang buhay na pinasok ng babae sa piling ng balong ikalawang asawa. Ang unang asawa niyon ay namatay sa cancer, dahilan para daw maisangla ang bahay na kinaroronan nila.

Tiningnan niya ang kapatid sa walker. Napaka-cute ni Kristal. Sana maging maayos ang buhay nito. Hindi

niya alam kung matutupad iyon. Binuhat niya ang bata at kinandong. Hindi rin niya matiis. Siyempre, kapatid niya ito. Nagkataon lang na masama ang loob niya sa ina. Mula nang iwan nito ang kanyang ama, may permanenteng ukab na sa puso niya. Lalo na nang wala pang isang taon ay nagsama na ito at si Tatay Atan. Electrician iyon, sumasama sa mga construction project ng engineer na amo, kung saan-saan nakakarating. Ngayon daw ay nasa Bulacan. Malaki naman ang sahod pero baon sa utang dahil sa pagpapagamot sa nasirang asawa, bukod sa paanong hindi kung pito ang anak? May pinapaaral pa yatang kapatid sa probinsiya.

“Nagkakasama pa ba kayo ni Paula?”

tukoy ng nanay niya sa dati niyang kaibigan. Hindi na sila nagkakasama niyon mula nang magkaroon siya ng bagong tropa.

“Hindi na po.”

“Mas gusto ko ‘yong kaibigan mong ‘yon kaysa dito sa mga bago.”

Nakaramdam siya ng ngitngit. Hindi naman siya maintindihan ni Paula sa mga hinanakit niya sa magulang at sa tuwing magkukuwento siya, pinapayuhan siyang umuwi sa bahay ng nanay niya tulad ng unang plano. Hindi naiintindihan ng kaibigan niyang ayaw niyang makisama sa ikalawang asawa ng nanay niya dahil para niyang tinraydor ang sariling ama. Pakiramdam din niya, wala siyang kalayaan sa piling ng ina dahil pinapag-

alaga lang siya ng mga kapatid niya, o pinababantayan ang mga batang hindi niya naman kadugo.

Naiinis siya sa nanay niya dahil pinili nitong makisama sa isang lalaking madaming anak, imbes na ayusin ang pagsasama nito at ng kanyang ama. Napakasuwerte na nito sa tatay niya na kahit sigarilyo, walang bisyo.

Pumapatay lang ng tao, dugtong ng isip niya pero pilit niya iyong binalewala dahil ni hindi niya alam kung totoo iyon o napapraning lang siya kaya niya naiisip. Tauhan ito ni Guillermo Salazar na kilalang malaking tao, mayaman, madaming koneksiyon, at lider ng isang napakalaking sindikato—ayon sa tsismis.

Noong bata siya, kung saan-saan

nadedestino ang kanyang ama. Hindi malinaw sa kanya kung ano ang trabaho nito. Kapag may pinapasagutang form sa school, ang nilalagay niya lang sa occupation nito ay “security staff,” dahil iyon ang sabi ng nanay niya. Sa pagkakaalam niya ay hindi naman bodyguard ang lalaki, pero alam niyang mayroon itong baril dahil hindi naman nito tinatago. Kahit nasa bahay, abot-kamay lang nito iyon.

Naisip niya noon na siguro katulad ito noong mga PSG na nakikita niya sa TV. Pero sa pag-andar ng mga taon, sa mga naririnig niyang impormasyong sinabi nang may halong babala na huwag sasabihin sa iba o may kalakip na paglalapat ng daliri sa labi, nabuo ang ideya sa isip niya na ilegal ang trabaho

ng tatay niya. Ang lahat ng kanyang hinala ay nakompirma nang marinig ang pag-aaway ng mag-asawa—pinapatigil na ng kanyang ina ang asawa sa pagtatrabaho kay Don Guillermo dahil natatakot daw ito. Hindi nga siguro direktang kompirmasyon iyon pero parang ganoon na rin.

Hindi palakuwento ang kanyang ama, gayondin ang kanyang ina. Hindi rin siya nagtatanong. Nitong huli, kina Ryan niya narinig ang tsismis tungkol sa mga Salazar—na noong araw daw ay hawak ng grupo niyon ang droga sa bayan nila. Ewan kung totoo ang kuwento nito pero siguro, dahil pulis ang kapatid nito. Wala daw puwedeng bumangga sa mga Salazar dahil para na

ring nagpakamatay. Gayonman, sa mga hindi nakakakilala sa mga ito, maganda ang image ng don. Ninong pa nga ito sa kasal ng anak ng gobernador nila.

“Yayain mo dito si Paula, anak, sa birthday mo,” anang kanyang ina. “Magluluto ako ng spaghetti at puto.”

“Hindi na po,” tanggi niya. Hindi na sila masyadong nag-uusap ni Paula. Corny kasi ito, ayaw sa grupo nina Ryan. Walang ginawa ang babae kundi mag-aral. Kapag din sinama niya ito sa tambayan, malamang isumbong pa siya dahil nagyoyosi na siya ngayon, kahit paisa-isa lang dahil ayaw niya ng lasa—pangporma lang. Malakas na rin siyang uminom. Sa katunayan, magpapainom siya sa birthday niya. Nakapag-ipon na siya ng pambili ng ilang Red Horse at

sisig.

“Hindi ko gusto ang mga bago mong kaibigan,” patuloy ng nanay niya.

Iniba na lang niya ang usapan bago niya ito masagot na puwes, hindi niya rin gusto ang bago nitong asawa.

“Saan po kayo galing?”

“Sa Alabang, sa kumbento. Buti na nga lang talaga ay inabot ako ng panganganak doon sa kanila. Eh, di buwan-buwang may sustento itong isang ito,” anitong sinubuan ang kapatid niya ng pancit.

Hindi sana ninyo kailangang ipanglimos ang bata kung hindi n’yo iniwan si Tatay. Sabagay, hindi rin kayo mabubuntis kung hindi, sa loob-loob niya. May sustento mula sa mga madre ang bunso ni Tatay Atan. Nag-apply ng

assistance noong may cancer ang ina ng bata at naaprubahan naman sa programa ng mga madre. Sa araw na kinukuha ng nanay niya ang allowance ng batang iyon ay saka ito napaanak nang wala sa oras. Siguro dahil sa pagod sa biyahe. Napaiyak siya noon sa awa sa ina pero ganoong buhay ang pinili nito—iyong may bagong pamilya, iyong mas mahirap sa dati na ngang hindi maalwan nilang kalagayan.

Pero at least noon, hindi man sila mayaman, hindi ito naghirap nang ganoon—na sa sobrang pagod ay napaanak na sa kalsada; na kahit kabuwanan na ay lumuwas pa para sa halagang dalawang libong pisong allowance mula sa mga madre. Pero dahil sa nangyari, naipasok din sa

programa ang bata. At ngayon, buwan-buwan nitong kinukuha ang allowance sa kumbento. Libre din ang gamot at checkup ng mga bata, bakuna, at iba pa.

“Kumusta ang tatay mo?” tanong nito.

“Maayos naman po.”

“Balita ko, nadadalas daw sa inyo si Nora,” tukoy nito sa manikuristang nakatira sa street nila. Dalaga pa iyon kahit kuwarenta na.

“Noong nakaraan po. Hindi na ngayon,” tugon niya. Hindi na siya nag-elaborate, kahit ang totoo, halata niya naman sa tatay niyang nanay lang niya ang mamahalin nito. Minsan iyong nakatulog sa sala, narinig niyang sinasambit ang pangalan ng nanay niya. Awang-awa siya rito pero ganoon siguro

talaga kung mas pinili ng nanay niyang magmahal ng iba.

Kaya masamang-masama ang loob niya rito, kahit sa tatay niya. Dahil hindi nito sinuyo ang nanay niya, hindi inayos ang lahat. Parang pinabayaan na lang nitong masira ang pamilya nila. At ngayon, paano pa mabubuong muli kung may anak na sa iba ang nanay niya?

At siya—naiwan sa gitna at hindi alam kung ano na ang gagawin ngayon.

“Wag mong pakakainin ng mga matataba ang tatay mo.”

Tumango siya.

“Gulay ang iluto mo palagi. Kung mag-aadobo ka, manok ang gamitin mo o kaya magpaksiw ka ng bangus—laman lang, ‘wag mong isama ang

bituka. ‘Wag na kayong bibili sa karinderya ng sisig o liempo. ‘Yang tatay mo, matigas ang ulo.’”

Tumango na lang siya, nilunok ang hapdi ng puso para sa mga magulang na magkalayo na pero alam niyang mahal pa rin ang isa’t isa. Ang weird lang dahil ninong pa ng dalawa niyang kapatid ang kanyang ama. Ewan, masyadong mabait ang tatay niya na lahat ng gusto ng nanay niya ay ibibigay—maging ang kalayaan nito.

“Aalis na po ako, ‘Nay.”

“Saan ba lakad mo’t nagmamadali ka?”

“May bertdeyan po kasi.”

“Sige. I-message mo ako pagkauwi mo.” Inabutan siya nito ng isandaan.

Nagpasalamat siya, saka nagtungo sa

likod-bahay para tawagin uli ang mga bata. “Jona, kumain na muna kayo.”

“Sige, Ate, malapit na kaming matapos.”

Ang pinakabatang si Jonmar na lang ang may sinusulat sa notebook, habang si Jona ay pini-French braid si Marjo. Hindi na bago iyon sa kanya. Mahilig ang baklang ayusan ang mga babaeng kapatid, kahit sila ng nanay niya.

Nagpaalam na rin siya sa mga ito, hinagkan ang kapatid niya, nagmano sa ina, sinilip ang bunso sa silid, saka umalis. Naglakad siya palabas ng eskinita, saka tumuloy sa main road. Doon siya nag-abang ng jeep patungo sa tambayan.

Nang makarating sa Ka Damian's Kambingan, Billiards, and KTV ay agad

siyang pumasok. Dating ice plant iyon na bilyaran na may KTV na ngayon, mataas ang kisame, mayroong mga silid na plywood ang dibisyon at walang pintuan kaya palakasan na lang ng volume ng videoke machine ang labanan. Para daw iwas mapuwestuhan ng mga nagsha-shabu, minsang sabi mismo sa kanya ni Ka Damian.

“Good afternoon, Ka Damian,” bati niya sa matanda. Siguro ay sixty years old na ito.

Tumango ito. “Nasa room one sina Ryan.”

Nagpasalamat siya rito at tumuloy na sa unang silid. Agad siyang sinalubong ng manliligaw. Inabutan naman siya ni Melody, isa sa mga bagong kaibigan, ng plastic cup ng Red Horse.

“Ang tagal mo! Kanina ka pa namin hinihintay. Tatlong tagay agad ‘yan!”

Pinagbigyan niya ang tropa, saka pumuwesto sa tabi ni Ryan, dumampot ng mani, initsa sa itaas at sinalo ng bibig. Kinantiyawan na siya ng mga ito, tinanong kung sasagutin na raw ba niya si Ryan ngayong birthday ng pinsan nitong si Kuya Reynar—ang siyang nagpapainom at nagpapapulutan. Pinakamatanda iyon sa barkada, palaging madaming pera dahil nasa abroad ang mga magulang; sustentado sa luho.

“Relax,” aniyang humagikgik.
“Darating ang tamang panahon.”

“Tagay!”

Naghulog ng barya si Dado sa videoke, saka inabot sa kanila ni Ryan

ang mikropono. Pumailanlang ang “Love the Way You Lie.” Siya ang unang humirit bilang Rihanna, saka nag-rap si Ryan mala-Eminem. Nabura na ang mga problema niya. Masaya siya sa mga sandaling iyon at unti-unti nang gumagaan ang pakiramdam, lumulutang sa ere sa bawat tagay.

Inabutan siya ni Melody ng yosi. Nagsindi siya. Maano ba at masasanay din siya sa lasa. Hangga’t hindi pa, konting hitit lang hanggang maupos na ang pulang Marlboro. Mayamaya pa, madilim na. Tuluy-tuloy ang kasiyahan ng grupo. Okay lang. Wala namang pasok bukas.

Madaming tropa sina Ryan na dumadating at umaalis din. Ang sabi ni Ryan, nagyayaya ng ibang inom, kung

hindi man ay may kailangan lang kay Kuya Reynar. Madaming racket ang lalaki—buy and sell ng motor, pautang, carwash, at iba pa.

Humitit siya ng yosi, saka tumayo para abutin ang song book. Kakanta pa siya.

“Sylvia!”

Agad siyang napalingon nang marinig ang tinig ng ama.

CHAPTER 2

Awtomatikong inilagay ni Sylvia ang kamay sa likuran, saka binitiwang ang sigarilyong nakaipit sa mga daliri. Dama niya ang panlalaki ng mga mata. Huli na para itago ang mga bote ng Red Horse sa ibabaw ng mesa, o magpanggap na hindi siya kasali sa grupo ng mga kabataang nag-iinuman dahil nasa iisang silid silang lahat.

Malalaki ang hakbang ng kanyang ama, “Mang Nando” sa iba. Kulang mapatakbo si Sylvia sa takot. Noon lang

niya nakita ang ganoon kadilim na mukha nito—salubong ang mga kilay, matalas ang pagkakatatig ng naningkit na mga mata. Magandang lalaki ito, pero pinatanda ng hirap sa buhay. Base sa mga lumang larawan at sa kuwento noon ng kanyang ina, madami raw babaeng humabol dito noong araw. Ang kanyang inang mas bata rito ng labinlimang taon ang napili nito.

Bakas pa rin ang tikas nito, pero magkahalo na ang puti at itim sa buhok. May guhit na sa gilid ng mga mata, malalim ang sa noo. Magfi-fifty-six na ito sa darating na birthday. Malaking lalaki ito, makapal ang kilay, kahawig ni FPJ, sabi ng katandaan. Pero alam niyang marahas ang tingin dito ng karamihan, dahil na rin siguro sa

balbas-sarado ito at sa reputasyon sa bayan nila. Alam ng lahat ng tauhan ito ni Guillermo Salazar. Alam na palaging may dalang baril kahit hindi naman pulis o sikyu.

“‘Tay, ano... ano po’ng ginagawa n’yo dito?” tanong niya.

“Halika na, uuwi na tayo,” malamig nitong sabi, walang pagkailang ang mga mata nang tingnan isa-isa ang mga tao sa loob ng silid.

Napahiya siya kaya sinabi, “Susunod na rin po ako. Nagkakasiyahan po kami, ‘Tay, nakakahiya naman po sa may birthday—”

“Sasama ka sa akin o kakaladkarin kita pauwi?”

Nanlambot ang mga tuhod niya. Noon lang nagsalita nang ganoon ang

kanyang ama. Agad niyang sinukbit ang bag, ni hindi na nakapagpaalam sa grupong wala ring nakaimik—siguro ay natakot makipag-argumento sa isang malaking lalaking may baril sa tagiliran. Sumama na siya sa ama.

Sumakay sila sa motorsiklo nito. Hanggang sa makapasok sa tarangkahan ng bahay ang motor ay nangangatal siya sa takot. Tahimik lang siya nang bumaba. Nauna sa bahay ang kanyang ama, binuksan ang pinto, saka siya hinintay makapasok.

“Tay—”

“Pasok do’n sa likod!”

“Po?”

“Do’n sa poso!”

Umiiyak siyang nagtungo sa likod-bahay. Sementado ang kuwadrangong

espasyo sa paligid ng posong de-bomba. Ginagamit pa rin nila ang tubig mula roon pandilig ng halaman at panlaba. Binitbit ng kanyang ama ang timbang pinuno ng tubig, saka sinaboy sa kanya ang laman.

“Bumabarkada ka sa mga adik?!” singhal nito. Noon lang niya ito nakitang galit na galit, namamasa ang mga mata sa siguro ay pinaghalong ngitngit at pagkabigo sa kanya. Nagbomba itong muli ng poso, saka muling isinaboy sa kanya ang tubig. “Naglalasing ka kasama ang mga adik?!”

Humahagulhol na siya sa puntong iyon. Kahit nakainom, parang inukit ang ekspresyon nito sa isip niya. Hindi ang tubig ang iniinda niya kundi ang

galit at kabiguan nito. “T-Tatay—”

Muli siya nitong sinabuyan, taas-baba ang dibdib sa galit. “Ano, lasing ka pa?!”

Iyak lang ang naging tugon niya.

“Pasok do’n, magpalit ka ng damit at bilisan mo, kundi kakaladkarin kita!”

Napatakbo siya papasok sa bahay at dali-daling nagpalit ng damit. Paglabas niya ng silid ay naroon na ito, matalim pa rin ang mga mata.

“`Yong pamangkin ni Satur—si Reynar, tagatakbo ‘yon ng shabu! Ang tanda-tanda na, bumabarkada sa kaedad mo dahil babatain ka, pagagamitin ka, saka ka gagawing tagatakbo. Kapag minalas-malas ka pa, gagahasain ka muna. ‘Yon ba gusto mo?!”

Napasinghap siya, pero nakabawi rin at nagtangkang magpaliwanag. “Pinsan po ni Ryan si Kuya Reynar, ‘Tay. Hindi po totoo ang mga balita. May pera siya dahil nasa abroad ang mga magulang niya, pinapadalhan siya. M-May mga negosyo rin po siya—”

“Ang tatay no’n nasa Bilibid. Ang nanay nasa abroad, totoo—may iba nang pamilya. May pinsang pulis ‘yan, hindi ba? ‘Yang kapatid niyang Ryan. Lahat ng negosyo niyang Reynar, pamronta lang sa ilegal. Kung kumikita sa legal ‘yan, hindi n’yo ‘yan makakasama, palagi ‘yan dapat nasa negosyo niya. Pinagtatanggol mo pa, hindi mo naman kilala. Putragis kang bata ka.”

Iyak siya nang iyak habang

nakayuko.

Nagmura ito. “Lahat ng kaibigan mo, may sabit, mga nagbibisyo! Karamihan sa mga ‘yon bataan ni Reynar. Tatlo kayo do’n na mga bobang sumasabit? Ikakap sirup kayo no’n, ‘tapos iiyak-iyak ka kapag ni-rape ka?! Hindi ikaw ang magiging una at hindi ikaw ang huli. Baka kaya ka lang hindi pa dinadale dahil alam na anak kita! Pero kapag nakatira ang mga ‘yon, saan ka pupulitin?! Papatayin ako ng nanay mo kapag may nangyari sa ‘yo, putragis kang bata ka!”

Patuloy siyang humagulhol, gulantang sa sinasabi ng ama.

“M-Mabait po sila sa akin, ‘Tay. Alam po nilang nililigawan ako ni Ryan,” sisinghap-singhap na sabi niya.

“Gumagamit din ‘yan!” Nagmura ito. “Buti tinimbre sa akin ng kakilala kong nandoon ka raw. Hindi mo kayang intindihin kung ano ang puwedeng gawin sa ‘yo ng mga taong ‘yon. Masyado kang mapagtiwala kasi wala kang alam sa kalakaran. Lahat ng tao may kabaitan, tandaan mo ‘yan!”

Nagtaas siya ng mukha. “Tulad mo, ‘Tay?”

Ilang sandali itong hindi umimik, taas-baba ang dibdib, tila lalong nag-apoy sa galit pero malamig ang tinig nang magsalita. “Totoo nga yata ang sinasabi ng nanay mo—nagrerebelde ka dahil sa amin. Kinahihiya mo ako at nagagalit kang may iba nang pamilya ang nanay mo.”

Hindi siya umimik. Nagtungo sa

kusina ang matanda, nagsalang ng kalderong lagaan ng kape. Panay ang buntong-hininga nito. Tahimik lang siya. Mayamaya ay naamoy na niya ang aroma ng kapeng barako.

“Halika. Maupo ka,” anito.

Agad siyang tumalima. Tumahan na siya pero mahapdi ang mga mata. Namamaga ang mga iyon sa pag-iyak.

“Sabi kung bakit menor ka pa, nagbibisyo ka na. Sigarilyo, alak, ano pa ang balak mong isunod?” Nabawasan na ang galit nito pero malamig pa rin ang tinig.

Pero galit din siya. Ilang taon na niyang kinikimkim ang lahat ng sama ng loob. Siguro dahil may epekto pa rin ang alak sa sistema niya kaya sumabog na iyon.

“Bakit po kayo nagagalit sa mga bago kong kaibigan? Hindi ba, ganoon din naman ang trabaho n’yo—illegal? Kaya kayo iniwan ni Nanay—natakot siya. Sinabi niya sa inyong tumigil na kayo, narinig ko ang usapan ninyo, pero ayaw ninyo. Pinagpalit n’yo si Nanay sa masama n’yong gawain. Mas importante ‘yon sa inyo kaysa sa Nanay! Kaysa sa pamilya natin!” sumbat niya, nag-unahan na naman sa pagtulo ang mga luha.

Naaalala niya pa ang hagulhol ng ina, ang takot sa tinig nito dahil palaging nalalagay sa peligro ang buhay ng asawa. Nagpatuloy siya sa paglalabas ng hinanakit.

“Kaya siya umalis. Kaya niya tayo iniwan. At ngayon may iba na siyang

asawa. Hindi n'yo man lang hinabol ang Nanay. Pinabayaan ninyong iwan niya tayo dahil hindi n'yo maiwan ang trabaho n'yong 'yan!" Napahagulhol na naman siya. Nitong huli, pakiramdam niya, palagi siyang nag-iisa dahil madalas na wala ang kanyang ama, ang kanyang ina naman ay abala sa bagong pamilya.

Mababa ang grades niya sa school dahil nawalan na siya ng ganang mag-aral. Para saan? Wala namang pakialam sa kanya ang mga magulang. Hanggang maging kaibigan niya si Melody na nagturo sa kanyang manigarilyo, mag-cutting class, tumambay para uminom, mag-tong-its, bilyar, at maghanap ng ka-chat. Kalaunan, naka-chat niya si Ryan at naging tropa na nila ito ni

Melody. Mas matanda ng tatlong taon sa kanya si Ryan at palagi siya nitong nililibre. Puro good time sila at masaya siya sa ganoong gimmick. Nitong huli, umuuwi siyang nakainom pero ayos lang, wala naman siyang daratnan sa bahay. Kaya hindi niya rin inasahan nang sunduin siya ng ama kanina. Sino kaya ang nagtimbre dito?

“Wala po kayong karapatang manumbat na ilegal ang gawain ng tropa ko kung ilegal din kayo,” giit niya.

Akala niya ay sisigawan siya nito, o baka palayasin pa—tulad ng iba niyang mga kaibigan na pinag-alsa-balutan ng mga magulang—kaya ganoon na lang ang kirot sa puso niya nang makitang namamasa ang mga mata nitong pinunasan bago pa bumagsak ang mga

luha.

Puno ng emosyon ang tinig nito nang magsalita, “Akala mo hindi ko ginustong iwan itong putanginang trabahong ‘to?! Kung kaya kong iwan, no’n ko pa ginawa! Para sa nanay mo, pero higit para sa ‘yo, Sylvia! Pinasok ko ‘tong buhay na ‘to nang hindi alam na hindi ako puwedeng umalis. Kahit kailan. Ang mga taong madaming alam, hindi puwedeng umalis. Hindi mo maiintindihan dahil bata ka pa, at pinapakiusap kong sana sa pagkakataong ito, gamitin mo ang isip mo para sarilinin ang lahat ng sinasabi ko sa ‘yo dahil may katumbas na bala ang maling salita, naiintindihan mo ba ‘yon, Sylvia?”

Napatulala lang siya rito, umiiyak at

naninikip ang dibdib. Noon lang niya ito nakitang lumuha kaya nayanig ang kanyang mundo.

“Mahal na mahal ko ang nanay mo. Wala akong ibang minahal kundi siya. Hindi niya... hindi niya alam na ito ang trabaho ko noong una pero napilitan akong sabihin noong hinahanapan na niya ako ng dahilan kung bakit hindi ako nakakauwi kung minsan. Magmula nang malaman niya, hindi na siya nagkaroon ng kahit saglit na katahimikan, kaya isang pagkakamali iyon—na sinabi ko sa kanya ang totoo.

“No’ng magdesisyon siyang iwan ako, alam kong nakita niya ang buhay ng ibang kaibigan niya, iyong mga may normal na trabaho ang asawa. Sino ako para ipagdamot sa kanya ang kalayaang

makaramdam ng kapayapaan? Hindi ko ‘yon kayang ibigay sa kanya. Ginusto ko ring kayo ang magkasama sana. Nakiusap siya sa akin, ibalik daw kita. Sinabi ko sa ‘yong bumalik ka doon pero umuuwi at umuuwi ka dito. Siguro nga, madamot ako dahil gusto ko ring nandito ka sa akin, anak. Ang sabi ko sa kanya, ikaw ang magdedesisyon. Isa pa, hindi na rin naman tulad ng noon ang trabaho ko.”

““Tay—”

“Hindi, anak, makinig ka muna sa akin.”

Pero hindi siya nakatiis kaya nilapitan niya ito at niyakap nang mahigpit. “Sorry po, Tatay,” hagulhol niya. “Kasi nalulungkot lang po ako na may iba na ang Nanay. Parang iniwan

niya tayo. At kayo naman, palagi kayong nasa trabaho. Parang hindi na po ako importante sa inyo ni Nanay.”

“Hindi, anak. Maling-mali ka.” Hinaplos nito ang kanyang likod, nanginginig ang tinig. “Bawat pag-uusap namin ng nanay mo, ikaw ang paksa. Ikaw lang, anak. Kahit magkahiwalay kami, hinding-hindi mababawasan ang pagmamahal namin sa ‘yo, tandaan mo ‘yan. Ikaw ang dahilan kung bakit ako palaging wala. Nagbabago na ang palakad ng organisasyon. At natatakot akong sa mga darating na araw, mawawalan na rin ako ng trabaho kaya sinasagad ko na habang may mga patrabaho pa.”

“N-Nagbabago po ang trabaho ninyo?” tanong niya, inalis ang

pagkakayakap dito.

Tumango ito. “Hindi ko alam kung ano pa ang mga darating na pagbabago pero nararamdaman naming mga matatagal na sa grupo. Mula nang manghimasok si Alejandro, parang nalagay na sa alanganin ang hanapbuhay namin.”

“Makakahanap kayo ng ibang trabaho.”

“Hindi mo naiintindihan, Sylvia. Grade six lang ang inabot ko. Hindi na rin tulad ng noon ang katawan ko. Pero sakali man, gagawan ko ng paraan. Ang importante, bayad na itong bahay at napagawa na ang bubong. Papalagyan ko ng kahit tatlong pinto para sakali man, may pagkukunan tayo kahit paano. Kahit anong mangyari, anak,

meron ka nang bahay. Sana ‘wag mong ibebenta kung wala na ako dahil ang bahay, kahit anong mangyari, sigurado kang may mauuwian kang sa ‘yo—walang magpapaalis sa ‘yo kahit kailan.”

“Si Tatay, kung ano-ano ang sinasabi. Ano ba ‘yang pumasok sa isip n’yong kapag wala na kayo? Ang bata-bata n’yo pa.”

Ngumiti ito. “Anak, sana ‘wag ka nang magrerebelde. ‘Wag mong sirain ang buhay mo. Ang mabarkada ka sa mga ganoong klaseng tao ang sisira sa buhay mo, maniwala ka sa akin. Nakita ko nang lahat ‘yan. Dinanas ko nang lahat. Tingnan mo ang buhay ko. Gusto mo bang tumulad sa ‘kin? Sa ganyan ako nagsimula. Kaya nang itawag sa

‘kin ng nanay mong may nakakakita raw sa ‘yo na kasama ang mga ‘yon, para akong sinuntok. Kanina, may kakilala akong nagtimbre sa ‘yo.”

Bigla na naman siyang napaiyak. “Sorry po, ‘Tay.”

Bumuntong-hininga ito. “Pagpasensiyahan mo na rin ako, anak. Walang araw na hindi ko nahihiling na sana mas magandang buhay ang naibigay ko sa ‘yo. Pero kahit sa trabahong ito, importante ang edukasyon kung gusto mong tumaas ang ranggo mo. Ang isang grade six lang ang natapos, mahirap makipag-usap sa mga tao, lalo na kung malaking pera ang pinag-uusapan. Kaya ang gusto ko, anak, marating mo ang mga hindi ko naabot.

“Binibigay ko sa ‘yo ang armas na gagamitin mo—edukasyon, tirahan, maayos na buhay kung hindi man maalwan. Kaya ‘wag mo sanang sayangin. Samantalahin mo habang buhay pa ako. Maniwala ka sa akin, anak, mahihirapan ang nanay mong pag-aralin ka.”

Napahagulhol na naman siya. “Si Tatay naman kung magsalita, parang bukas na kayo mawawala.”

“Hindi ko sigurado ang buhay ko, Sylvia. Tama ka, masama ang trabaho ko. Hindi mo na kailangang malaman kung ano. Mas wala kang alam, mas maganda. At sana ‘wag mo nang sabihin sa kahit na sino. Ang sinasabi ko lang sa ‘yo, gusto namin ng nanay mong ‘wag kang matulad sa amin. ‘Wag mo rin

siyang sisihin kung naghanap siya ng iba. Hindi niya tayo pinagpalit. Hindi rin tamang pigilan natin siya. Hindi naman siya nawala sa buhay natin, lumaki lang ang pamilya natin, anak. ‘Kita mo nga’t ako pa ang kinuhang ninong ng anak nila. Nakainuman ko na rin naman ang asawa. Mabait siya, Sylvia. At sa totoo lang, mas payapa ang buhay na ibibigay niya sa inyo.”

“Hindi po ako aalis dito, ‘Tay.”

“Wala namang problema, anak. Ayoko lang na umiinom ka, bumabarkada sa mga gago. Mag-aaway tayo kung hindi mo titigilan ‘yan.”

Panay ang naging pagtango niya. Ang totoo, gusto lang niyang pagtuunan siya ng pansin ng magulang. Duda rin siya sa mga bagong kabarkada. Nawili lang

naman siya sa pag-inom dahil magaan sa pakiramdam niya. Pero ngayong narinig niya ang posibilidad—ang magahasa at pagkatapos ay magamit sa ilegal—hindi na talaga siya sasama sa tropa.

Bigla rin niyang naintindihan ang mga bagay na hindi niya maipaliwanag kapag kasama ang grupo—mga lalaking nagdadala ng babae at biglang nawawala, usapang pabulong, mga taong darating at aalis nang hindi malinaw kung ano ang pakay, at iba pang katulad na insidente. Nakakapangilabot din ngayong naiisip niyang sa susunod na Sabado ay nakaplanong magtungo ang grupo sa isang beach. Sasama sana siya dahil usapan nila iyon ni Ryan, balak sana

niya itong sagutin doon. Pero ngayong alam na niya ang posibleng mangyari, iiwas na siya sa grupo. At kung pipilitin siya ng mga ito, magsusumbong siya sa ama.

“Sorry po, ‘Tay,” ulit niya. Niyakap niya ito, sisinghap-singhap. Nabibiyak ang puso niya. Naawa siya ritong bigla. Ni minsan, hindi niya naisip na gusto nitong umalis sa trabaho nito pero hindi pala uubra. Ni hindi dumaan sa isip niya na pinalaya nito ang nanay niya dahil naisip nitong mas makabubuti iyon dito, at sa kanya rin.

Hinagod nito ang kanyang likod. “Naiintindihan kita, Sylvia, pero ayaw na ayaw kong matulad ka sa amin ng nanay mong hindi nakatuntong sa kolehiyo. Ipangako mo, magtatapos ka

kahit anong mangyari.”

“Pangako po, ‘Tay.”

CHAPTER 3

“O, bilhan mo nanay mo ng cake. Birthday no’n sa isang araw. Sayang, wala ako. Kung may makita kang bestida, bilhan mo na rin. Nakita ko noong Linggo, luma na ang pangsimba. Isang libo, ibigay mo rin. Ang sukli, kung meron pa, sa ‘yo na.”

May tumundo sa dibdib ni Sylvia nang tumingin sa ama, saka sinulyapan ang tatlong libong ipinatong nito sa mesa. Minsan, hindi pa rin niya maunawaan kung paano nangyaring

nagkahiwalay ito at ang nanay niya. Ilang taon na, hindi pa rin nababawasan ang lungkot.

“Malapit na rin ang birthday mo,” komento nitong itinaas ang takip ng ulam na niluto niya—pritong galunggong at adobong kangkong. Agad niyang inabot ang colander, saka nagtungo sa kalan para sumandok ng kanin.

“Four months pa po, ‘Tay.”

“Malapit na ‘yon. Saan mo gustong maghanda? Dapat maganda dahil debut mo.” Pumuwesto na ito sa hapag.

“Naku, ‘Tay, hindi na po,” agad niyang tanggi. Alam niya naman na kapag hiniling niya ay ibibigay nito. Noon, pinangarap din niyang magkaroon ng eighteen roses, eighteen

candles, at iba pa. Pero naisip niyang mahihirapan lang ang tatay niya ganoong nag-iipon nga ito para maipagawa ang pangarap nitong tatlong pintuang paupahan sa tabi ng bahay nila. Gagawin din daw nitong tindahan ang unahan nila. Kapag senior na raw ito, gusto rin nitong may mapagkukunan ng gastos.

Excited din siya sa panahong magretire na ito. Sabi nito, basta senior daw ay puwede nang magpaalam sa organisasyon, lalo na at mukhang hinihintay lang naman daw ni Alejandro na kusang mag-resign ang old-timers. Iilan na lang daw ang mga ito at mukhang may mga hinanakit sa kapatid ni Don Guillermo. Noong nakaraang buwan lang, apat na

kaedaran nito ang pumunta sa kanila para sa munting inuman, kabilang na ang pinakamalapit ditong si Tatay Igme. Naririnig niya ang kuwentuhan ng mga ito, lahat ay may sama ng loob kay Alejandro. Tuloy, maging siya ay nainis na sa isang iyon.

“Mangga, ‘Tay?” aniyang hindi na hinintay sumagot ang ama. Nang mailapag sa hapag ang mainit na kanin ay kinuha na niya sa ref ang manggang hinog, hinugasan, saka hiniwa. Dumulog na rin siya.

“Saan ka maghahanda? Ano’ng sabi ng nanay mo?”

“Tinatanong nga rin po ako. Sa akin, ‘Tay, puwede na po kahit spaghetti at cake.”

“Ayaw mo ng eighteen roses ba ‘yon?

‘Yong sasayaw ka kasama ang mga guwapo?’ Ngiting-ngiti ito, nanunudyo.

“Naku, si Tatay. Ikaw lang naman ang guwapo kong kilala.”

Tumawa ito. “Ang lakas mo nang mambola, anak.”

Natawa na rin siya kahit totoong pogi ang tatay niya. Maganda rin ang nanay niya. Ang resulta, maganda rin siya. Pero hindi siya ligawin dahil na rin siguro sa takot sa tatay niya. Ang huling nanligaw sa kanya ay si Ryan na nang tapatin niya at sabihang ayaw dito ng tatay niya, kusa nang lumayo. Nang iwasan niya ang tropa, sinabi niya rin sa grupo na ayaw ng tatay niyang bumabarkada siya sa mga ito. Iyon lang pala ang kailangan niyang sabihin para

mabahag ang buntot ng lahat.

Nang magbalik siya sa regular na pagpasok sa eskuwela at nakasamang muli si Paula, na-realize niyang mas gusto niya palang pumasok kaysa mag-inom. Naging mas masipag din siyang mag-aral, lalo na at hindi niya malimutan ang sinabi ng tatay niya. Hindi pa nagtagal, dalawa na sila ni Paula na kinuha para lumaban sa oratorical contest. Napasali pa siya sa English debate team. Bigla, tumaas ang pangarap niya. Magsisikap siya, mag-a-abroad. Hindi na kakailanganin ng kanyang amang magtrabaho sa ayaw nito dahil siya naman ang magbibigay dito ng lahat kapag nakapagtapos na siya at nakapagtrabaho.

Nabura na rin ang galit niya sa ina.

Napalitan iyon ng mas matinding awa at simpatya. Kapag walang pasok at wala ang tatay niya, pinupuntahan niya ito para tulungan sa gawain. Naisip niya, pag-aaralin niya ang mga kapatid. Sana, sana talaga yumaman siya para mabigyan niya ng ginhawa ang mga magulang.

Buti na lang at sinampal siya ng katotohanan ng tatay niya. Dahil si Melody ay adik na ngayon. Huli niya itong nakita, nangangalog sa kanya ng pangyosi, sobrang payat na at buntis. Nang tanungin niya kung sino ang ama, ang sabi nito ay bagong tropa daw. Hindi ito naka-graduate at hindi na rin nagpatuloy. Siya naman ay first year college na, HRM. Magbabarko siya, iyon ang plano niya.

“Wag n’yo nang alalahanin ang debut ko, ‘Tay. Imbes na ipanghanda ko, idagdag na lang natin sa ipon para mapagawa na ang paupahan.”

Tumango ito pero napabuntong-hininga rin mayamaya. “Baka kailangang magtipid pang lalo at mas nabawasan pa ang gawain. Wala na halos extra—doon lang naman talaga kami kumikita.” Kahit noon, hindi buo ang kuwento ng tatay niya kung ano ang eksakto nitong ginagawa. Sanay na siya. “Minimum na lang ang sahod namin halos. Umaasa akong may makuha naman kapag nagretiro pero baka maliit lang kung si Alejandro ang magdedesisyon.”

“Nakakabuwisit naman ‘yang Alejandro na ‘yan, ‘Tay. Bakit po

pumapayag si Don Guillermo na ‘yon ang magdesisyon sa inyo at mga kasamahan ninyo?” Nabuwisit na siyang talaga sa taong iyon dahil palagi nang hinaing ng tatay niya. Dinig niya sa kuwento ng kainuman ng tatay niya, hari-harian daw, na porke nakapag-aral sa ibang bansa, akala mo na kung sino.

Muli ay bumuntong-hininga ang kanyang ama. “Wala tayong magagawa, anak, at nag-iisang kapatid ‘yan. Kung ipagmalaki ni Boss, talagang akala mo hindi siya ang dahilan kung bakit nagawa ang lahat ng ‘yon. Makakapag-aral ba ‘yon sa ibang bansa kung hindi dahil kay Boss? Eh, mabait lang talaga si Boss. Kapatid lang niya sa ama ‘yon. Kung tutuusin, hindi niya naman kailangang ituring na para bang doon

na ipapamana lahat.”

Sumubo ito, saka nagpatuloy. “Sa totoo lang, minsan naiisip na naming lumipat sa kabilang grupo. Kaso baka hindi rin naman kami payagan, bukod sa may mga edad na rin kami. Siyempre, mas gusto ni Bossing Sal, ‘yong mga bata-bata. Isa pa, mas pabor do’n kung pulis.”

Sa pagkakaintindi ni Sylvia sa panaka-nakang kuwento nito, maging ng kanyang ina, dalawang tao ang nagsimula ng grupong pinapasukan ng kanyang ama—si Don Guillermo at si General Beltran. Parang nahahati sa dalawang grupo ang pamamahala ng mga negosyo. Hinala niya, base sa mga nababasang crime novels, kanya-kanyang balwarte marahil, o kanya-

kanyang ilegal na produkto.

“Minsan nakakalungkot din,” hinaing ng kanyang ama, na bihirang-bihira kung mangyari. “Na tumanda ka na sa grupo pero parang handa pa rin silang itapon ka na lang kung wala ka nang pakinabang. Sana tumagal ako hanggang mag-senior. Kung makikialam si Alejandro sa bonus ko, lalapit ako kay Boss. Bahala na.”

“Siguro naman po, magbibigay si Don Guillermo nang tama.”

Tumango ito. “Wag mo nang alalahanin. Ilang taon pa naman bago ako magretiro. Sa birthday mo, maghanda ka kahit dito sa bahay. May naitatabi naman ako. Importante sa babae ang debut. ‘Kita mo’ng nanay mo, hindi nag-debut kaya ako ang napili.”

Tumawa ito.

“Aba, ang suwerte nga niya sa inyo, ‘Tay.”

“Malas kamo. Imbitahan mo ang nanay mo, saka ‘yong asawa. Mga kaibigan mo. Parang wala ka nang kaibigan masyado ngayon.”

“Meron naman po pero ilan lang, saka mas madalas kong kasama ngayon si Jona.”

“Si Kembot?” Tumawa itong muli. Ilang ulit na nitong naabutan sa bahay nila si Jona at hindi kaila rito—dahil loud and proud ang bakla—na malambot ang personalidad nito. Karaniwang short shorts at T-shirt na nakabuhol sa itaas ng baywang ang suot ng isang iyon, may foundation at lip gloss. Fourteen na ito, pero mas

malandi pa sa kanya. “Nakakatuwa rin ang isang iyon. Mabait.”

Tumango siya. “Ayaw din po doon sa kanila kaya palaging nandito sa akin.”

“Siksikan yata kasi sila doon.”

Muli ay tumango siya. “Pero umuuwi rin po agad dahil walang katulong ang Nanay sa gabi. Tatambay lang ng isadalawang oras dito.”

“Imbitahan mo. Baka iyon pa ang mag-gown.”

Natawa siya. Nagkuwentuhan sila. Sinabi niya rito ang nabubuong planong magbarko. “Stepping stone lang naman, ‘Tay, para makarating sa ibang bansa. Malay n’yo, doon pa kayo makakakita ng puting asawa.”

Natawa ito. “‘Kow, dadalhin mo ako doon, hindi nga ako marunong mag-

Ingles?”

“Sus, mga maton nga hindi ninyo inuurungan, Ingles pa?”

Ngiting-ngiti ito. “Basta’t ang isipin mo, sarili mo, anak. Maging maginhawa lang ang buhay mo, sapat na sa akin.”

Walang kasimbait ang tatay niya. Mahal na mahal niya ito. Madalas, naiisip niyang bitin na bitin ang kaligayahan nito sa buhay. Karma ba iyon sa pinili nitong hanapbuhay? Hanapbuhay na siguro hindi naman nito pinasok kung hindi lang kinulang ng pagkakataon.

“Giginhawa tayo, ‘Tay. Hindi lang po ako. Tayo. Pangako ko ‘yan sa inyo. Darating ang araw, wala ka nang gagawin. Relax-relax ka na lang.

Magtatanim ka na lang, ‘yon naman ang gusto mong gawin.” Ito ang nagpalago ng munting hardin sa likod-bahay nila. Madaming tanim doon—sili, kamatis, pandan, tanglad, papaya, malunggay, at iba pa.

Ngiti ang tugon nito, may pagmamalaki at kasiyahan sa mukha, bahagyang namasa ang mga mata.

Pero ang lahat ng pangako niya rito ay hindi pala niya matutupad dahil isang buwan makaraan ang birthday niya ay nabaril ito nang tambangan ang amo nito. Walang pinsalang natamo si Guillermo Salazar. Habang dead on arrival sa ospital ang kanyang ama.

IKAAPAT NA araw ng burol ng ama ni Sylvia. Hindi niya alam kung paano

niya nagawang bumangon kahit hindi niya maalala kung kailan nakatulog. Parang isang mahabang bangungot ang lahat, nagigising siya sa tuwina pero pagpikit ay magpapatuloy lang iyon.

Wala siyang ibang makapa sa puso kundi kahungkagan at malalim na kalungkutang noon lang niya nadama. Ayaw na niyang umalis sa unang bangko, dahil iyon ang pinakamalapit sa kabaong, sa mga bulaklak mula sa napakadami pala nitong kakilala, mga artipisyal na kandila, at larawan nitong kuha may ilang taon na ang nakararaan, nang mag-anak ito sa kasal. Ni wala itong masyadong larawan. Bakit hindi niya ito kinunan ng picture? Ah, dahil hindi ito mahilig. Palaging siya na lang daw ang kukunan

nito. Sa lahat ng bagay, siya na lang daw. Para sa kanya lahat ng ginagawa nito.

Napahagulhol na naman siya. Napapahiya na rin siya sa ina, kay Tatay Igme, at ilang mga tumutulong sa lamay dahil siya pa ang kailangang asikasuhin ng mga ito imbes na ang burol, gayong wala na ngang pakinabang sa kanya dahil ni hindi siya nakakatulong magluto. Nag-aalala sa kanya ang nanay niya dahil hinimatay siya noong unang gabi.

Ang totoo, parang ayaw na rin niyang mabuhay. Para saan pa ang lahat ng pangarap niya kung wala na ang kanyang ama? Bakit hindi patas ang mundo sa tulad nito? Maaaring masama ito sa iba dahil sa trabaho nito, pero napakabuti nito sa kanya, sa

kanyang ina. Namatay itong hindi man lang naranasan ang mabuhay nang maalwan. Hindi ito nakaranas ng kaunting pag-angat sa buhay. Ni hindi nito nagawa ang planong magpatayo ng ilang paupahan.

Ang sabi ni Tatay Igme, dating kasamahan ang nakapatay dito—na natagpuan ding bangkay kinabukasan. Nakahandusay sa kung saang damuhan, may tama ng bala sa dibdib at ulo. Hindi na kailangan pang sabihin na pinaslang iyon, malamang ng tauhan din ni Don Guillermo dahil ang don ang pakay patayin, nadamay lang ang kanyang ama. Ni hindi nga ito bodyguard, nagkataon lang na may ikinakarga daw sa sasakyan nang magsimula ang pamamaril.

“Ate, umuwi ka muna,” sabi ni Jona sa kanya. “Sasamahan kita.”

“Hindi.” Umiling siya. Pitong araw lang ang burol ng tatay niya. Kailangang naroon lang siya. Hindi niya kayang palipasin ang kahit ilang sandali na wala siya sa tabi nito.

“Ang lagkit na ng hair mo, o. Saka hindi ka na halos natutulog.”

Umiyak na naman siya. Paano ba niya ipapaliwanag ditong natatakot siyang iwan ang tatay niya? Walang titingin dito, abala ang nanay niya. Pero dama niya ang matinding pagkahilo. Hindi niya maalala kung kailan siya huling nakaidlip doon sa chapel. May maliit na space para sa mga naulila sa gilid niyon. May maliit na sofa, banyo, at mahabang dining table.

Kompleto ang pagkain, mula kape hanggang biskuwit. Araw-araw ay nagdadala ng pancit, lechon manok, barbecue, at iba pa si Tatay Igme—mula sa mga Salazar. Kapag hapon ay mayroong delivery ng Jollibee o McDo.

Ang kabaong ng tatay niya ay kulay puti. Siya mismo ang pumili niyon. Napakamahal pala, pero nang piliin niya ay hindi niya alam dahil si Madame Estrella, isang tauhan ni Don Guillermo, ang nag-asikaso niyon. Lahat ay sagot ng don—mula ataul, pagkain, chapel, hanggang sa lupa sa pribadong sementeryo. Hindi pa sila nakakapag-usap na mag-ina pero ito na ang pinakausap niya sa tauhan ng mga Salazar nang magdesisyon siya kung kailan ang libing at nang makapili ng

kabaong. Wala na siyang ibang kayang pagdesisyunan kundi iyon.

“Anak.” Lumapit na rin ang nanay niya sa kanya. “Umuwi ka muna, tutal malapit lang naman. Kahit mamayang gabi ka na bumalik. Wala namang tao. ‘Wag kang mag-alala, hindi ako aalis dito. Sige na’t baka bigla kang tumumba at hindi ka natutulog. Magagalit ang tatay mo sa akin na bata ka.”

Noon siya natauhan. Oo nga, hindi magugustuhan ng kanyang ama kung mapapaano siya. Kahit nanghahapdi ang mga mata ay sumama na siya kay Jona at umuwi. Akala niya ay hindi siya makakatulog pero agad na nahimbing at nang magising ay gabi na. Kumain sila ni Jona ng padalang pagkain ng nanay niya.

Pinigil niya ang mga luha kahit parang nanunuot sa ilong ang amoy ng pabango ng kanyang ama. May pagkapustoryoso rin naman ito, bagaman simple lang ang gamit at sinauna dahil masinop ito, hindi bumibili kahit ng pang-ahit dahil bakit daw kung may labaha naman. Maski mumurahing blade, hindi nito binibili, sa halip ay hahasain ang labaha nito. Iyon ang gagamitin nito sa sarili at siya ang pinapaahit nito sa bahaging hindi na nito abot o kita sa salamin, lalo noong huli na lumabo na ang mga mata nito.

Hindi na niya napigil ang mga luha.

“Ate, tahan na.”

Pero lalo siyang napaiyak. “Naaawa ako sa Tatay. Hindi man lang nakaranas

ng peace of mind. Hindi mo pa siguro maiintindihan kasi bata ka pa.”

“Naiintindihan ko, Ate. Saka bata ka pa rin naman.”

“Tama. Masyado pa akong bata para mawalan ng tatay.”

“Kailangan mong kumain, Ate. Ubusin mo na ‘yan. Hindi matatahimik si Tatay Nando kung ganyan ang kalagayan mo. Gusto mo ba ‘yon? Imbes na happy na siya sa heaven, ikaw pa ang inaalala niya.”

Nasa heaven nga kaya ang tatay niya? Masama ang naging trabaho nito pero alam ng Diyos kung gaano ito kabuti. Naniniwala siyang maiintindihan ng Diyos. Tama rin si Jona. Lalong hindi matatahimik ang kanyang ama kung malululong siya sa lungkot. Pero ang

sakit-sakit pa kaya maiintindihan din nito.

Gayonman, tinapos na niya ang pagkain, naligo, nagsepilyo, naghandang bumalik sa chapel. Isang puting bestida ang sinuot niya. Pinagmasdan niya ang sarili sa salamin—nangangalumata siya, humpak agad ang mga pisngi sa ilang araw lang na hindi pagkain. Masyado siyang payat, iyon ang sabi ng kanyang ama noon pa. At ngayong mas lalo pa, naging mas kapansin-pansin ang kanyang dibdib na hindi umaayon kadalasan sa sukat ng ibang bahagi ng kanyang katawan.

“Ate?” Kumatok si Jona.

Tumayo na siya at lumabas ng silid. Nakapaligo na rin si Jona. Lumakad na

silang. Wala siyang kahit na anong dala, mayroon lang isandaan sa bulsa. Agad silang nakasakay sa tricycle, nagpahatid sa chapel. Umuwi ang nanay niya pagkarating niya.

Pumuwesto na rin siya sa unahan. Wala nang tao. Bukas siguro madami dahil huling lamay na, at pagkatapos... Napasubsob siya sa mga palad. Kailan mauubos ang kanyang mga luha?

Napasinghap siya nang maunawaang wala sa lugar ang halimuyak na nanuot sa kanyang ilong—banayad na pabango ng lalaki, masarap sa ilong, presko, sopistikado. Ang unang nahagip ng kanyang mga mata ay sapatos na balat—mamahalin, makintab, wala yata ni isang guhit. Napatingala siya at muling napasinghap.

Hindi kayang humagilap ng salita ng isip niya para ilarawan ang lalaki. Noon lang siya nakakita ng isang tulad nito. Guwapo ito sa salitang guwapo, kahit pa natatakpan ng manipis na balbas at bigote ang mukha nito. Perpekto at malinis ang pagkakaahit niyon. Bagay dito. Ang buhok nito ay perpekto ang pagkakasuklay, may gel siguro para tiyaking hindi makakasagabal sa guwapo nitong mukha. Siguro, may lahi itong puti, bukod sa mestizo ang lahat ng bahagi ng mukha, bagaman hindi masasabing maputi. Suot nito ay pantalong kulay abo, puting polong nakalilis ang manggas hanggang siko, dahilan para makita niya ang makulay na tinta sa isang braso nito, hanggang kamay.

Nablangko ang isip niya, hindi niya maunawaan kung bakit sa gitna ng sitwasyon, ang tanging dumaan sa isip niya ay kung gaano kalinis ang facial hair nito. Nang mapatingin siya sa mga mata nito ay mayroong kung anong kaba siyang nakapa sa dibdib. Bigla siyang nailang kahit hindi niya maipaliwanag kung bakit.

Inilabas nito sa bulsa ang isang puting panyo at inabot sa kanya. Napatingin lang siya doon.

“Nakikiramay ako, Sylvia.”

Napasinghap na naman siya. Hindi niya mapigilan. Buong-buo ang tinig nito. Hindi niya ito kilala. Sino ito at ano ang ginagawa doon? Nanatili ang kamay nitong may hawak na panyo. Marahan niyang inabot iyon, saka

muling tumingala dito.

“Sylvia, si Boss Alejandro,” pakilala ni Tatay Igme na nasa kanan pala niya, sa aisle.

Lalo nang bumilis ang tibok ng kanyang puso. Ito si Alejandro? Ang akala niya ay matanda na ito kahit alam niyang nakababatang kapatid ni Don Guillermo. Mukhang wala pa itong treinta. Ano’ng ginagawa nito doon?

Naupo ito sa tabi niya. Nahiling niyang sana ay hindi nito narinig ang muli niyang pagsinghap. Bigla kasi siyang nalunod sa presensiya ng lalaki. Natigil antimano ang pag-iyak niya, nakiramdam, naghintay sa sasabihin nito.

Nang madama niya ang basa pa ring pisngi ay saka niya ginamit ang

panyong inabot ng bisita. Kasingbango nito iyon.

“Kumusta ang pakiramdam mo?” tanong ng lalaki, buong-buo ang malalim na tinig.

Napasulyap siya rito. Direkta itong nakatingin sa kanya. Hindi niya mabasa ang reaksiyon nito. Nag-aalala ba ito? May genuine concern? O pakitang-tao lang? Sa palagay niya, ito ang tipong hindi mag-aabalang magpakitang-tao. Dama niya ang awtoridad sa tinig nito, sa pagkilos. Ito ang tipong hindi nagpapaalam dahil siyempre, hindi nito kailangang gawin iyon—boss ito. O baka naman tumahi lang ng impresyon ang isip niya base sa mga narinig na reklamo ng kanyang ama at mga kaibigan niyon.

“A-Ayos lang po,” tugon niya dahil ano ang isasagot niya? Na miserable siya at gusto na ring mawala sa mundo?

Tumango ito. Hindi niya masalubong ang mga mata ng lalaki. Noon lang siya nakakita ng ganoong kulay ng mata—pulot. At tulad ng pulot, parang nanunuot yata sa kanya iyon. Hindi niya maintindihan kung bakit kabado siya sa presensiya nito, kung bakit hindi siya makatingin sa mga mata nito.

“Nag-aaral ka pa raw,” patuloy nito.

“O-Opo.”

Tumango ito nang bahagya. “Sabihin mo kay Mrs. Estrella lahat ng kailangan mo. Siya ang bahala sa ‘yo.’”

“S-Sige po, sir.”

Muling gumalaw ang ulo nito, saka

tumayo, naglakad patungo sa kanyang ama. Sumilip ito, inihawak ang isang kamay sa itaas ng kabila—marahil umusal ng maiksing panalangin, o naglaan ng kaunting sandali para sa namayapa—saka pumihit at nagbalik sa kanya.

“Hindi na ako makakabalik bukas at sa isang araw, Sylvia.”

“O-Okay lang po, sir.”

“You take care now.”

Wala siyang nagawa kundi tumango. Umalis na ang lalaki. Inihatid niya ito ng tanaw. Nagsitayuan ang may sampung kalalakihang nakaupo sa likuran ng chapel—mga bodyguard nito base sa porma, maging sa mahahabang baril na dala ng iba. Lumabas na ang mga ito ng pinto. Wala sa loob na

sumunod siya hanggang sa lobby at palabas ng gusali.

Apat na malalaking sasakyan ang nakailaw na at handang lumarga ang naroon. Napalingon sa gawi niya si Alejandro kaya tila naantala ang pagsakay nito. Nagtatanong ang tingin nito, saka lang siya natauhan.

Tumango siya at bahagyang kumaway. May inabot ito sa loob ng sasakyan—isang amerikana—saka naglakad patungo sa kanya. Ipinatong nito iyon sa mga balikat niya. Tulad ng lahat ng reaksiyon niya sa lalaki, hindi niya maunawaan kung bakit biglang nagkaroon ng nginig ang kanyang mga labi, kung bakit tila nalunod siya sa init at bango ng amerikana nito.

“You’re shivering, Sylvia,” sambit

nito. “Have you eaten?”

“O-Opo.”

“Do you need anything from me?”

Nakatingin lang siya sa mukha nito. Hindi niya magawang magsalita. Bakit hindi niya alam kung ano ang itutugon? Siguro sa sobrang pagod ng emosyon, ilang araw na walang sapat na pahinga, dalamhati, lahat ay nagsama-sama na. Blangko na ang utak niya, pero may reaksiyon siya kay Alejandro—kahit hindi niya iyon maipaliwanag at hindi rin matukoy, hindi mapangalanan.

“Gusto mo bang sumama sa ‘kin? Puwede kang magpahinga sa bahay.”

Noon siya natauhan. Umiling siya, humakbang paatras. “Kailangan ako ni Tatay. Wala siyang kasama.”

Matagal siyang pinagmasdan ni

Alejandro. “I’m sorry about what happened.”

“Ate?”

Napapitlag pa siya nang marinig ang tinig ni Jona. Nasa likuran niya ito, sa lobby. Tumingin siyang muli kay Alejandro.

“S-Salamat sa pagdalaw, sir,” sabi niya, saka inalis ang coat para ibalik dito.

Kinuha nito iyon pero ipinatong muli sa balikat niya. “Keep it. You’re cold.”

Pumihit na ito at naglakad patungo sa sasakyan. Nilingson siya nito, tumango, saka sumakay na rin. Kasama ng mga ito si Tatay Igme. Apat na sasakyan ang magkakasunod na umalis. Wala na ang mga iyon ay nananatili pa rin siyang nakatingin sa

labas. Wala sa loob na itinaas niya ang manggas ng amerikana sa ilong. Napakalinis at bango.

“Ate?” pukaw ni Jona.

Pumihit na siya. “Matulog ka na rin, Jona—”

“Ang pogi no’n, Ate! Grabe!” tila kinikilig na sambit ni Kembot.

Bigla tuloy siyang natawa. “Ang bata-bata mo pa, ha, Jona?”

“Bata pa ba ang katorse, ‘Te? Puwede na nga akong mabuntis. Kaso lang, hindi pa ako nireregla.”

Napahalakhak na tuloy siya. Maliit na teenager kasi si Jona. Hindi ito mukhang fourteen, mas mukhang eleven. Kaya tuloy kapag puro katalandian ang sinasabi, talagang nakakatawa dahil alangan dito.

Bumalik na sila sa chapel. Pinahinaan niya kay Jona ang aircon dahil ang lamig-lamig ng balat niya. Inalis niya ang pagkakapatong ng coat sa balikat para maisuot nang tama. Nabasa niya ang label—Brioni. Hindi niya kilala. Isinuot na niya iyon. Ang sarap sa katawan, malambot ang tela.

Nakatulog siyang suot iyon. Kinabukasan ay umuwi rin siya sa bahay, bumalik sa chapel ng hapon. At sa gabi, dumating ang isang bisitang hindi niya inaasahan—ang anak ni Guillermo Salazar, si Connor.

Lilipas ang mga buwan at aaminin nito sa kanyang minahal siya nito sa gabing iyon, sa unang pagtatagpo pa lang ng kanilang mga mata. Love at first sight, sabi nito. At maniniwala siya

nang buong-puso dahil ito ang dahilan kung bakit hindi tuluyang nagdilim ang mundo niya sa pagkawala ng kanyang ama.

CHAPTER 4

Hinagkan ni Sylvia ang pisngi ng boyfriend, may masuyong ngiti.

Ngiti rin ang naging tugon nito, saka siya hinagkan sa labi, matapos ay sinabi, “Parang ayoko nang tumuloy.”

Tumawa siya, kahit nalungkot nang sobra. Sana ay hindi nito nahalata dahil ayaw niyang maging dahilan para hindi matuloy ang plano nito. Plano ni Alejandro, actually. Parang isang hari ang tiyuhin ni Connor sa emperyong itinatag ng ama nito at ni Salvador

Beltran.

Hindi palakuwento sa kanya si Connor pagdating sa negosyo ng pamilya. Sa tuwing magtatanong siya rito, direkta nitong sinasabing ayaw nitong pag-usapan. Gayonman, sa mga panaka-naka nitong kuwento ay nabuo niya rin ang istorya.

Magkasama sa trabaho noong araw sina Guillermo at Salvador, mga pulis-Maynila, nagsimula sa ibaba. Nagtatag ng emperyo ang mga ito na sa huli ay nahati sa dalawa. Ang bahaging si Don Guillermo ang namamahala ay nagbago ng direksiyon, hanggang sa maging kung ano na iyon ngayon—isang malaking negosyong naka-focus sa logistics and trucking, hospitality, at iba pa. Hindi man direktang sinabi ni

Connor, alam ni Sylvia na hindi malinis ang ibang negosyo ng pamilya. Iyon ang dahilan kung bakit mayroon pa ring mga bodyguard ang lalaki, bagaman hindi kasingdami ng kay Alejandro nang magtungo sa lamay ng kanyang ama.

Ang gusto raw ng ama nito at ni Alejandro ay magtungo ito sa Amerika para magpatuloy ng pag-aaral. Gusto nitong mag-art school pero ayaw ni Alejandro. Wala daw pera doon, isa pa ay mas magagamit nito sa negosyo ang isang business course at kalaunan ay MBA.

Twenty-three na si Connor pero wala pa ring natatapos na kurso dahil ayaw ni Alejandro ng gusto nito. Hindi maintindihan ni Sylvia kung bakit ang

taong iyon ang kailangang magdesisyon sa buhay ng magkakapatid na anak ni Don Guillermo, kahit kung tutuusin ay sampid lang naman ito.

Iyon mismo ang madalas na hinaing ni Connor, bagaman ibang salita ang ginamit. “Kuya Castor didn’t want to study Law, but he’ll be a lawyer whether he likes it or not, thanks to Alejandro. Kuya Carlito doesn’t want to study business, but since that’s what Alejandro wants, he has no say. I don’t understand why we all have to do what he says. He wouldn’t even be part of the family if my father hadn’t been kind enough to help him out, even though he didn’t need to. Sometimes I wish he hadn’t recognized him as a brother. Sino ba si Alejandro noon? Anak sa labas ni Lolo. Wala

namang mahahabol ang mga ‘yon dahil hindi naman mayaman si Lolo. Ngayon, siya na ang pinagkakatiwalaan ni Papa sa lahat. Siya na halos ang boss. I really hate his guts.”

Iyon ang makailang ulit nitong naging hinaing, iba-iba man ang bersiyon ay iisa ang ibig sabihin—umaaktong hari si Alejandro at damay ang boyfriend niya. Unti-unti, namumuo ang galit niya sa lalaki. Wala itong karapatang manghimasok. Pero wala rin siyang karapatang sulsulan si Connor, lalo na kung sa isang banda, maganda rin sigurong may matapos itong fallback course. Puwede naman itong kumuha ng art course pagkatapos niyon. Pagbibigyan na lang muna nito ang tiyuhin, at kapag may maganda na

itong posisyon sa kompanya, o may sarili nang negosyo, puwede na nitong ipagpatuloy ang unang plano.

“I’m gonna miss you terribly,” dagdag hinaing nito.

“May Internet naman,” pag-alo niya. Mami-miss niya ang lalaki. Hindi nga sapat sa kanya na hindi sila madalas magkita dahil sa Maynila ito nakabase mula pa noon at bihirang umuwi sa Sto. Ignacio. Pero hindi siya nagmamadali. Madami pa siyang pangarap sa buhay, makakapaghintay ang love life. Isa pa, bata pa siya. Twenty. Mahigit isang taon na sila ni Connor. Matagal din siya nitong niligawan, siguro dahil na rin sa distansiya nila.

Halos hindi nga siya makapaniwala nang manligaw ito. Naging maingat

siya dahil inisip niyang baka ginagamit lang siya, o nakakatuwaan lang dahil probinsiyana kumpara sa mga babaeng malamang nakakasalamuha nito. Lasalista ba naman at napakaguwapo. Pero pinatunayan ng lalaki na totoo ang intensiyon nito.

“Sumama ka kaya sa ‘kin?” anito.

“Sira,” aniya kahit parang ang sarap isiping makakarating siya sa Amerika. Pero alam niyang hindi madali. Wala siyang papeles, wala rin siyang gagawin doon. Alangan namang ipakargo niya rito ang pag-aaral niya? Heto nga at hirap na hirap siya, kahit may abot sa kanya si Connor paminsan-minsan. Tinanggihan niya noong una, pero noong huli ay tinanggap na niya dahil gipit talaga.

Bumuntong-hininga ito. “Wag kang magpapaligaw sa iba, ha?”

“Parang sira ‘to,” ingos niya. “Ikaw ang ‘wag maghanap ng iba.”

“Never.” Itinaas nito ang kanyang mukha para dampian siya ng halik sa labi. “I’m gonna miss you so much, baby.”

“I’m gonna miss you, too. So much.”

Nanatiling magkahawak ang kanilang mga kamay sa maliit na sala ng bahay niya. Ang mga bodyguard nito ay nasa labas. Para silang Romeo and Juliet at siguro, sa isang banda ay parang ganoon na rin dahil alam niyang hindi siya gusto ni Alejandro para kay Connor.

“Can I tell you something? I think he’s scared I’d marry you.”

Nabigla siya, kahit noon pa alam na hindi siya gusto ni Alejandro para kay Connor. Ang komento raw ng lalaki ay maghanap ito ng iba, huwag siya. Nakakainsulto pero sa isang banda ay naiintindihan niya. Sino nga ba siya kumpara sa mga ito? Gayonman, kung wala naman daw komento si Don Guillermo, ano ang karapatan ni Alejandro na makialam?

Sa totoo lang, nabura na ang maganda sana niyang impresyon dito nang una niyang makita. Kahit paano, may dating sa kanya na dumalaw ito sa lamay ng isang tauhan. Malaki rin ang binigay ng mga Salazar sa kanya at malamang na si Alejandro ang nagdesisyon niyon—bukod sa sinagot ng mga ito ang lahat ng gastos sa

punerarya at sementeryo, binigyan din siya ng dalawandaang libong piso. Plano niya ay magtitira lang ng singkuwenta mil at ang labis ay ipampapatayo ng simpleng istrakturang hahatiin sa tatlong paupahan, tulad ng gusto ng kanyang ama. Pero nabuos na ang pera, hindi pa rin tapos ang istraktura. Tuloy, hindi siya nakapag-enrol. Napilitan siyang pumasok sa isang pabrika.

Kaunti lang ang natitira sa sahod niya at nakatiwangwang ang paupahan sana. Malaki-laki pa ang kailangan niya para maparentahan iyon. Sirang-sira ang plano niya sa paiba-iba at palaki nang palaking estimate ng gawa. Kulang pa ng dalawang banyo, kaya malaki-laki pang gastos. Wala pa ring

finishing. Aabutin pa raw ng dalawandaang libo kung palalagyan niya ng tiles. Naloko na.

Inuna niya ang pagtatrabaho dahil wala siyang gagastusin para makapasok sa school. Isang taon siyang nag-ipon, saka muling nag-enrol; dahil parang mas madaling magbayad ng tuition sa public college kaysa mag-ipon ng daang libo pangtapos ng paupahan.

Sa gitna ng lahat ng iyon, nariyan si Connor. Naging inspirasyon niya ito. At noong huli itong nagbigay sa kanya, nagamit niya para maka-enrol uli kahit balak sanang tumigil sa pag-aaral dahil naubusan ng pantustos. Pero heto, aalis ang lalaki. Matatagalan bago ito umuwi. Sakali man, saglit din lang ito dahil maiksi lang naman ang sem

break. Ilang taong magiging ganoon ang kanilang sistema. Baka makahanap ito ng iba, bukod pa sa iyon din naman ang gusto ni Alejandro, ang pakialamerong iyon.

“B-Bakit naman niya maiisip ‘yon?” tanong niya.

“Dahil sinabi ko sa kanya na ikaw ang pakakasalan ko.”

Napasinghap siya. May kung anong humaplos sa kanyang puso. Isang pangarap iyon, hindi nito alam. Bigla tuloy niya itong nayakap. “Totoo ba ‘yan?”

“Of course. But we’d have to wait.”

Tumango siya. “Hindi naman ako nagmamadali. Bata pa tayo.”

Hinagkan siya nitong muli. “Promise that you’d wait for me.”

“Promise.”

Tumango ito, may kinuhang envelope sa loob ng jacket. Inipit nito sa kamay niya iyon. “Keep this. For you.”

Saglit siyang nag-alangan pero sa huli ay tumango. “Thank you.”

Tumayo ito, muli siyang hinagkan, saka umalis na. Nanatili siyang nakatayo sa pintuan hanggang sa hindi na matanaw ang dalawang SUV—isang sinasakyan nito kasama ang mga armadong bodyguard at isang escort.

Naisip niya, ano na lang ba ang ilang taon? Makapaghihintay siya. At sana, sa panahong iyon, kahit paano ay kaya na nilang tumayo sa sarili nilang mga paa para hindi na hawak ni Alejandro ang buhay nila.

“TAY IGME, kumusta po?” Napangiti agad si Sylvia nang mapagbuksan ang matanda. Kauuwi lang din niya galing eskuwela, naghahanda na rin para sa trabaho. Working student pa rin siya. Kailangan dahil wala siyang aasahan kundi ang sarili.

Hindi siya nakapag-full load nitong semester. Hindi kaya dahil sa schedule. Nahiihiya naman siyang manghiram kay Connor, kahit nabanggit nitong sabihin lang niya kung kailangan niya. Ang totoo, kailangang-kailangan niya. Ang beinte mil nitong binigay bago ito tumulak pa-Amerika ay malaking tulong, pero hindi sapat. Full load siya nang first sem, pasang-awa lang dahil madalas na absent dahil sa schedule ng trabaho sa Aling Lucing's, kilalang

kainan sa kanilang bayan. Nagsarado na ang pabrikang pinapasukan niya noon, suwerteng natanggap siya sa Aling Lucing's.

“Mabuti naman. Ikaw, ineng, kumusta?”

“Aayos naman din po. Napadaan kayo? Pasok po.”

Tumuloy ang matanda, naupo sa sofa. Tulad ng kanyang ama ang porma nito—polong naka-tuck in sa pantalong maong, jacket kahit mainit ang panahon—para ikubli ang baril sa tagiliran. Old school bodyguard.

“O, kelan ka pa namasukan sa Aling Lucing's?” tanong nito. Suot niya ang T-shirt na may tatak ng kainan sa harapan.

“May anim na buwan na rin po,

‘Tay.” Ngumiti siya. Ayaw niyang nag-aalala ito sa kanya.

Pero mukhang iyon na rin ang nangyari. Bumuntong-hininga ito nang pagkalalim-lalim. “Kung nabubuhay ang tatay mo, hindi ‘yon papayag. Si Boss Connor ba, hindi ka inaabutan?”

“Naku, hindi naman po siya para mag-abot sa akin. Hindi ko naman siya asawa.”

“Nagkakausap pa ba kayo?”

“Hindi na po madalas kasi busy siya sa school. Hindi rin po kami magkatugma ng oras. Pero nagkakausap naman po kami.”

“Anong oras ba ang pasok mo?”

“Alas-singko po.”

“Alas-dose nagsasara ang Aling Lucing’s. Sino naghahatid sa ‘yo sa

gabi?”

“Beinte-kuwatro oras naman po ang tricycle. Madami din pong pauwi dito, mga tagapabrika. Mabilis naman pong mapuno ang tricycle. Kayo po, kumusta naman?”

“Ajos naman. Napadaan lang ako gawa ng pinapasundo ka ni Boss.”

Bigla siyang natigilan. “Boss? Si Don Guillermo po?”

“Si Boss Alejandro.”

Bigla ang pagdagundong ng dibdib niya, napalunok. “B-Bakit daw po?”

“Hindi ko alam.” Naging mailap ang mga mata nito, saka tumayo. “Maghanda ka’t tayo na.”

“Pero may pasok po ako.”

“Magpa-late ka na lang at mahirap namang tanggihan si Boss.”

Sukat biglang sumulak ang galit niya. “Sino po ba ‘yang Alejandro na ‘yan na kapag nagsalita, lahat ng tao dapat sumunod sa kanya?”

Hindi nakaimik si Tatay Igme, mukhang nabigla.

“Sa Sabado ng umaga po ako dadaan do’n, ‘Tay. ‘Yan lang po ang day off ko.”

“Nakakahiya namang tumanggi sa kanya, anak,” tila nakikiusap na sabi nito.

Ang totoo ay bahagya siyang kinabahan, pero naisip ang trabaho. Ayaw na ayaw ni Ate Gina nang nale-late. Iyon ang boss niya, anak ni Aling Lucing. Malaking bagay na nga na alas-singko ang simula niya kahit dapat ay alas-tres, tulad ng ibang naka-schedule pang-closing.

“Mawawalan po ako ng trabaho, Tatay. Siguro nga hindi malaking bagay sa amo ninyo pero para sa aking kapit sa patalim, kabuhayan ko po ang nakasalalay. Hindi naman puwedeng magpa-late kung ako ang nakatoka sa kusina. Magagalit po ang amo ko.” Totoo iyon pero siguro, puwede siyang makiusap kay Ate Gina. Wala siyang balak gawin kung para kay Alejandro lang. Masyado naman yata itong sinusuwerte. Hindi ito hari para isang sabi lang, kakaripas na siya ng takbo at nanginginig pa.

“Naku, malaking tao si Boss, anak,” giit ng matanda.

Gusto na niyang sumama rito, tawagan si Ate Gina, lalo na at naalala niyang nakiramay ang lalaki nang

pumanaw ang kanyang ama at malaki ang naitulong nito, pero naalala rin niyang ayaw nito sa kanya at sinabihan pa si Connor na humanap ng iba. Higit sa lahat, dalawandaang libo at gastos sa libing, kapalit ng buhay ng kanyang ama na literal na ginamit na kalasag ang katawan para hindi mabaril si Don Guillermo, bakit siya ang may utang-na-loob?

Hindi siya magmamadaling puntahan si Alejandro. Manigas ito. Matapobre.

Nabuhay ang init ng galit sa puso niya. “Paano po ang trabaho ko, ‘Tay? Hindi na po. Pasensiya na. Sa Linggo po, hihintayin ko siya dito kung gusto niya akong makausap.”

Halatang nabigla ang matanda. Ilang

saglit bago ito nakatugon. “Anak, mainit yata ang ulo mo. Sige, sasabihin kong sa Linggo mo na lang siya pupuntahan.”

“Hindi po, ‘Tay. Siya po ang may kailangan, siya ang humarap sa akin.”

Sinalubong niya ang mga mata ng matanda. Matapang siya, kahit nangangatal ang kamay. Gusto niyang bawiin ang sinabi pero tumango ang matanda.

“Sige, anak. Mauuna na ako.” Naglapag ito ng ilang lilibuhin sa mesa. “Idagdag mo sa tuition mo o kung anumang bayarin.”

“Hindi na po—”

“Sige na, Sylvia. Pasensiya ka na kung ngayon lang ako nakatulong nang kaunti. Alam mo namang madami ding

gastusin.”

“Salamat po, ‘Tay. Hindi po n’yo kailangang gawin.”

Hindi ito umimik, sa halip ay bahagyang tinapik ang balikat niya, saka umalis na. Isinara niya ang pinto, sabay upo sa sofa. Napahawak siya sa tapat ng dibdib. Ang lakas ng tibok ng puso niya.

Nang makalma ay tumayo siya at naghanda nang umalis. Hanggang naglalakad siya patungo sa sakayan ay kinakabahan siya. Shit. Bakit ako natatakot sa lalaking ‘yon? Alangan namang patayin niya ako dahil lang hindi ako agad-agad nagpunta sa kanya?

Gayonman, umandar ang mga oras na hindi niya maiwasang maisip na baka nga. Masamang tao si Alejandro at

kayang-kaya nitong gawin iyon. Dahil lang trip nito.

“Huy, Sylvia, masusunog na ‘yang tocino!” agap sa kanya ni Mildred, katulong niya sa gawaing kusina.

Mabilis niyang hinango ang karne. Mabuti at hindi nangitim, ubra pa. Minadali na niya ang paglalagay sa plato ng fried rice na nasa isang malaking rice cooker, pinadulas sa stainless table ang order, saka dalawang ulit na idiniin ang palad sa call bell. Napabuntong-hininga siya, saka hinigit ang ibang order slips.

“Ayos ka lang?” tanong ni Mildred.

Tumango siya kahit hindi siya makapag-concentrate. Hati ang atensiyon niya sa gawain at isipin hanggang sa wakas, kumonti na ang

customer. Inagahan na nila ang ligpitan para maagang makauwi.

Sabay na sila ni Mildred na nagtungo sa pila ng tricycle. Saktong dalawa na lang, lalakad na ang nasa unahan ng pila. Sumakay na sila. Una siyang bumaba, kumaway dito, at naglakad na patungo sa bahay. Safe naman sa kalye nila.

Pero parang hindi safe sa mismong bahay niya. Dahil may apat na SUV na nakaparada sa tapat niyon, napansin lang niya nang malapit na siya. Balak sana niyang pumihit pero kumurap ang headlights ng isa sa mga iyon, ibig sabihin ay nakita na siya ng sakay. Kahit paano, napanatag siya nang bumaba sa sasakyan si Tatay Igme.

“T-Tay?” sambit niya.

“Gusto kang makausap ni Boss, Sylvia.”

Noon bumukas ang pintuan ng itim na SUV na nasa likod ng sinasakyan ni Tatay Igme. Bumaba si Alejandro. Kahit ilaw sa malayong poste at bombilya sa pintuan ng bahay niya lang ang tanglaw sa lalim ng gabi, makikilala niya ang tindig nito.

Sinabihan niya ang sariling huwag matakot, kahit dama niya ang panlalamig.

CHAPTER 5

Inudyukan ni Sylvia ang sariling maglakad, pero kahit anong dikta ng isip niyang huwag ipakita ang takot kay Alejandro, hindi niya magawang pabilisin ang mga hakbang patungo rito.

Ni hindi niya magawang tumingin sa lalaki.

Nang isang dipa na lang ang layo niya rito, wala siyang ibang pagpipiliang gawin kundi ang tumingin sa mukha nito. At lalo nang lumakas ang kabog ng

kanyang dibdib. Lalo na itong gumuwapo. Sa pagkakaalam niya ay nasa thirties ito, siguro mid or late thirties, pero tulad ng noon, mukhang higit na mas bata sa tunay na edad. Tulad noon, malinis pa rin ang facial hair nito. Well-groomed. Ang suot nito ay pang-opisina bagaman wala nang suot na amerikana. Sa pagkakaalam niya ay madalas ito sa opisina, pero nasa Maynila ang main office ng mga ito. Ewan, bakit niya iniisip ang ganoong bagay ngayon?

“Good evening,” bati nito, bahagyang tumango.

“G-Good evening po, sir,” bati niya, naiinis sa sarili na nautal. Bakit din siya nagse-sir dito, hindi niya naman ito amo? Dapat bang igalang ang lalaking

ito na maliit ang tingin sa kanya? Na matapobre? Pero hindi siya tanga para tawagin itong Alejandro lang. Kahit paano, gumagana pa ang isip niya. Baka hindi na siya makatulog kung ganoon. Iyon nga lang hindi niya pagpunta dito kanina ay pinagsisihan na niya at bumagabag sa kanya.

“Let’s talk inside, Sylvia.”

Tumango na lang siya kahit nainis, dahil bakit wala ni katiting na pakiusap ang tinig nito? Gayonman ay nagmadali na siyang naglakad papasok sa tarangkahang gawa sa kawayan.

Nang makarating sa pinto ay kumalansing ang susing hawak niya. Sana hindi napansin ng lalaki na bahagya siyang nanginginig—pinaghalong takot at pasma na rin

siguro. Ganoon na lang ang pagsinghap niya nang abutin nito sa kanya ang susi. Kusa niya iyong nabitiwan. Ito na ang nagbukas ng pinto.

Bahagyang tango lang ang nagawa niya. Binuksan niya ang ilaw sa sala, tumuloy na.

“Gusto n’yo ng kape?” tanong niya nang mailapag ang bag sa upuan, hindi makatingin sa lalaki.

“No. But drink some water, Sylvia.”

Tumango na lang siya, tumuloy sa kusina. Agad siyang nagtungo sa likod ng dibisyon para hindi nito matanaw. Saka lang tumimo sa isip niya ang ibig nitong sabihin—mukhang kailangan niya ng tubig! Napakahirap pala na nagagalit siya sa loob pero hindi iyon mailabas. At lalo iyong nakapagdudulot

ng ngitngit sa kanya dahil bakit para itong hari?

Pero kumuha siya ng tubig sa asul na water container at uminom. Hindi nakabukas ang ref niya para tipid sa koryente. Ang konting matitipid sa Meralco, pandagdag na rin sa gastusin sa school. At hindi siya malalagay sa ganoong posisyon kung hindi namatay ang tatay niya. Aksidente ang lahat, pero hindi ba dapat na si Alejandro ang may utang-na-loob sa kanya?

Huminga siya nang malalim, saka wala sa loob na nahagod ang buhok na naka-ponytail. Pinigilan niya ang sariling amuyin ang loob ng T-shirt dahil alam niyang amoy-kusina siya. Kahit magpalit siya ng damit, hangga't hindi siya naliligo, amoy silog at pares

siya. Eh, ano bang pakialam nito? At least walang bahid ng dugo ang mga kamay niya.

Bumalik na siya sa sala. Nanatili siyang nakatayo, habang ang lalaki ay parang kinanya na ang bahay niya sa pagkakaupo. O baka sadya lang itong malaking tao na mahihirapang pumuwesto nang parang hindi okupado ang buong sofa. Matangkad ito kaya tila napakababa ng ambassador chair niya. Humanap ito ng magandang puwesto para hindi alanganin—bahagyang nakabuka ang mga binti, umaabot na sa kalahati ng maliit na sala dahil kung hindi, masyadong tataas ang tuhod nito. Pero nayayabangan siya dito kaya mainit ang ulo niya sa lalaki. Bigla kasing paulit-ulit sa isip niya na ayaw

nito sa kanya para kay Connor.

Pero anong klaseng galit iyong hindi makasalubong sa tingin dito? Ah, iyong klase ng galit na nilulunok na lang dahil mahirap na. Iyong klaseng may kalakip na kung anong pagka-intimidate sa kausap. Hindi lang dahil sa alam niyang kaya siya nitong ipatumba anumang oras kundi dahil nakakalunod ang kaguwapuhan nito at presensiya. Mukha itong modelo. Alam din niyang napakatalino nito. O siguro, mas tamang sabihing tuso—napakatuso, may lakip ng malisya.

“Napadaan ka, sir?” aniya, salamat at hindi na nautal.

Bahagya nitong minuwestra ang isang upuan. Pumuwesto siya roon, sa kaliwa ng kahoy na sofa. Naipagsalikop

niya ang mga kamay na nakapatong sa kandungan. Sumulyap siya sa lalaki. Napalunok siya. Malayo ang hitsura nito kay Connor na may wholesome appeal. Kung ang boyfriend niya ay mukhang mabait, si Alejandro ay mukhang malupit. Para bang kikidlat kapag ngumiti ito.

Hindi niya naiwasang mapatingin sa kamay ng lalaki. Alam niyang buong braso nito ang may tinta, pero hindi niya alam kung ano eksakto ang drawing doon. Nakita niya noon at natatanaw niya ngayon kahit hindi manipis ang tela ng polo nito. Gayonman, nakalantad ang mga tato sa unang dugtungan ng mga daliri nito. Mahusay ang gumuhit ng tato, halatang propesyonal. Sa hintuturo ay isang

patalim; sa hinlalato ay isang chess piece—ang hari; sa palasinsingan ay matinik na baging na animo kadena, at sa hinliliit ay isang bungo. Sa itaas ng mga iyon nagsimula ang obra ng isang dekalidad na tattoo artist, pataas sa bahaging natatakpan na ng long sleeves nito.

“How have you been?” tanong nito.

“Okay naman,” simpleng tugon niya.

“Great. I see you work nights.”

Tumango siya, muntik nang sabihing nag-aaral sana siya at hindi nagtatrabaho sa gabi kung hindi pumanaw ang kanyang ama. Pero para saan?

“Connor isn’t helping you out,” pahayag nito, hindi na nag-abalang itanong muna sa kanya. Hindi niya

nagustuhan ang komentong iyon. Parang hinuhusgahan nito ang boyfriend niya.

“Ako ang tumatanggi dahil hindi naman kami mag-asawa,” agad niyang depensa.

Mukhang tama ang dati pa niyang nahihimigan sa tono ni Connor—na may inggit si Alejandro dito dahil kahit ano ang gawin ng lalaki, kapatid lang ito ni Don Guillermo, at si Connor ang bunsong anak. Hindi rin utuuto ang boyfriend niya, hindi isang utusan, hindi sunud-sunuran, kundi may pagkarebelde. Hindi ito tulad ng mga kapatid na kayang-kayang hulmahin ni Alejandro at iposisyon sa kung ano ang gusto.

“You should’ve taken the money.”

Biglang nanigas ang likod niya sa pagkadirekta nito. Isa na namang insulto. Dapat tinanggap na lang niya ang pera dahil kitang-kita sa bahay niya ang kahirapan. O baka sinasabing tanga siya na hindi kinuha ang libre.

“May kailangan ka?” aniya, nakataas ang mukha. Wala siyang balak bigyan ng timbang ang ideya nito. Para kasing mali pa siya na hindi tinanggap ang pera kahit na bukod sa dignidad, gusto rin niyang patunayan na hindi siya mukhang pera o gold-digger. Mali pa pala siya para sa lalaking ito.

Ewan, sagad na ang pisi niya kay Alejandro kaya talagang nag-iinit ang ulo niya.

“I want you to stay away from Connor,” direktang sabi nito, walang

kurap, walang kahit anong indikasyong nagbibiro ito.

Ang sabihing nagulat siya ay kulang. Sa loob ng ilang sandali ay naisip niyang baka mali siya ng dinig, kaya halos bulong niyang sambit, “Ha?”

“Layuan mo si Connor,” ulit nito, mukhang ginawa pang Tagalog para mas malinaw sa kanya.

Napakadaming salitang gustong lumabas sa kanyang bibig—pakiusap na sana bigyan siya nito ng pagkakataong patunayan na karapat-dapat siya; gusto rin niyang malaman kung ano ang kasalanan niya o saan siya nagkulang para hindi siya nito matanggap; nais niya itong isumpa sa kasamaan ng ugali nito; pero higit sa lahat, gusto niyang itanong kung saan ito kumukuha ng

lakas ng loob na pinuntahan siya sa bahay niya para lang utusan ukol sa isang bagay na hindi nito saklaw. Anong kapal ng mukha nito para hindi irespeto ang kagustuhan niyang huwag itong puntahan agad-agad at ito pa ang nagtungo sa bahay niya. At kung siya pala ay nagkandakumahog kaninang sumama nang ipasundo siya nito kay Tatay Igme ay ano? Siya pa ang pinadayo nito para lang ipahiya?

“Naiintindihan mo ba, Sylvia?” patuloy nito, nakatitig sa kanya.

Naninigas ang pangang sabi niya, “Bakit?”

“You don’t belong in his world.”

“Ibig mong sabihin, sa mundo mo. Para sa ‘yo, mahirap lang ako, hindi ako bagay sa mundo n’yo.”

“Regardless of your financial situation, you don’t belong there. I would really appreciate it if you stay out.” Umurong ito ng upo para kunin sa likod na bulsa ang isang nakatuping papel. Binuklat nito iyon at inabot sa kanya.

Kinuha niya iyon at binasa. Tseka. Sulat kamay nito, malinaw iyon dahil ang account name sa itaas ay pangalan nito kaya natural na ito ang signatory. Masyadong maganda ang sulat-kamay ng lalaki, elegante, kaya hindi mahirap basahin ang halagang nakasulat—tatlong milyong piso.

Agad siyang napatingin sa mukha nito. “Para layuan ko siya? Ano ‘to, telenobela?”

“That’s for you. I figured you’d need it

when he leaves you.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?” Tumaas ang tinig niya.

Hindi nito sinagot ang tanong niya, bagkus ay tumayo. “I trust we have an agreement.”

Napatayo na rin siya. “No. Hindi. Anong agreement ang sinasabi mo diyan kung hindi mo man lang ako kinausap nang tama at heto, inaabutan mo ako ng tatlong milyon na para bang pantapal sa bibig ko?”

Bahagyang kumunot ang noo nito. “Looks like three million isn’t enough to silence that little mouth of yours.”

Bigla siyang napasinghap. Dikta ng isip niya na manahimik na siya pero aping-api ang pakiramdam niya sa mga sandaling iyon.

“Hindi ko kailangan ang pera mo. Sir.” Maaskad at mariin ang tinig niya. “Sa tingin mo ba, kung pera ang kailangan ko, hindi ko pa nakuha kay Connor? Hindi pa ba ‘yon sapat sa ‘yo para mapatunayan na hindi ako mukhang pera?”

“I never said you were. I just thought it might be...” Tumingin ito sa paligid. “A way to help you out.”

“Mukhang diyan naman kayo magaling—wasakin ang buhay ng iba, ‘tapos mag-aalok ng pera na para bang quits na.” Lumabas ang bitterness niya. Ilang taon na rin niyang hawak-hawak iyon sa sistema, mga isiping noong una ay dinidipensahan pa niya—na tinulungan siya ng mga ito, na aksidente ang nangyari sa kanyang

ama, na sinagot ng mga ito ang libing, na binigyan ng mga ito ng pagkakataon ang isang grade six ang natapos. Pero nitong huli, namumulat siya sa katotohanan na higit ang kinuha ng mga ito kaysa sa binigay. Ang mga ito ang may utang-na-loob sa kanyang ama at siya bilang nag-iisa nitong anak ay hindi dapat naghihirap nang ganito sa buhay. Nasaan ang hustisya na buhay si Don Guillermo pero wala na ang kanyang ama?

“Take the money. You need it.”

Patalikod na ito nang matigil dahil pinunit niya ang tseke. “Hindi ko hihiwalayan si Connor. Pasensiya ka na, sir.”

“You should’ve taken the money. I can write you another one—”

“Bakit ko naman tatanggapin kung mas madami akong makukuha sa pamangkin mo?” aniya dahil iyon lang ang paraan para kabahan ito.

Hindi nabago ang reaksiyon nito. “He’s marrying someone else.”

“A-Anong marrying someone else?” Biglang parang bumagsak ang kanyang puso.

“You heard me.”

“Hindi ‘yan totoo. S-Sasabihin sa ‘kin ni Connor kung ganyan ang sitwasyon. Siguro pinaplano mo pa lang. Hindi siya susunod sa ‘yo. Ako ang mahal niya.”

“If you decide to take the money, come to me.” Tuluyan na itong tumalikod pero may tanong pa siya.

“Bakit ako? Kung gusto ni Connor na

pakasalan ang babaeng ‘yon, kung sinoman ‘yon, bakit ako ang kinakausap mo? Bakit hindi si Connor? Siya ang pamangkin mo. Sino ba ako sa ‘yo?’”

“Because I don’t want you chasing after him once he marries someone else, desperate enough to settle for being his mistress.”

Bago pa siya nakatugon ay tuluyan na itong umalis. Literal na nakaawang ang mga labi niya habang nakatingin sa pintong nilabasan nito. Ikinuyom niya ang mga kamay na nangatal sa galit. Napakasamang tao ni Alejandro. Ganoon kababa ang tingin nito sa kanya na hahabulin niya ang isang may asawa at papayag maging kabit?! Para agapan iyon ay inalok siya ng tatlong milyon, na

para bang anong galing niyang makakagawa ng problema sa buhay-may-asawa ng iba.

Nang matauhan ay mabilis niyang tinungo ang pinto. Huling sasakyan ng convoy ng hari ang kanyang natanawang umalis. Nagmamadali niyang hinagilap ang phone sa bag. Nanginginig ang kamay niya nang tawagan si Connor.

“Hey,” tugon nito makaraan ang ilang ring.

“C-Connor...” sambit niya, sabay lunok. Naupo siya, nanginginig ang kanyang mga tuhod. “Galing dito si Alejandro. I-Ikakasal ka daw? Ano ba’ng sinasabi niya?”

“Son of a bitch,” mura nito, bakas ang pigil na galit sa tono. “What else did

he say?”

“Yon nga, ikakasal ka raw. Hindi naman ako naniniwala.”

“I’m coming over,” anito saka nawala sa linya.

Nagpauli-uli siya sa sala, hindi mapakali. Hanggang sa marinig na niya ang ugong ng mga sasakyan. Agad niyang binuksan ang pinto. Mabilis ang hakbang ni Connor patungo sa kanya. Ito ang nagsara ng pinto.

Parang nahuhulaan na niya kung ano ang sitwasyon nila sa lungkot na nakasulat sa mukha ng lalaki.

“I’m very sorry, Sylvia,” panimula nito.

“Sabihin mo sa aking nagsisinungaling lang si Alejandro. Please, Connor.”

Yumuko ito. Matagal. Parang tumigil ang pag-inog ng mundo. Mayamaya ay tumingin ito sa kanya. Hindi pa rin nawawala ang lungkot sa mga mata nito.

“I’m afraid it’s true. I need to marry her.”

“Pero sino? Bakit?” Nagpa-panic na siya, hindi alam kung paano ipapaliwanag ang lahat ng iyon. May naalala siya. “Kelan ka pa nakabalik?!”

“Just last week. I’ve been occupied. O siguro natatakot akong kausapin ka dahil alam kong may kasalanan ako sa ‘yo. I said yes to what he wants. I’m marrying his girl.”

“Ha?” tanging sambit niya dahil hindi niya maunawaan ang lahat ng sinasabi nito.

“I’m marrying Alejandro’s girl—Valeria. He’s marrying someone else.” Humakbang ito palapit sa kanya, saka halos pabulong na sinabi, “Alam kong kahit hindi ko sinabi sa ‘yo, naiintindihan mong madaming negosyo ang pamilya na... hindi masasabing legal. Naipit si Papa. Kailangan naming isara ang deal kay General Policarpio. He wants Alejandro to marry his only daughter, Armida. And I have to marry Valeria.”

“Pero... pero bakit ikaw? Puwede namang hindi ka magpakasal?”

“He wouldn’t allow it. She’s pregnant. And the only way he’d marry Armida is if I marry Valeria, give his son our surname. Mahirap intindihin, alam ko, Sylvia, pero ito ang mundo ko. Ito

ang mundo namin. I guess I'm still lucky I experienced real love with you. But I've always known what I had with you was too good to be true. Sylvia, you're too good to be true. Just remember that I'll always love you. Always. But he won. He always wins." Kinuha nito sa jacket ang isang sobre at inipit sa kanyang kamay. "Take this. I'm sorry, my love."

CHAPTER 6

“Anak, tumahan ka na. Nag-aalangan akong iwan ka. Sumama ka na lang sa akin,” pakiusap kay Sylvia ng ina.

Siguro sa pagod at sama ng loob, nilagnat siya at ikatlong araw nang hindi pumapasok sa eskuwela at Aling Lucing's. Nalaman ng nanay niya kaya pinuntahan na siya. Naabutan siya nitong umiiyak. Napilitan siyang ikuwento rito na hiwalay na sila ni Connor dahil magpapakasal sa iba ang lalaki. Natural na hindi niya masabi rito

ang totoong dahilan dahil kung sakali man, ayaw niyang may maging dahilan para mapahamak ito.

“Hindi na po, ‘Nay,” tugon niya. Mas lalong sasama ang pakiramdam niya sa ingay sa bahay ng mga ito.

“Papupuntahin ko si Jona—”

“Hindi na po, ‘Nay. Magaling na po ako. Papasok na po ako sa school sa Lunes. Bukas papasok na po ako sa trabaho. Makabawi man lang sa ilang araw na absent.”

“Anak, kung kailangan mong ipahinga ang puso mo, gawin mo. Hindi ka dapat magmadali sa buhay. Masyado ka pang bata.”

Tumango na lang siya.

Nang matiyak na mayroon siyang pagkain ay umalis na nga ito,

naghabiling mag-text siya agad kung may mararamdamang kakaiba. Muli ay tango ang naging tugon niya. Nang wala na ito ay nagtungo siya sa silid, binuksan ang aparador, kinuha ang sobreng bigay ni Connor. Beinte mil ang laman niyon.

Napahagulhol na naman siya. Alam niyang binigay nito iyon bilang tulong dahil hindi siya tumatanggap ng higit pa roon. Alam nitong walang kabayaran ang pagmamahal niya, ang debosyon.

Kinuha niya sa itaas ng aparador ang isang malaking storage box na pinaglagyan niya ng mga regalo ni Connor. Naitanong niya kung dapat ba niyang isauli ang mga iyon. Siguro ay hindi, maliban sa promise ring nito. Hindi na niya iyon kayang itago dahil

hindi naman natupad ang pangako nito. Para sa kanya ay higit pa iyon sa isang engagement ring, dahil kapag na-engage ang dalawang tao, ibig sabihin ay lalagay na ang mga ito sa tahimik, nalagpasan na ang mga problema.

Ang ibig sabihin ng singsing na bigay sa kanya ay handa nitong gawin ang lahat para matawid nila ang mga bahaging mahirap. Pero hindi pala nila kayang lagpasan ang mga iyon. Isasauli na niya ang singsing. Wala na iyong kahulugan.

Para siyang wala sa sarili, sinuot ang singsing na bihira niyang ilagay sa daliri dahil nag-aalala siyang maiwala iyon habang nagluluto o naghuhugas ng pinggan sa Aling Lucing's. Masyado iyong mahal para isugal niya nang

ganoon. Habang suot iyon ay naligo siya, nag-ayos, wala sa sariling nagsuklay ng mahaba at basang buhok, saka nagsuot ng T-shirt at pantalong maong, inilagay ang singsing sa bulsa, at lumakad na.

Hindi na siya nag-abalang magpalipat-lipat ng sasakyan, nagpa-special na siyang biyahe sa tricycle patungo sa mansyon ng mga Salazar sa dulo ng bayan. Ilang minutong babaybayin ang kalsadang ang nasa gilid ay mataas na bakod ng lupain. Ibinaba siya sa gate ng tricycle.

Kabado siya. Sinilip niya ang cellphone at nakitang alas-otso na ng gabi. Dapat yatang umaga siya nagpunta, o kahit hapon, hindi iyong ganito. Pero gustong-gusto rin niyang

makausap pa si Connor. Gusto niyang malaman ang iba pang detalye... Dahil aminado siyang umaasa pang baka sakaling dahil isang kasunduan lang naman ang pagpapakasal nito ay maghihiwalay din ang mag-asawa. Kung ganoon, handa siyang maghintay.

Isang kabaliwan, alam niya, pero napakadami nilang plano. Sayang naman kung mawawala na lang basta at papayagan nilang magtagumpay si Alejandro.

Bago pa siya makakilos ay bumukas na ang pedestrian gate. Iniluwa ang isang lalaking may mahabang baril. Bigla na naman siyang kinabahan. Bakit hindi niya naisip na ganoon ang aabutan sa bahay ng mga ito?

“M-Magandang gabi po. Nandiyan po

ba si Connor? Ako po si... si Sylvia.”

“Saglit lang,” tugon nitong naglakad pabalik sa gate, may sinabi sa tao sa likod niyon, saka sinabi sa kanya. “Iraradyo lang, ma’am.”

Tumango na lang siya, napalunok. Sino ang makakarinig ng pagradyo? Ngayon biglang naging malinaw sa kanyang halos hindi pala niya kilala ang boyfriend. Malaking bahagi ng buhay nito ang hindi pamilyar sa kanya. Wala na itong ina, ni hindi siya nito naipakilala sa ama at kapatid, pero tanggap niya. Siyempre, hindi nito iaanunsiyo ang kanilang relasyon dahil tutol nga si Alejandro. Kapag nalaman nitong seryoso sa kanya ang boyfriend, malamang mas mahihirapan pa sila.

Lumikha ng static sound ang radyo

ng armadong lalaki, sinabi ng nasa kabila ng palabas na raw si “Boss.” Para siyang nakahinga nang maluwag. Salamat at kakausapin pa siya ni Connor. Bumukas ang gate at may dalawang SUV na naunang lumabas at pumarada sa kalsada. Natatanawan niya ang dalawa pang SUV. Pumarada ang isa sa tapat niya. Bumaba ang bintana niyon sa likod.

Napasinghap siya nang makita si Alejandro. Ano ang ginagawa nito roon? Baka dumalaw dahil nasa kabilang bayan ang bahay nito. Sa lahat naman ng pagkakataong madadalaw ito kina Connor ay noon pa.

“Get in, Sylvia,” anito.

Bumaba ang isang bodyguard sa unahan, saka binuksan ang pintuan.

Napaatras siya. “H-Hindi. Gusto ko lang kausapin si Connor. May... may iaabot lang ako.”

“He’s not here. He left yesterday. Get in.”

“Hindi—”

“I don’t have all night, Sylvia. Get in.” Kalmado ang tinig nito kahit may bahid ng pagkainip.

Napalunok siya, hindi alam kung ano ang gagawin. Dapat ba siyang sumama? Paano kung patayin siya nito? Pero kung ganoon, bakit hindi pa ngayon? Mas madali siyang maibabaon sa lawak ng lupain sa loob.

Napilitan siyang sumakay dahil na-pressure siya sa bodyguard na nakatingin sa kanya. Isinara din niyon ang pinto pagkasakay niya. Umandar na

ang sasakyan, habang nanunuot sa kanyang ilong ang pamilyar na pabango ni Alejandro. Iyon ang amoy ng amerikanang pinagamit nito noon sa kanya.

Sinulyapan niya ito. Lihim siyang napasinghap na naman. Nakakalunod pa rin ang presensiya ng lalaki, para bang napakahirap nitong abutin. Masyado itong mataas kaya matapobre. Mukhang galing ito sa kung saang pormal na meeting, ang suot ay tulad ng dati, maliban sa amerikana. Malamang na galing ito sa Maynila.

“What do you want from Connor?” tanong nito.

“Sa akin na lang ‘yon. Siguro naman may karapatan akong hindi sabihin sa ‘yo.” Biglang dumagundong ang puso

niya nang masabi iyon. Katapangan ba o katangahan?

“I’m afraid he won’t be back for a year, so whatever it is you desperately want to tell him, you can do so with a phone call.”

“Anong adres niya? May... may kailangan akong ibigay.”

“You can give it to me. I’ll see him next week—at his wedding, in the States.”

Ayaw man ay napahawak siya sa bibig kasabay ng malakas na pagsinghap. Nang makabawi ay nangibabaw ang kanyang galit.

“Masaya ka na ba?” malamig niyang tanong, tumulo ang luha na agad pinahid. Sa pagkakataong iyon, hindi na nabibiyak ang puso niya kundi

lumabas ang ngitngit sa kanyang mga mata.

“I don’t take pleasure in this.”

Tumingin siya sa bintana. “Talaga ba? ‘Di ba ito ang matagal mo nang gustong mangyari? Kahit itanggi mo, alam ko ang totoo. Sinabi ni Connor—ayaw mo sa ‘kin. ‘Wag kang mag-alala, ayoko rin sa ‘yo.”

Bahala na, naisip niya, kahit ipatumba siya nito. Tatal kung iyon naman talaga ang pakay nito, wala siyang magagawa. Pero dumaan din sa isip niya na hindi naman siguro ito ganoong klaseng basta na lang magpapatumba ng tao kung wala namang direktang threat dito. Paano pa siya makakahabol kung nasa Amerika na pala ang hahabulin niya at ikakasal

na sa susunod na linggo?

Naramdaman niya ang titig nito. Biglang umurong ang tapang niya, marahan itong sinulyapan. Nakatitig sa kanya ang lalaki. Bigla siyang napalunok. Animo lulundag ang puso palabas ng kanyang lalamunan nang tumaas ang kamay sa kanyang mukha. Hinawakan ng daliri nito ang kanyang baba para itaas iyon.

“Say that again,” anito.

Wala na yata siyang gagawin kundi ang mapasinghap. Nagugulantang ang sistema niya rito. Natulala lang siya sa lalaki, dama ang panlalaki ng mga mata, natatakot na hindi niya maipaliwanag.

Nagsimulang bumaba ang mukha nito sa kanya. Sa tapat ng kanyang

tainga ay ibinulong nito, “You’re forgetting your place, kitten. Should I remind you?”

Nakagat niya ang likod ng labi para pigilan ang pagkatal ng mga iyon. Ano ba ang dahilan ng panginginig niya? Takot, galit, o dulot ng presensiya nito?

“B-Bababa na ako,” sambit niya. Lumabas bang talaga sa mga labi niya o siya lang ang nakarinig?

“Speak louder, Sylvia.”

Nahiling niyang sana ay hindi ito sa tainga niya magsalita sa ganoong paraan—halos sensuwal kaya nagtayuan ang balahibo niya sa braso. Hindi naman siguro nito napansin dahil madilim ang loob ng sasakyan.

Bahagya niyang inilapit ang mga labi sa tainga ng lalaki. Kumapit na yata ang

presko at lalaking-lalaki nitong amoy sa kanyang ilong.

“B-Bababa na ako, A-Alejandro. S-Sir.” Gusto niyang magalit sa sarili na sa sobrang pagka-stress dito ay tinapos niya roon ang pangungusap. Tumiklop siya. Pero siguro, sinoman ang malagay sa ganoong sitwasyon, malamang magmakaawa pa.

Noon ito marahang bumalik sa pagkakasandal sa puwesto nito. Para siyang nakahinga nang maluwag bagaman malakas pa rin ang tibok ng puso. Hindi ito umimik. Nakikiramdam lang siya. Dapat na siyang manahimik pero hindi niya maiwasang magtanong.

“K-Kelan uuwi si... Connor?”

“Bakit hindi mo itanong sa kanya?”
Wala itong emosyon, parang bored pa

nga.

Hindi siya umimik. Hindi niya na pinadalhan ng message si Connor mula nang maghiwalay sila. Naisip niya, paano kung kasama pala nito ang babaeng pakakasalan? Paano kung busy ito sa paghahanda ng kasal? Ang dami-dami niyang gustong itanong dito pero ang lahat ng iyon ay hindi niya masabi sa text lang, o kahit sa tawag. Gusto niya itong makausap, gustong makita nang personal ang reaksiyon nito. Gusto niyang bumuo silang dalawa ng plano.

Siguro nga ay napakasama ng kanyang naiisip na plano—ang maghintay. Dahil parang uudyukan pa niya si Connor na iwan ang babaeng pakakasalan nito, pero iba ang sitwasyon nila. Ni hindi nito anak ang

dinadala ng babae. Isang malaking kalokohan na kailangan ni Alejandro na ipasagot sa iba ang responsibilidad nito.

Sukat sumiklab na naman ang galit niya at gusto niyang isumbat dito ang ginawang paninira ng relasyon ng iba para lang sa sarili nitong kapakanan. Pero hindi niya kayang sabayan ang lalaki. Nag-alala siyang baka bigla na naman itong lumapit sa kanya at hindi niya malaman ang gagawin.

Ang kuwento ni Connor, madami daw babae si Alejandro. Hindi na iyon nakapagtataka. Ito ang tipong ganoon. Para ding kahit lapitan lang nito ang isang babae, makukuha na nito. Hindi niya puwedeng ikaila ang magnetismo nito, ang kaguwapuhang alam na alam nito kung paano gamitin.

Pero hindi ba, si Lucifer daw ang pinakamagandang anghel? Perfect in beauty, iyon ang sabi.

Napansin niyang ang daang tinatahak nila ay patungo sa barangay niya. Ibig sabihin, bago pa siya sumakay ay nagsabi na ito sa mga driver na ihahatid siya. Mayamaya ay pumarada na nga sa tapat ng bahay niya ang sasakyan. Pinagbuksan siya ng driver. Agad siyang bumaba. Pumihit siya para tumingin kay Alejandro, eksaktong pababa na rin ito. Napaatras siya, tumama ang likod sa pintuan. Hinawakan nito ang braso niya.

Iginiya siya nito patungo sa tarangkahang ito na ang nagbukas. Nagpatiuna siya papasok. Kinuha nito sa kanya ang susi, tulad noon, para

buksan ang pinto. Tumuloy siya sa loob. Ipinatong nito ang susi sa side table. Bago pa siya makaisip ng sasabihin ay nagsalita na ito.

“I told you to stay away from Connor.”

“Sinabi ko nang may ibibigay lang ako sa kanya.”

“That’s not staying away, is it?”

“Mahirap bang intindihin na...” Natigil siya nang humakbang ito palapit sa kanya. Napaatras siya. “M-May mga bagay na kailangang... isauli.”

“Tulad ng?”

“Siguro naman hindi mo na kailangang malaman.”

“I really doubt he gave you anything of value.”

Labis-labis ang nadama niyang

insulto. Parang umakyat ang lahat ng dugo sa ulo niya sa biglang pag-iinit niyon. Saan kaya kumukuha ang lalaking ito ng lakas ng loob para maliitin ang kapwa-tao? Naiintindihan niyang kumpara dito ay sino ba siya, pero hindi tama ang pananalita nito. Sobra-sobrang pang-iinsulto na hindi naman nararapat dahil pareho naman nilang alam na nanalo na ito, nakuha na nito ang gusto, nagawa na nitong wasakin sila ni Connor. Wala na siyang habol pa. Pero pati ba naman ang naging relasyon nila, mamaliitin din nito? Bakit parang napakaimposibleng bigyan siya ng mga mamahaling bagay ng pamangkin nito? Dahil wala rin siyang halaga? Iyon ang gusto nitong ipamukha sa kanya.

Hindi niya maiwasang maisip na siguro, ganoon din ang tingin nito sa kanyang ama. Silang mag-ama, nawala nang hindi man lang nakasalubsob sa buhay ng mga ito. Mga taong walang halaga dito.

Kinuha niya sa bulsa ang singsing at inangat sa mukha nito. “Ito ba ang walang value?” Itinaas niya ang noo. Ginto ang alahas, sa ibabaw ay mayroong eternity symbol—nakahigang 8. Doon ay may diamonds na nakabaon. Eternity—habang-buhay. Iyon ang pangako nila sa isa’t isa ni Connor.

Sinulyapan nito iyon, saka iginalaw ang ulo na para bang gustong umiling pero hindi iyon itinuloy.

“Keep that.”

Wala kang karapatang sabihin sa akin kung ano ang kailangan kong gawin, sa isip-isip niya pero talo siya sa ganoon, naunawaan niya. Hindi nito dapat malaman kung ano ang susunod niyang hakbang. Isasauli niya ang singsing, magkikita pa sila ni Connor. Hindi lang niya alam kung kailan o paano.

“My offer stands. Ask for the money and it’s yours.”

“Hindi ko kailangan ang pera mo,” awtomatikong sagot ng pride niya.

“Very well. But stay away from Connor. This is my last warning.”

Biglang bumagsak ang mga balikat niya, saka nanghihinang sinambit, “Wala kang karapatan...”

“Wag mo akong pilitin, Sylvia. Naging mabait ako sa ‘yo pero kapag

hindi ka tumigil sa gusto mong gawin, mag-uusap tayo ulit. At hindi na ako magiging mabait.”

Naitakip niya ang kamay sa bibig. Tumalikod na ang lalaki at umalis matapos siyang direktang bantaan. Ano ang ibig nitong sabihin? Ano ang gagawin nito sa kanya kung sakali? Madaming posibilidad.

Nanalo na naman si Alejandro. Umalsa ang galit niya pero nanatiling inutil, walang magawa. Ganoon ba talaga ang kalakaran sa mundo? Kapag maliit na tao ka, puwede kang takut-takutin na lang at wala ka nang magagawa pa.

Siguro nga. Pero isang araw, magbabayad si Alejandro. Isinusumpa niya.

CHAPTER 7

Emosyonal si Sylvia. Mababa ang grades niya sa midterms sa halos lahat ng subjects, pero pinakamababa sa nag-iisang major na may anim na units. Sinabi din ni Ate Gina na mababawasan ang sahod niya dahil mahina na sa gabi ang Aling Lucing's mula nang magbukas ang ilang sisigan sa malapit. Hanggang alas-diyes na lang ang pasok niya. Kung gusto niyang mabuo pa rin ang sahod, kailangang magsimula siya ng alas-tres. Hindi niya iyon puwedeng

gawin dahil hanggang alas-dos ang klase niya.

Kailangang maghigpit ng sinturon, kahit hindi na niya alam kung paanong paghihigpit pa ba ang gagawin. Salamat na rin sa beinte mil na bigay ni Connor, siguradong matatapos niya ang semester. Hindi lang niya alam kung makakapagpatuloy siya sa susunod.

Parang sumabay ang langit dahil bumuhos ang malakas na ulan. Nagulat siya nang makitang malakas ang tulo sa kusina. Magkakaiba ang lugar ng tulo. Uminit ang ulo niya nang maalalang binulong ng kapitbahay niyang nakita raw nito ang isang grupo ng kabataang umaakyat sa bubong niya para pitasin ang Indian mango na tanim din niya. Hindi niya kasi naaasikaso kaya

nagbabagsakan na ang bunga. Nagmamadali niyang nilagyan ng mga palanggana at timba ang tulo. Lima, dalawang malaki. Kailangang mapatapalan agad bago lumala ang sira.

Alas-kuwatro na rin siya nakauwi kanina matapos ang mula umagang pagluluto ng bila-bilaong pancit at ulam na order sa Aling Lucing's. Habang sumusubo, tiningnan niya online ang marka. Halos isang oras siyang tulala lang. Ewan, pagod na pagod siya. Ang bigat-bigat ng loob niya. Sana kahit paano, manalo naman siya sa buhay.

Naglipit na siya nang matapos, sumilip sa labas. Tumila-tila na ang ulan. Kawawa ang mga nakikipiyesta. Hindi na siya nag-ikot sa mga kakilala dahil pagod siya, bukod sa hindi naman

makakapagbalot nang madami. Wala siyang balak isaksak ang ref na malakas sa koryente.

Habang naghuhugas ng pinggan ay napatingin siya sa estanteng walang laman kundi ilang packs ng instant noodles at dalawang lata ng sardinas. Sa likod niyon ay isang mamahaling alak ng kanyang ama. Hindi niya alam kung saan nito nakuha pero inuwi nito isang gabi. Hindi na nito nagawang inumin. Johnnie Walker. Wala nang iinom noon ngayon. Bakit hindi niya tikman?

Binuksan niya ang bote, nagsalin sa baso, tumagay. Smooth. Malayo sa lasa sa mumurahing alak na nakasanayan niya noong nabarkada siya. Nagpasya siyang dahil piyesta naman, magpapakalunod siya kay Pareng

Johnnie, kaysa mamatay siyang hindi man lang iyon natitikman, tulad ng kanyang ama. Lumabas siya saglit para bumili sa kalapit na tindahan—Coke, mani, kropeck.

“Para sa ‘yo, ‘Tay,” aniya nang makapuwesto na sa sala, pangalawang tagay niya para lunurin na rin ang problema. “‘Tay, mukhang hindi po ako makakapagpatuloy. Nahihirapan na po ako pero wala po akong magagawa.”

Nagsumbong lang siya sa ama habang patuloy ang pag-inom ng mamahaling alak. “Ang kapal ng mukha ng Alejandro na ‘yon, ‘Tay. Lahat ng plano namin ni Connor, winasak na niya.”

Humahagulhol na siya sa puntong iyon. May tama na siya. Nagligpit siya,

tumuloy sa banyo, nagbuhos nang nagbuhos nang mahimasmasan. Nagsepilyo siya, saka nagtungo sa silid. Nahiga lang siya sa kama, tumutulo ang luha.

Kasal na si Connor.

Noong nakaraang buwan pa. Alam niya dahil pinakita sa kanya ng kasamahan sa Aling Lucing's ang Facebook profile ng asawa nito. Palibhasa, sikat ang pamilya Salazar, alam ng tagakanila ang mga pangyayari sa buhay ng mga miyembro niyon.

Simple lang ang wedding dress ng babae. Simple din ang tuxedo ni Connor. Elegante ang kasal, sa isang garden ginanap. Kaunti lang ang mga bisita. Siguro dahil biglaan kaya ganoon. Isa pa ay malayo ang kasal.

Kahit siguro mayaman, hindi agad maisisingit ang isang okasyong kailangan ng ilang araw bago madaluhan.

Hinayaan niyang tumulo ang mga luha hanggang sa bumangon siya, tumuloy sa aparador. Binuksan niya iyon at naglabas ng pantalong maong at T-shirt na puti. Nagsuklay siya at itinali ang basang buhok. Pinagmasdan niya ang sarili sa salamin. Bahagyang lumubog ang mga pisngi niya. Ang sabi ni Ate Gina, kailangan niyang magpataba nang kaunti dahil lutang na lutang na ang collarbone niya. Komento ng isa niyang kaklase, angat na angat ang cheekbones niya, puwede na raw siyang maging model kung hindi lang malaki ang boobs niya.

Madaming nagsasabing maganda siya. Hindi rin bago sa kanya ang pagpaparamdam ng mga lalaki. Pero kahit ano palang ganda niya, kulang na kulang pa rin.

Isiniksik niya ang phone sa bulsa, ang coin purse ay sa likod na bulsa nilagay, saka umalis dala ang payong. Alas-otso na ng gabi. Dikta ng isip niya, huwag na niyang ituloy ang plano pero hindi niya kayang palagpasin ang gabing iyon.

Sumakay siya ng tricycle at nagpahatid sa kabilang bayan—sa bahay ni Alejandro.

Desidido siya, nakahiram ng tapang sa alak. Sawa na siyang iyakan ang sitwasyon gabi-gabi. Nakakapagod ulit-ulitin ang usapan nila ni Alejandro sa

isip niya para palitan ang mga salitang binitiwang niya rito. Masyadong mahinahon, masyadong takot. At hindi siya matahimik.

May kalahating oras bago nila narating ang isang mataas na gate. May guwardiya sa labas niyon. Sinabi niya ang pangalan.

“Ginabi ka yata? Kanina ka pa hinihintay ni Manang Rita. Pumasok ka na.”

Tumango na lang siya kahit batid na naipagkamali siya ng guwardiya sa iba. Isang kasambahay? Siguro. Sa suot niya, walang mag-aakalang si Alejandro ang sadya niya.

Hawak niya ang payong habang marahang naglalakad papasok. Mahaba ang kalsada pero tanaw niya ang bahay

dahil maliwanag doon. Malaki rin pero hindi tulad ng nai-imagine niya. Hindi iyon moderno, walang makabagong disenyong tulad ng sa mga sikat na artista na nagfi-feature sa TV—karaniwang malalapad at napakadaming salamin, iba ang hugis ng gusali. Simpleng-simple ang tinutumbok niyang bahay na mayroon lang limang bintana—tatlo sa itaas, dalawa sa ibaba na napapagitnaan ng pintuan. Ang naalala niya doon ay farm sa ibang bansa—tipong bahay na pinapalakad ng isang mahusay na maybahay; malayo sa mai-imagine para sa isang tulad ni Alejandro. Hindi iyon malamig na tulad nito. Kabaligtaran.

Kumatok siya sa pinto nang makalapit, pero walang nagbukas sa

kanya. Naisip niyang baka nasa gilid ang entrance. Malawak ang lupain, tiyak niya, kaya posibleng hindi iyon ang bahay na sadya niya. Gusto niyang mainis sa guard na hindi man lang sinabi sa kanya kung saan ba eksakto siya pupunta.

Nagtungo siya sa gilid. Patio-garden. May mga puno—mangga, rambutan, dalandan. Nakilala niya agad ang dalawang huli dahil napakadaming bunga. Maliwanag din sa bahaging iyon, may mesa at upuan sa ilalim ng isang punong mangga. Kung bakit ang isang tulad ni Alejandro ay titira sa farm, hindi niya alam, pero sigurado siyang farm ang lupaing iyon.

May pintuan din doon, tanaw ang loob na isang kusina. Malalapad ang

mga bintanang may pasimano, kung saan nakapatong ang mga munting pasô ng herbs. Sinubukan niyang buksan ang pinto. Hindi naka-lock. Iniwan niya ang payong sa gilid ng pinto. Pumasok na siya, kahit dapat sigurong naghintay siya. Baka abutin siya ng anong oras kung ganoon dahil parang walang tao.

Malapad ang kusina, may lagusang pinto patungo siguro sa sala. Tumuloy na siya roon pero nasorpresang makitang malawak ang... ano ba ang tawag sa bahaging iyon ng bahay? Wala pa siyang nakitang bahay ni isa na mayroong espasyong parang walang purpose kundi maging daanan kahit malapad naman. Bumukas iyon sa isang hardin sa gitna ng kabahayan. Ang

tawag yata doon ay courtyard. Madaming tanim, mayroon pang puno, fountain, naglalakihan ang mga antigong banga. Napakaganda at payapa. Lalo na siguro kung hindi basa ng ulan na ngayon ay tumila na. Hindi niya maikonekta sa personalidad ni Alejandro Salazar ang lahat ng nakikita.

Nang makarinig ng ingay ay wala sa loob na humakbang siya patungo sa likod ng puno.

Dama niya ang panlalaki ng mga mata nang makita ang isang lalaking duguan, mabilis na naglalakad palayo—marahil hindi makatakbo dahil sugatan. Wasak ang polo nitong may bahid ng dugo. Nadapa ito sa gitna ng courtyard. Nang mag-angat ito ng mukha ay saka niya nakilala—si

Konsehal Raymond Acosta. Isa itong accountant, may CPA office sa bayan, nasa kuwarenta ang edad. Anak ito ng dating vice mayor. Ano'ng ginagawa nito roon at bakit ganoon ang kalagayan nito?

Napatingin siya sa pinagmulan nito nang matanaw sa gilid ng mata ang isang anino. Makikilala niya ang tindig na iyon kahit kailan—si Alejandro. Walang nakabukas na ilaw sa mismong courtyard, nagmumula lang ang liwanag sa mga ilaw ng bahay kaya may mga bahaging madilim, tulad ng kinaroroonan niya. Pero maliwanag sa bandang gitna, kung saan patungo si Alejandro at nakasadlak si Konsehal Acosta.

Marahan ang hakbang ni Alejandro.

Suot nito ay puting kamiseta, nakapaloob sa slacks. Tumigil ito sa tapat ng lalaking duguan.

“Tama na, Boss!” pakiusap ng lalaki sa sahig, halos gumasgas sa lalamunan ang tinig. Halatang nahihirapan na ito, marahil umiiyak din.

“Tumayo ka,” ani Alejandro, malamig ang tinig. Parang hindi man lang ito nabahala sa hitsura ng lalaking sugatan.

Hirap man, nagawang tumayo ng konsehal. Naitakip ni Sylvia ang kamay sa bibig nang tumaas ang mga kamay ni Alejandro sa leeg ng lalaki.

“Alejandro, nakikiusap ako...”

Noon biglang bumukas ang ilaw sa bandang likuran niya, mula sa bahay. Naging alerto siya, napahakbang. Hindi

niya napansin ang isang pasô na natapakan niya, dahilan para siya mawalan ng balanse at madulas sa malumot na sahig. Bumagsak siya.

Bago pa niya maayos ang sarili ay nakita na niyang tumakas si Konsehal. Agad siyang napatingin kay Alejandro na noon ay nakatingin sa kanya. Dali-dali siyang tumayo.

“What are you doing here?” tanong ng lalaki, malamig ang tinig.

“Gusto kitang m-makausap.” Kabadong-kabado siya. Binugbog nito si Konsehal Acosta. Kung hindi siya lumikha ng ingay, sa paraan ng pagkakasakal nito sa lalaki, malamang na ang intensiyon nito ay... Ah, ayaw niyang isipin. Kailangan niyang makatakas. Bakit ba siya nagpunta pa

doon? Ah, dahil lasing siya. Kanina. Hindi na ngayon. At hindi niya mapapatawad ang sarili kung narating niya ang ganoong sitwasyon dahil lang nanghiram siya ng lakas ng loob at kabobohan kay Johnnie Walker.

Kanina, ang ideya niya ay ilabas ang lahat ng sama ng loob, ng galit. Hindi patas na bitbit niya ang lahat ng iyon. Ni hindi naging malinaw sa kanya kung ano ang sasabihin ditong hindi pa nabanggit noon. Siguro gusto lang niya itong pagmumurahin, sabihang ang kapal ng mukha nito para husgahan siya kahit hindi siya kilala. Hindi ba nito alam na siya na siguro ang magiging pinakaulirang kaparehang makikita ni Connor sa buong buhay nito?

Gusto niyang sabihin ditong napakasama nitong tao. Na anong klaseng tiyuhin ito sa boyfriend niya, itinulak ang sariling pamangkin sa isang miserableng buhay para lang iligtas ng kasunduang kasal ang kapatid. Bakit kailangang may kapalit gayong hindi ba at si Guillermo Salazar naman ang nagbigay dito ng marangyang buhay?! Ilang buhay ang winasak nito para lang sa sarili nitong kagustuhan? Ilan pang buhay ang wawasakin sa hinaharap? Ang sarili nitong anak ay si Connor ang kikilalaning ama. Anong klaseng tao ito? Basura, iyon si Alejandro.

Pero paano niya masasabi ang lahat ng iyon ngayong nakita niya itong muntik nang patayin ang isang lalaking

higit na may sinabi sa kanya? Kung kaya nitong paslangin sa sariling mga kamay ang isang taong hahanapin ng madami kung mawawala at maibabaon sa lupaing iyon, paano pa ang tulad niya? Nangingilabot siya sa isipin.

“S-Sabi mo, hindi ko puwedeng kausapin si Connor. Ikaw na lang ang kakausapin ko,” lakas-loob niyang sabi dahil wala siyang maisip na ibang dahilan.

Hindi ito umimik, bagkus ay pumihit at naglakad pabalik sa pinagmulan. Sumunod siya rito. Isang opisina ang pinasok nito, nakasunod pa rin siya. Inabot nito mula sa mesa ang isang two-way radio.

“May sasabihin pa ako kay Acosta. ‘Wag n’yong palabasin. Hintayin mo

ang tawag ko.” Tumingin ito sa kanya.
“May aayusin lang ako.”

Nangilabot siya. Siya ang “aayusin” nito.

Ibinaba na ng lalaki ang radyo sa mesa, saka siya hinarap.

“U-Uuwi na ako,” sabi niya.
“Nakainom lang ako kanina. Emotional lang ako. Ngayon, hindi na ako lasing. Pasensiya ka na.”

Bumuntong-hininga ito sa gawing tila nagpapasensiya sa isang bata. “I can’t tell if you’re brave or just stupid.”

Naglakad ito palapit sa kanya. Ang unang dikta ng isip niya ay umatras, tumakbo palayo. Pero alam niyang hindi siya makakalayo, tulad ni Acosta. Mas maiging pabayaang niyang ito ang tumapos ng usapan.

“Lasing lang ako kanina,” giit niya.

“Nagagalit ka sa ‘kin na nagpakasal si Connor sa iba.”

Gusto niya iyong itanggi pero hindi pala niya kayang magsinungaling pagdating sa bagay na iyon, lalo na at siguradong alam din naman nito. Hindi siya umimik.

“You don’t love him,” deklara nito.

“Mahal ko siya,” agad niyang tugon, mariin.

“People often confuse desperation with love.”

Desperada ang tingin nito sa kanya, isa na namang patunay sa pangmamaliit nito. Kailangan siguro niyang tanggapin na nagwagi na ito at tapos na ang laban, sa gayon ay hindi na siya muling malagay sa ganoong

alanganing sitwasyon.

Muli, hindi siya umimik.

Mas lumapit pa ito hanggang sa hindi na niya tiyak kung pintig ba ng kanyang puso o puso nito ang naririnig niya. Muli ay nalunod siya sa presko nitong bango. At kahit anong dikta ng isip niyang huwag titigan ang mga mata ng lalaki ay hindi niya maiwasan.

“What’s wrong, Sylvia? Run out of childish excuses to claim I control Connor’s decisions? Nothing left to say about how I supposedly ruined your life?”

“U-Uuwi na ako.”

Tumaas ang sulok ng labi nito, lumapit pang lalo kaya napaatras siya. Humakbang uli ito. Patuloy siyang umatras hanggang sa mapasandal na sa

pinto.

“You know how I know you don’t love Connor, hmm?” sambit nito, nasa kanyang panga ang mga labi, halos dumaiti na sa kanyang balat.

“H-Ha?” Nalito siya sa biglang pagtayo ng kanyang balahibo.

Napansin nito iyon dahil pinadaan nito ang hintuturo sa kanyang braso, dahilan para lalo na siyang magka-goosebumps.

Inilapit nito ang mga labi sa kanyang tainga, saka bumulong, “Because if you did, you wouldn’t be trembling for me right now.”

Malakas ang naging pagsinghap niya.

Humakbang na ito, hinigit siya sa braso, saka binuksan ang pinto. “Go.

Come back and I won't be kind. Then you'll understand why you came looking for me."

Nagmamadali na siyang lumabas. Bago lumiko sa pasilyo ay nilingon niya ang lalaki. Nakatingin pa rin ito sa kanya. Sobrang lakas ng tibok ng kanyang puso. Paulit-ulit din ang mga sinabi nito sa isip niya dahil hindi niya iyon ganap na naunawaan.

Lumabas siya ng bahay, nagmamadaling naglakad patungo sa gate. Nasa gitna na siya nang maalala ang payong pero hindi na nag-abalang balikan pa iyon.

Go. Come back and I won't be kind. Then you'll understand why you came looking for me.

Ano ang ibig nitong sabihin? Oo,

sinadya niya ito, pero dahil lang wala si Connor sa bansa at sa palagay niya hindi na magiging tamang mag-usap sila ngayon ng ex-boyfriend. May asawa na ito. Isa pa, si Alejandro ang gusto niyang kausapin noong lasing siya dahil madami siyang isusumbat dito... Pero para bang iba ang pakahulugan nito sa pagpunta niya doon.

At hindi niya iyon matanggap.

Habang naglalakad ay nakita niya ang isang sasakyang papasok. Malamang, iyon ang kotse ni Konsehal Acosta.

Pinagbuksan siya ng pedestrian gate ng guard. Lumabas na siya at awa ng Diyos ay agad nakapara ng tricycle. Nang makauwi ay napatulala lang siya sa kawalan. Hindi niya matanggap ang

gustong ipahiwatig ni Alejandro. Ang kapal talaga ng mukha nito para lasunin ang isip niya. Maisip pa lang niyang malalaman ni Connor ang opinyong iyon ng tiyuhin nito ay nangingilabot na siya.

At hindi niya maunawaan kung bakit gayong hindi naman iyon totoo.

Makaraan ang ilang araw ay nagulat siya sa lokal na balita mula sa Facebook page ng Sto. Ignacio—natagpuan ang bangkay ni Konsehal Raymond Acosta sa ilalim ng malaking tulay. May tama ng dalawang bala sa katawan nito—sa puso at sa ulo. Walang nakakita sa pangyayari. Walang naaresto.

Nakaligtas sa batas si Alejandro Salazar.

THE RUTHLESS BOOK II

SAVAGE CHAINS

VANESSA

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

The Ruthless II: Savage Chains

Copyright © 2025 by Vanessa

All rights reserved.

vanessa-writes.com

Distributed by [Whimsical Books Ph](#)

Visit their [Shopee](#) or [TikTok](#) for
printed copies.

CHAPTER 1

“My God, Luchie! Ano pa bang klaseng lalaki ang ipapa-date ko sa ‘yo para ma-convince kang mabuhay ulit?”

Napangiti si Lucia sa phone screen. Ka-video chat niya ang pinsan, si Clare. Mas bata ito sa kanya ng dalawang taon, single, never-been-married, self-proclaimed slut. Kung minsan, hindi niya alam kung eksaherado lang ba ang mga sinasabi nito o totoo. Hindi niya kasi ma-imagine ang sariling nagpapalit-palit ng lalaki o ang

makipag-sex sa isang bagong kakilala.

She didn't judge people who did, she was just curious to know how they could get any satisfaction from that. Sa pagkakatanda niya sa sex—yes, it had been that long—it was a very intimate act that required some level of familiarity and comfort. Siya ang tipo ng taong hindi mabilis maging komportable sa isang bagong kakilala, lalo na sa isang lalaki. How she wished she was like Clare, whose real name was Marie Clare, kahit walang anumang bakas ni Maria Clara dito.

Bumuga ito. “I’m tired of being your pimp, girl. You gotta work with me.”

“Para kang sira,” irap niya, natatawa. “Nagpapahanap ba ako sa ‘yo? When did I ask you to be a matchmaker?”

Itinaas niya ang binubuklat na stack ng dokumento. Dalawang linggo na niya iyong binabasa nang paulit-ulit. Kung magpapa-quiz sa kanya si Alejandro, masasagot niya ang bawat tanong nito.

“My God, are you still reading that SEVRA thing?”

Tumango siya. “I kind of like it.” Itinuro niya ang dokumento.

“You like reading boring stuff?” Tumirik ang mga mata nito, saka binalingan ang personal manikurista, masahista, waxer. “Dolly, I want rounded, ha? Ayoko na ng square.”

Nag-utos ito sa isang kasambahay ng iced tea, habang siya naman ay binasa ulit ang notes niya. Iyon siguro ang dahilan kung bakit halos hindi na siya mapagkatulog nitong huli, mula nang

malaman kung gaano kalaki ang at stake sa deal of a lifetime. She begged Alejandro to give her the chance. She couldn't afford to mess it up. Alam niyang una't huling pagkakataon niya iyon, kung hindi ay habang-buhay na siyang EDEP—Executive Director for External Partnerships, a position invented for her out of obligation and optics, a way to honor her inheritance without actually giving her power.

Wala namang kaso sa kanya na wala siyang say sa SilverPoint Holdings, kahit itinatag iyon mula sa perang “pinaghirapan” ng kanyang ama, pero kailangan niya si Alejandro para sa isang mahalagang project.

“Hindi kita maintindihan, Luchie,” anito habang prente sa recliner, ang

isang kamay ay sineserbisyuhan. “Why do you even bother with such things? We were born to enjoy life, not work. Ang sarap-sarap na ng buhay mo, gusto mo pang magtrabaho. So the men in our lives want us to be decorations, big deal. This is the kind of life most people want and you insist on working. My god.”

Magkataliwas talaga ang mundo nila sa ngayon ng pinsan. Nasa opisina siya, ito ay nasa bahay na namana sa mga magulang, nagpapasarap. She had a monthly allowance; her parents paid for everything. Kailangan lang nitong sundin ang pinapagawa ng mga iyon.

“You know I need something from Alejandro.”

“Can’t you just sleep with him? He’s so hot.”

Natawa siya dahil totoo ang sinabi nitong hot ang lalaki, ang CEO ng kompanya. Pero kailanman, walang naging spark sa pagitan nila.

“I begged him to make me prove to him that I can close this deal.”

Hindi rin niya malilimutan ang sinabi ni Alejandro, “*Lucia, this is a very important deal I want you to close. It’s the start of something that could decide where SilverPoint stands in the next decade. I’m trusting you on this. Don’t make me regret it.*”

Nitong huling mga araw, nagigising siya sa gabi na balisa, kabado. Kapag hindi niya na-close ang deal, lagot siya. Hindi siya sanay na sa kanya nakasalalay ang ganoon kalaking bagay pero siya ang nakiusap sa CEO ng

SilverPoint na bigyan siya ng pagkakataong patunayan na hindi lang siya pandekorasyon. Hindi lang siya isang miyembro ng board of directors na nakikinig lang sa panaka-nakang meeting na kailangan niyang daluhan, hindi lang nagho-host ng parties paminsan-minsan bilang EDEP kundi mapagkakatiwalaan ng malaking halaga at business venture.

“God, if you’re going to beg a man, let it be to make you come, not to hand you a job. May I never be cursed with that kind of ambition.” Binalingan nito ang kasambahay na naglapag ng inumin sa tabi nito. “Thanks, dear.”

Natawa siya nang malakas. “I’m bored out of my wits all the time, but it’s for *Society and Soul*.”

Mula sa sinisimsim na metal straw ay tumingin sa screen ang babae. “You never told me that. What about it?”

Siyempre, alam ni Clare ang *Society and Soul*. After all, ang mama nito ay isa sa collaborators ng mama niya noong unang panahon para sa lifestyle magazine na iyon. It was her mother’s legacy.

“Because I didn’t want to tell you until I’m sure. I’m still not but you make it seem like I’m doing this for nothing. You know, some people can’t stand sitting around all day, Clare.”

“I don’t just sit around all day. I travel and I make myself pretty, that’s a full-time job, honey.” Ipinasok nito ang kamay sa nail polish dryer. Kompleto ang babae sa kagamitan, hindi na

kailangang lumabas pa at magpa-schedule sa salon. Tama rin naman ito, full-time job ang magpaganda.

“Don’t you ever... wonder why you’re here? What you’re meant to do?” She felt awkward even saying it to Clare.

“Oh, god. If I wanted to contemplate the meaning of life, I’d watch one of those new-age scammers selling online courses. My dear Lucia, life sucks. You make your own purpose. Stop thinking there’s some grand one waiting for you. People die miserable chasing that idea. Just do what you like and try not to be an asshole. That’s it.”

“Well, I want to buy *Society and Soul*.”

“Didn’t MMG buy it just a few years ago?” Ang tinukoy nito ay ang Midas Media Group na pag-aari ng isa sa

pinakamayamang negosyante at politiko sa bansa nang tangkain niyong pumasok sa industriya. Pero isa ang *Society and Soul* sa mga napabayaan ng mga ito at ipinagbibili nitong huli. She needed to acquire it before someone else beat her to it. Madami siyang plano doon.

“Yes. They turned it into a lifestyle network. Anyway, I want it, and that’s why I need to close this deal. Most of what I have is in SilverPoint—shares, not cash. I can’t just sell or move anything without Alejandro’s approval. The dividends are decent, but not enough for an acquisition that size. So unless he releases additional funds, I can’t buy *Society and Soul*.”

“How much is it?”

“Six hundred fifty million.”

Ang lakas ng mura nito. “You’re crazy!”

“So you don’t trust me? Sa tingin mo hindi ko kaya? Na magsasayang lang ako ng pera?”

“I mean, that’s a lot of money and a lot of work. Of course I believe in you, but I can’t imagine working that hard. Honey, you’re gonna work your butt off for that one.”

“And I’m ready for that. It’s what Mama would’ve wanted.” *And it’s what my father would’ve clawed his way out of his grave to stop.*

Maisip pa lang niya na magtatagumpay ang ina sa pamamagitan niya kahit wala na ito, maging ang taong nagpahirap sa buhay

nito—nila—ay nakapagdudulot na ng ginhawa sa kanyang pakiramdam.

Not everyone meets the most evil person in the world. She had him for a father.

“Well, if you really want it, I’ll support you, Luchie,” seryosong saad ng kanyang pinsan, saka ito biglang ngumisi habang umiiling. “Oh, you wicked girl. He’d be rolling in his grave—and you know it. Is that the point?”

“Maybe,” pag-amin niya. Noon pa man, si Clare na ang nahihingahan niya ng sama ng loob.

“It shouldn’t be hard to close the deal with SEVRA, right? What do you know about it? Who are you going to talk to?”

“Amelia Chen. According to the file,

she handles all partnerships in Asia.”

“Ooh, you’re on your own, honey. I only know how to make men say yes.”

Napailing na lang siya. Nagpaalam na siya rito dahil alas-singko na. Maaga siyang matutulog at gigising. She was going to face a very accomplished woman. Nabasa na niya sa file ang profile nito—thirty-six years old, already serving as SEVRA’s Chief Operating Officer. She earned her BS in Computer Science with a secondary major in Economics at Stanford University, and later completed an MBA at Wharton. She was SEVRA CEO Damien Roth’s most trusted executive.

Sino ang hindi kakabahan harapin ang babae? Surely, not Alejandro, but she was only Lucia Beltran. Gayunman,

umaasa siyang mababasa ni Amelia ang girl boss energy niya. She had a good feeling about her.

Nagpaalam siya sa assistant, saka tumuloy sa opisina ni Alejandro. Pinapasok siya ng sekretarya nito.

“Ready for tomorrow?” nakangiti nitong tanong. Nitong huli, kahit bihirang-bihira na itong magtungo sa opisina, palaging masaya ang disposisyon nito. Was it because of his new and much younger wife? Maybe. The man deserved to be happy. Hindi man sila naging malapit masyado sa nakalipas na mga taon, hindi nito kailanman pinadama sa kanya na maliit ang tingin nito sa kanya. Siguro mas tinaasan pa nito ang posisyon niya sa kompanya kung hiniling niya pero wala

siyang interes masyado sa SilverPoint bago dumating ang oportunidad na ma-acquire niya ang *Society and Soul*.

“Yes. A bit nervous but I think it’s gonna go well.” Ngumiti rin siya dito.

“Good. Just be confident and it’s gonna be all right.”

“Thank you for giving me this chance.”

Pinagmasdan siya nito. The man had always been intimidating. Hindi lang dahil sa hitsura nito at personalidad na aloof, kundi higit dahil alam niya kung ano ang nagawa nito para sa SilverPoint at para sa kanilang lahat na nakaasa dito. He had turned a criminal enterprise into a legitimate conglomerate, giving it credibility. He did it with quiet power and razor-sharp

instincts, the kind that commanded respect without a word.

And if he trusted her with SEVRA, she had won half the battle.

Tumango ito. “Good luck.”

Nagpaalam na rin siya rito, saka umuwi sakay ng SUV, may kasunod na convoy. Nang makarating sa bahay ay nakatanggap siya ng message mula sa pinsan, isang link sa isang article na ang pamagat: *The Healthiest Stress Relief You’re Ignoring: The Female Orgasm*. Ang lakas ng tawa niya. Luka-luka talaga si Clare. Pero kailan nga ba ang huli? Probably over three months ago. Naging busy siya sa buhay at palaging pagod pag-uwi.

Was she really ignoring it? Maybe she ought to give herself one to release

stress. She took a shower. Nang matapos ay pumili siya ng isusuot sa closet. She settled for a vintage cotton nightgown with wide lace-trimmed shoulder straps and a ruffled hem. Was she subconsciously thinking about Argento again? Maybe. He loved seeing her in it. “Asawang-asawa ko,” iyon daw ang hitsura niya kapag suot iyon. Very homey, very comfortable. “Sino ba naman ang hindi mapapauwi kung ganyan ang dadatnan?” sabi nito, na para bang totoong mag-asawa nga sila sa mga nakaw na sandali.

At sa mga pagkakataong iyon, kadalasang nauuwi sila sa mainit na tagpo. How long had it been? Too long. Too damned long. She had been married, she had dated, yet the only

man she still wanted was the one she'd spent just a few months with years ago. It was unfair that he was still the one.

Ipinatong niya ang nightgown sa mattress, saka gumapang pataas doon, humiga. She bit her lip, her fingers gliding down her breasts.

How could she forget him when he made her remember everything? Every moan from him, every flick of his tongue against the tip of her breasts... how he licked her up like his life depended on it.

Lucia let out a soft sigh, her fingers tracing the curve of her breast, lingering on the hardening peak. She could almost feel his touch, his breath hot on her skin. Her heart pounded in her chest as she imagined his eager

hands exploring her body.

She closed her eyes, a moan escaping her lips as she pinched the sensitive tip, sending waves of pleasure coursing through her. She was lost in the moment, lost in the memory of his touch, her body aching for a release that only he had ever truly given her.

Naipagdikit niya ang mga hita, may isang init na naglalagablab sa bawat paghinga, pagbilis ng tibok ng puso. Her free hand slid down her stomach, fingers trembling as they brushed through the damp heat of her pussy.

God, he always knew—knew exactly how to tease her open with his mouth, how to make her whimper before he even touched her properly.

She arched into her own touch,

remembering the way his face had touched the inside of her thighs, how his hot breath had fanned against her, before his tongue—*god, his tongue*—had circled her clit with that maddening, slow precision.

A shudder ran through her as she mimicked the motion, her fingertips swirling lightly, then pressing harder when her hips jerked in response. She could almost hear him moan against her, as if he couldn't get enough. How he always gave, never asking for anything back and she insisted. Always.

She spread her legs wider, imagining his broad shoulders between them, his hands pinning her hips down as he feasted on her like a man starved. And she would watch him, helpless as her

body succumbed to the deep hunger only he could satisfy.

The memory of his name on her lips echoed in her ears. Ilang ulit ba niya iyong sinambit nang paulit-ulit? Ilang beses niyang isinigaw sa tuwing parang mapupugto na ang kanyang hininga sa labis na init?

Her breathing quickened, the memory pushing her hand faster. She stifled his name, letting it melt into a broken moan as she dipped two fingers inside herself, her thumb working her clit in tight, desperate circles.

She was close.

So close.

The pressure coiled deeper, her gasps sharp as she chased release. But it wasn't enough. Never enough without

him.

She needed the weight of him, the heat, the way he stole her breath. His cock thick in her palm, the vein pulsing as she stroked him. His groan when she took him in her mouth, fingers tangled in her hair, guiding her deeper. The way he'd filled her completely, stretching her open, his hips rolling in that slow, deliberate rhythm until she was begging, "Please, *harder*, don't stop...!"

With a frustrated whimper, she cupped her breast, tweaking the taut nipple between her fingers as pleasure broke over her in trembling waves, her pulse roaring in her ears. The memory of him buried deep, his thighs tensing as he came, the heat of him spilling inside—it was almost too much. Her

body bowed off the bed, the orgasm tearing a cry from her, her muscles clenching around nothing.

Sa loob ng ilang sandali ay parang tumigil ang pag-inog ng mundo. Narinig niya ang malakas na tibok ng puso sa mga tainga. Daklot-daklot niya ang bed sheet sa isang kamay, habang ang kabila ay nasa pagitan ng kanyang mga hita. Her chest heaved, the bittersweet sting of satisfaction laced with longing and emptiness, an ache she didn't quite know how to soothe. It felt almost like grief.

She exhaled shakily, her fingers stilling.

Eighteen years. A failed marriage. So many first dates. None of it mattered. Her body remembered him like it was

yesterday.

Hinayaan niyang bumalik sa normal ang pagtibok ng puso, hinayaan ang ilang mga alaalang manumbalik. She wondered if she was ever going to forget him. Why did she mourn losing him more than losing her own husband—when he hadn't even died, and David had?

“Not today,” sambit niyang bumangon. She took another shower and dried her hair. Enough about Argento for today. She had a big day tomorrow.

CHAPTER 2

“Good morning, Ate Mel. Maaga ang breakfast nina Manong today, ha?” ani Lucia sa kasambahay. Madilim pa sa labas. Five o’clock pa lang ng umaga.

“Oo, nagsasangag na si Opay. ‘Wag mo nang alalahanin.”

“Love you, Ate.”

Salamat at mabait ang pumalit kay Ate Dang, ang favorite niyang kasambahay, nang magretiro iyon. Lima ang kasama niya dahil malaki ang bahay. May isang driver-bodyguard

siya, bukod sa ibang security detail na binubuo ng apat na matagal na rin sa kanya. Lumiit na ang grupo mula sa dating apat na sasakyan at higit dalawampung security detail. She still used a bulletproof SUV just because it made her manongs feel secure. Ang totoo, hindi para sa kanya kundi para sa mga ito dahil hindi siya naniniwalang may gusto pa ring magtangka sa buhay niya, kung nagkaroon man noon.

Her father was dead. Kahit gantihan siya ng mga galit dito ay ano pa ba ang mapapala? Wala siyang personal na kaaway. Wala siyang atraso sa iba.

Are you sure?

Lihim siyang napabuntong-hininga nang maalala ang isang mukhang hindi maalis sa isip sa kabila ng panahong

lumipas, ang lalaking laman ng isip niya kagabi at madaming gabi bago iyon.

Argento.

Tanging ito lang ang masasabi niyang may galit sa kanya at narito ang lahat ng karapatang magtanim ng sama ng loob.

Muli na naman siyang napabuntong-hininga, isang bagay na palagi niyang nagagawa sa tuwing maaalala ang lalaki, at ang katotohanang hindi na siya nito kinontak kahit kailan. Tinangka niya itong hanapin nang pumanaw ang kanyang ama pero nabigo siya. Hanggang sa makausap niya si Jepoy, ang dati nitong tauhan sa computer shop at sinabi niyon na kung gusto raw siyang kausapin ni Argento,

marahil noon pa nito ginawa.

Dapat iyon ang una niyang naisip pero ni hindi dumaan sa kanya ang ideya. Walang puwang noon sa kanya ang posibilidad na ayaw na nitong makita siyang muli. Galit ito—marahil abot-langit ang galit—pero ang pagsunog sa tulay na nag-uugnay sa kanila ay hindi niya inasahan. She would've preferred that he told her exactly what he thought, no matter how horrible, to knowing he didn't even want to see her anymore. Ang tagal niyang pinangarap ang pagkikita nilang muli. Inihanda niya ang sarili para doon—kung paano siya hihingi ng tawad dito, kung paano magpapaliwanag, kung paano babawi. Pero wala palang mangyayaring kahit

na anong pag-uusap dahil hindi na nito ginustong makita pa siyang muli.

God, that still hurt. It was insane.

She hired a private investigator to find out where he was, no matter how stalkerish the behavior seemed. She needed to know. Hindi siya nagpakilala sa imbestigador at ang komunikasyon ay dinaan lang sa email, maging ang bayad ay pinadeposito lang sa assistant niya. Pero kulang ang nabalik sa kanyang report. Ang sabi lang, namasukan ito sa RFJ, ang NGO na tumulong dito sa mga problemang legal. Ilang buwan lang ito doon at wala nang nabalita pa dahil nagsara na rin ang Southeast Asian outreach arm niyon. Nakausap lang ng imbestigador ang dating kasamahan ni Argento sa

NGO, na ang sabi ay nag-abroad na raw ang lalaki.

Imbes na ipatuloy sa imbestigador ang pagpapahanap dito ay naisip niyang ang pinakatama niyang gawin sa puntong iyon ay irespeto ang desisyon nito. It was the least she could do. Pero hindi niya mabilang ang mga gabing gustong-gusto niyang malaman kung nasaan na ito. Saang bansa nagpunta? Computer programming ang kurso nito noon pero alam niyang karamihan sa mga OFW, hindi naman nagagamit ang pinag-aralan sa ibang bansa, maliban kung nurse. Sa pagkakaintindi niya rin, pinakamadaling makarating sa Middle East, kung hindi man ay sa ibang Southeast Asian countries tulad ng Bangkok, Malaysia, Singapore. Iba-iba

rin ang nagiging trabaho ng mga Pilipino doon. Ano ang pinasok nito?

God, why did it make her want to cry sometimes that she didn't know? Pero wala siyang mahagilap na hiya para alamin, dahil pati ba naman ang kagustuhan nitong huwag na silang magkaroon ng kahit na anong ugnayan, wawasakin pa niya? Ano ba ang gagawin ni Argento para lang magpakalayo-layo na ang malas sa buhay nito? She caused him nothing but harm. At gusto niyang makabawi para sa sarili din niyang peace of mind. Bakit hindi niya tatanggapin ang gusto nito—ang lumayo na siya at magtiis na lang kung ano man ang huling opinyon nito sa kanya? It was only fitting.

She only wished him well. Sana

saanman ito naroon ay masaya ito. Kung nagtatrabaho ito, kahit ano pang trabaho, siguradong masaya ito at buhay ang pag-asang makaahon. Iyon lang naman ang gusto nito mula't sapul—ang magkaroon ng buhay na iba sa nakagisnan nito. Pero siya pa mismo ang naglayo rito sa simpleng pangarap na iyon.

She doubted Argento would do her any harm though. Hindi tipong mag-iingat siya dahil dito, magdadagdag ng security dahil gagawan siya nito ng masama. Kaya hindi na siya nag-abala pa sa napakadaming tauhan. Hindi lang pumayag ang iba niyang manong na bawasan pa sa apat ang araw-araw niyang escort, at pumayag lang ang mga ito kung bulletproof ang sasakyan niya.

Sanay sa dating patakaran ang mga ito, kung saan itinuring siyang prinsesa ng criminal empire ng ama. At nakalaya lang siya doon nang pumanaw ito.

It was such an unexpected death for someone like him. It was too quick and easy, in her opinion. The man had gotten away with more than murder. And he died in his own hands, his own terms.

Minsan naitatanong niya sa sarili kung naging mapayapa ba ang kamatayan nito, o naisip ba nitong isa iyong pagkatalo? Lucia wondered if her father thought about all the people he ruined when he took that fatal dose of fentanyl. Probably not. Nag-iwan lang ito ng sulat sa kanya, ang sabi ay walang dapat makaalam. His personal aide

knew what to do. Sa opisyal na report, pumanaw si General Salvador Beltran sa atake sa puso.

At ang imperyong itinatag nito ay napunta sa kanang kamay nitong matagal na niyang hindi nakikita. Wala na siyang pakialam pa doon.

He was a coward, sa isip-isip niya. Sa lahat ng pagpapahirap nito sa ibang tao, lalo na sa kanilang mag-ina, ang naging katapusan nito nang matuklasang may inoperable brain tumor ay madaliang solusyon. His doctor said he was probably in so much pain, or that the tumor had altered his behavior. Pero hindi siya naniniwala doon kundi sadyang duwag lang talaga si General Beltran, or Don Salvador.

Sa panlabas, kinikilala ito ng

marami. Mula sa ordinaryong patrolman, nagawa nitong maging heneral sa PNP hanggang sa magretiro. Nag-aral ito para marating iyon, nag-training, madaming sinuhulan at kinarinyo. Doon ito magaling. The man was laid to rest with full military honors, like a hero. Ang kabaong nito ay may watawat pa ng Pilipinas. The flag was folded and handed to her as if nothing about her father's death had been shameful. As if men like him deserved a hero's farewell.

May mga nakakaalam na madami itong ilegal na gawain, bagaman wala ni isang naglakas-loob ilantad iyon. Naging maingat ito, dumikit sa mga corrupt na politiko, lumaro sa likod ng mga iyon. Oh, he was a talented crime

boss, cunning. Because he was built for it being a narcissistic sociopath. Hindi ito tulad ni Don Guillermo, dati nitong kasamahan sa PNP at kasosyo sa negosyo. Don Guillermo understood that the empire should transition to a legitimate business. Her father could've retired early, but he simply couldn't let the thrill of it all go. It was his life. It was *him*.

When he died, she was comfortable, but her funds weren't liquid, most of the money was locked in assets. Naniniwala siyang madami din itong pera sa negosyo na ang nakinabang ay ang aide nito. Wala siyang magagawa doon dahil hindi niya alam, bukod sa madumi ang pera at nag-alala siyang madamay. Payo ni Alejandro, huwag na

niyang habulin dahil baka hindi rin naman ibigay sa kanya.

Ah, madami pang panahon para pakaisipin ang mga pangyayaring hindi na niya mababago. Ang kailangan niya ngayong pagtuunan ng pansin ay ang mga bagay na kaya niyang bawiin. Like *Society and Soul*. She could revive it. It would be hers and her mother's legacy; something her father fought so hard to destroy will outlive him and shine as long as she lived.

Pero bago iyon, kailangan niyang maisara ang deal sa SEVRA.

Nagtungo na siya sa home gym, panay ang practice ng sasabihin habang tumatakbo sa treadmill. Eksaktong alas-sais, kumakain na siya ng almusal. Bago mag-alas-otso, binabaybay na ng

sasakyan niya ang daan patungo sa opisina. At eight-fifteen, the elevator doors opened and she walked out, telling herself she could do this. Hindi niya dapat isipin na ang deal ang magpapasya ng susunod na isang dekada ng SilverPoint.

Tumuloy siya sa opisina, binati si Catherine, ang sekretarya, habang umuusal ng positive affirmations. Sinulyapan niya ang wall clock. Almost eight-thirty. Alas-diyes ang meeting niya.

“How’s the conference room?” tanong niya sa intercom.

“Perfect. The pastries have arrived.”

“And the flowers?”

“Fresh and beautifully arranged.”

“Are you ready?”

“Always.”

“Excellent.”

She took a deep breath. Keep it concise. SilverPoint’s position is secure. This deal isn’t about chasing markets but consolidating influence. Emphasize strategic alignment, not risk. She loves numbers, so let the data speak. Mention how the move complements the group’s long-term diversification plan—elegant, inevitable.

Nine-thirty, sinipat niya ang repleksiyon sa salamin. She looked perfect—tailored suit, silk blouse, hair pulled back neatly. Ang sabi ng lahat, tanging tangkad lang ng kanyang ama ang nakuha niya dahil parang hiniram niya ang kagandahan ng ina na may dugong Kastila. Maybe it was why her

father hated her like he hated her mother.

Naghahanda na siyang pumunta sa conference room nang bumukas ang pinto ng opisina niya.

“He’s here!” anunsiyo ni Catherine.

“He?”

“Damien Roth!”

Bigla siyang natuliro. “I thought Amelia Chen was coming?”

Bago pa siya makatugon, pumasok na sa opisina niya ang isang lalaking nakapagpatigagal sa kanya. Tumigil ang pag-inog ng mundo, tiyak niya.

Argento...

“Good morning, Mrs. Liao,” bati nito. “Ms. Chen couldn’t make it today. I hope I’m not too early for the meeting.”

“There must be...” Tumikhim siya dahil halos hangin lang iyong lumabas sa kanyang lalamunan. Hindi niya maalís ang pagkakatingin sa lalaki. Nangangatal siya.

He was Argento Vargas, but older; his years lending him a quiet authority that made him even more striking.

The traces of youth were gone. His hair was neatly cropped, faint silver showing at the temples. His cheekbones looked sharper now, his jaw—the one she used to trace with her fingers—firmer. She could still remember how warm his skin had felt under her touch. A thin beard and mustache framed it now, giving him a rather cold edge. His eyes seemed darker, too. Or maybe it was just hatred staring back at her.

“You were saying something, Mrs. Liao?” anito, kumunot ang noo, lumabas ang manipis na mga gatla doon. It made him look even more distinguished. His suit was perfectly tailored, the fabric expensive, his leather shoes polished to a sheen.

“There must be some m-mistake,” sambit niya, mahina pa rin ang tinig dahil nalulunod siya sa emosyon. “Argento—”

“Call me Damien. Shall we proceed?”

Natulala siya. Baka nababaliw na siya. Baka kakaisip niya sa lalaking ito ay kung ano-ano na ang nilikhang istorya ng isip niya. Hindi niya maikonekta si Argento kay Damien Roth.

“You’re Argento,” giit niya.

“Was,” he said, eyes steady on her. “I had to change it. You’d understand, wouldn’t you, Lucia? After all, you made the old one impossible to live with.”

Nanatili siyang nakatingin dito, nakaawang ang mga labi.

“Shall we proceed to the conference room or stay here?” singit ni Catherine.

Wala sa loob na napatingin si Lucia sa babae. Halatang tensiyunado ito. Hindi pa rin niya makuhang magsalita. Ano nga ang sasabihin niya? Bakit hindi siya makabuo ng kahit na anong pangungusap?

Muli siyang tumingin kay Argento.

No. Damien.

No! Argento! sigaw ng isang panig ng isip niya.

“We should probably stay here. What do you think, Mrs. Liao?”

“It’s Lucia.” Sa wakas ay natagpuan niya ang tinig. “I don’t use my husband’s surname anymore. It’s Lucia or Ms. Beltran.” Nasorpresa siyang hindi nanginig ang kanyang tinig kahit nangangatal ang kanyang mga kamay.

“Ma’am?” si Catherine.

“We shall proceed here, as Mr. Roth suggested. Would that be your preference, Mr. Roth?”

God, the new name didn’t flow naturally on her tongue, but she guessed it suited the man he’d become—powerful and cold. Would he warm up to her? Probably not. Hindi pa man, nahuhulaan na niyang mali na siya ang pinili ni Alejandro na magsara ng deal

na ito. How?

Dumagdag sa tensiyong nadarama niya sa muling paghaharap nila ang bigat ng susunod na mangyayari hindi lang sa kanya kundi maging sa SilverPoint. But how the hell would she know Argento was Damien Roth? Bakit hindi iyon kasali sa profile na binigay sa kanya? It seemed deliberate. Of course, it was.

Argento hated her guts so he must humiliate her.

No, that didn't make any sense. Ang SilverPoint ang may kailangan sa SEVRA at sila ang nagpadala ng proposition dito para sa SurePay, ang latest project nila, ideya ni Alejandro. It was a nationwide digital payments rollout, and they needed SEVRA

because it was one of the few systems in Asia already cleared under the new central bank standards—anti-money laundering, data security, cross-border compliance. Without it, SurePay couldn't operate or expand abroad. Alejandro's entire plan for regional growth—Singapore, Hong Kong, even Dubai—depended on SEVRA's rails.

How the hell was she supposed to know the CEO of SEVRA was the same man she sent to prison years ago—the man she promised to marry but left behind for someone else?

God, he must hate her. Hated her to the heavens, she was sure of it. Because she hated herself, too—for failing to save him, for failing to save them.

There was no way she could close this

deal now. Why would he help her? Walang mawawala dito kung hindi maisasara ang deal sa SilverPoint. Sa katunayan, anong dali na lang para ditong lumapit sa kung sinong may koneksiyong negosyante at ilatag sa mga iyon ang proposition nila. Hell, he could even do it himself. Granted, they had the licenses, the local banking ties, and government access he'd need to navigate the Philippine market, but with his reach and money, that was temporary leverage at best. If he wanted, he could build his own network overnight and crush their proposal before she even left the room. He didn't need SilverPoint, and he sure as hell didn't need her. Not the woman who...

May bumikig sa lalamunan niya

dahil mahirap pa ring isipin kung naging ano siya sa buhay nito—isang pasakit, isang tinik, isang napakalaking pagkakamaling naghatid dito sa impiyerno. Seven years he rotted in prison for a crime he didn't commit. He had every right not to help her. He had every right to destroy her. It would be his vindication.

Tango ang naging tugon ng lalaki. Lumabas na si Catherine para kunin ang pinahanda niyang pagkain at inumin sa conference room.

Her office was huge. Iyon din lang ang naiiba sa buong executive floor. She designed it herself, with the help of Clare, an interior designer, though nonpracticing. The walls were painted charcoal black. Ganoon din ang kulay

ng wooden table niya sa gitna, may gold trims, makintab, bakas ang repleksiyon ng chandelier sa itaas. Sa isang bahagi ng opisina ay may maliit na conference area para sa mga hindi pormal na meeting, may bilog na glass table at apat na komportableng upuan.

Black, white, and gold were the colors of the office, but touches of green broke the darkness—plants by the window and a vase of white button mums on the desk, their crisp leaves bright against the charcoal walls.

Napansin kaya nito ang mga bulaklak na noon ay binibigay nito sa kanya? May ilan nang nagtaka kung bakit iyon ang pinapa-deliver niya twice a week, kasabay ng sa ibang opisina. Hers was the cheapest, and a few asked

out of curiosity perhaps. Palagi niyang sagot, “I like them.” Hindi na kailangang malaman ng mga itong minsan sa buhay niya, langit na ang mumurahing bulaklak na iyon. They reminded her of a simpler time in her life. The time when she was most happy, the kind of happiness she sometimes feared she would never experience again.

Naglakad siya patungo sa conference area. “Please have a seat.”

Sumunod ito roon, pero imbes na maupo ay ipinaghila siya ng upuan. Ever the gentleman.

“Thank you,” she whispered. Nasa likod pa rin niya ito.

“You’re welcome, Lucia,” sambit nito sa kanyang tainga.

CHAPTER 3

Sa loob ng limang minuto, nagawa na ni Catherine na ilipat ang laman ng conference room sa opisina ni Lucia. Hindi na sila nag-set up ng projector dahil may folio naman na naglalaman din ng nakalagay sa slides.

Catherine asked Argento what he wanted to drink. He chose sparkling water and just that. Kung hindi lang nakakahiya, baka nagpakuha na siya ng alak sa sekretarya para kumalma. Gusto na namang tumayo ng balahibo niya

nang maalala ang pagbulong ng lalaki sa kanya. She could smell him, the perfect scent that belonged only to him.

Ngayon ay nakapuwesto na ito sa tapat niya. She slid the folio across the table, her fingers brushing the edge a moment longer than necessary.

“Mr. Roth, thank you for seeing us,” panimula niya, patag ang tinig kahit na tila sumasabay ang tainga sa tibok ng kanyang puso. “That document outlines what we believe is a straightforward path. SilverPoint has the licenses, the network, the ties that make execution possible. SEVRA has the rails—the strength, the clearance, the compliance no one else can match.”

Hiling niyang sana ay tumingin na lang ito sa folio at hindi sa kanya, lalo na

at nahalata niyang napansin din ng sekretarya niya iyon. Naiilang ang babae, dama niya. Sinasadya kaya ni Argento? Malamang. God, he was so different now. May isanlibo at isa siyang tanong dito pero marahil, hindi na masasagot kailanman.

Isang bahagi ng isip niya ay nagtatanong kung bakit kailangan pa niyang mag-present kung pareho naman nilang alam na walang pupuntahan. Why would he ever want to be connected with SilverPoint? Siguradong alam nitong naitatag iyon mula sa pera ni Guillermo Salazar at ng kanyang ama. Hindi nito ilalagay ang sarili sa ganoong posisyon. This meeting was futile.

But she had to do her best, so she

said, “This proposal lays the groundwork for regional growth, with the Philippines positioned as the hub.” Nanikip ang lalamunan niya, napilitang sumipsip ng tubig sa straw, saka nagpatuloy. “That’s the opportunity before us. It’s strong. It’s clear. And we’d like the chance to walk you through it.”

“Please do.”

So she did. At least, hindi puwedeng sabihin ni Alejandro na hindi niya ginawa ang lahat. Ang masaklap lang, hindi niya mababawi ang *Society and Soul*. She needed to find another way. Sumisigaw ang kaluluwa niya sa pagtutol maisip pa lang na huhulagpos ang pagkakataon sa kanya.

Nang mawala sa kanya si Argento, para na ring nagbakasyon ang liwanag

sa buhay niya matapos nitong pasikatin iyon mula sa pagkakalubog nang pumanaw ang kanyang ina. It felt that way. Dahil alam niyang wala nang babalikan kay Argento, ang tanging naging pag-asa niya at motibasyon sa lahat ay ang pagbawi sa legacy ng ina, na katumbas ng pagkatalo ng taong pumatay sa kanilang tatlo—ang kanyang ama. He was dead but the destruction he created would live on forever, unless she did something to take back the power he stole from them—from her, her mother, and Argento.

Ang sabi ni Tita Sophie, kahit may mga tanong din ito kung saan galing ang ipinangtubos sa mga ari-arian ng kanyang ina na naisangla, mas pinili nitong isiping konektado lang siguro si Salvador sa mataas na politiko, o baka crony ni Marcos, na uso noong mga panahong iyon.

But it was so much worse than that—the extent of which Tita Sophie would never find out. Kahit si Lucia ay hindi

maarok ang lawak ng ilegal na aktibidades ng ama nang makita niya ang portfolio niyon, itinatabi ng kanyang ina. Hindi na niya malalaman pa kung binalak nitong magsumbong sa nakatataas o ilantad ang impormasyon sa media, o ginusto lang gamitin para makipaghiwalay.

Just imagining the courage it took for her mother to keep gathering evidence over the years made her want to hug her tight. Pero wala na ito. Maging ang naipon nitong ebidensiya ay natuklasan ng kanyang ama dahil pumasok ito sa opisina habang nililigpit niya. Balak sana niyang ipuslit ang mga dokumento pero pagbalik niya nang gumabi ay wala na ang mga iyon.

She remembered names. Not all but

enough to make her tremble in fear. Kaya siguro itinago ng kanyang ina dahil wala itong mapagsabihan. Everyone was in on it. Mula sa malalaking politiko at opisyaes ng gobyerno, hanggang sa mga gobernador at mayor. God, it was sickening.

Ang maliit na nga niyang pagtingin sa ama ay lalo nang lumiit. Nahirapan siyang makisama rito. Sa tuwina ay nag-aaway sila.

“Mom, Lucia said she and Tito Sal had a disagreement. They fought,” ani Clare sa kabilang linya, kausap ang ina.

“Tell her to... Give me that phone! Hello, hija?”

“Hi, Tita. How have you been?”

“Oh, hija, ano itong nakikipag-away ka daw sa papa mo?”

“It’s nothing, Tita. It’s just about my internship. Sabi ko, puwede naman akong pumasok dito. I know someone in GMA News. I told him I can make a documentary about corruption in the PNP.”

“My god, hija!” bulalas nito, halatang nabahala. “Wag na ‘wag mong gagawin ‘yan, mangako ka sa akin!”

“I just hate him so much.”

“I know. Oh, poor baby. But please, hija. Mangako ka sa akin. Your mother wouldn’t like you doing this.”

“Maybe.” Napabuntong-hininga siya. “Don’t worry, Tita, I might just go back to Madrid.” Journalism o Grado en Periodismo ang kurso niya sa Universidad Complutense de Madrid. Gusto niyang maging tulad ng ina na

napunta sa larangang iyon. Nang magpakasal ito sa unang asawa ay kumuha ng katulad na kurso sa UP Diliman. Siya ay mas piniling sa Espanya mag-aral para mapalayo sa ama. She'd been speaking Spanish since she was young because her mother spoke it well since her father was Spanish.

“Thank God!” bulalas nito.

Inabot na ni Clare ang phone. “Are you trying to give Mommy a heart attack?”

Napahagikgik siyang bigla, bagaman totoo ang plano niya. Iyon talaga ang gusto niyang gawin sana. Kulang pumutok ang litid ng kanyang ama. At bagaman hindi siya nito pinagbuhatan ng kamay, alam niyang kaunting udyok

na lang ay gagawin na nito. She could sense it, she could see it in his eyes. Pero hindi siya natatakot dito. Not as she should.

“I might head back to Madrid soon,”
aniya.

“That’s better than staying here and pissing the demon off.”

Natawa na naman siya. “I bet me being here is enough to do that. Gusto ko ngang umalis dito sa bahay, lumipat sa condo. Pinag-iisipan pa ni Kamahalan.”

“Kung lilipat ka do’n, ano naman ang gagawin mo?”

“Live free?”

“How? You have a million soldiers.”

“Free from the devil. Besides, everyone treats me like I’m invisible.

Kahit ano'ng iutos ko dito, hindi ako pinakikinggan. They have to ask Papa every single time. God, it's so hard to breathe."

"So you're leaving?"

"Maybe. I really want to do my internship here though. If not, then maybe in South America. Hindi pa naman ako nakaka-enrol. That's the last stretch though."

"And after, what do you intend to do?"

"Get a business degree, like Mama."

"You know that would piss him off even more."

Napangisi siya. "I know."

"Hey, whatever happened to that hunk you were dating?"

"Who, Pablo?"

“Well, aren’t you a slut?”

“Marie Clare!” tinig ni Tita Sophie.

Ang lakas ng tawa niya. She had always been popular with the guys. And most men who pursued her came from good families. Pero sa Pilipinas, ang mga naglakas-loob na pumorma sa kanya ay iyon lang mga foreigner niyang kaklase sa international school. Ang mga Pilipino ay parang takot dahil siyempre nga naman, anak siya ng heneral.

“Quite frankly, boys our age are too immature,” hinaing niya. Wala pa siyang nakaka-date na naiisipan niyang gawing boyfriend. Hindi siya conservative pero gusto niyang makakuha ng matinong lalaki. Wala pa siyang nagiging seryosong boyfriend.

She had kissed boys a few times, but she couldn't bring herself to do more. Wala rin ang isip niya sa pakikipag-date. Medyo mapili siguro siya dahil ang gusto niya ay iyong mahal na mahal siya. Iyon din ang palaging sinasabi ng mama niya noon, "My baby, choose someone who's crazy about you, head over heels for you, and who worships the ground you walk on."

Gusto niyang sundin ang payo nito. Ang sabi ni Tita Sophie, ganoon daw ang unang asawa ng mama niya at naging masayang-masaya ito sa pagsasama ng dalawa, kahit pa nga hindi nabiyayaan ng anak ang mga ito. Her mother wanted her to experience that kind of love, the kind she never saw growing up. Naabutan na niyang

ganoon ang mga magulang—tahimik ang kanyang mama sa lahat ng gusto ng kanyang ama. She never saw them fighting, but she would sometimes see bruises on her swollen face.

“I have a boyfriend—”

“Pagsabihan mo nga itong pinsan mo, Lucia!” singit ni Tita Sophie.

Natawa na naman siya nang matigilan. May nakita siyang lalaking naglalakad sa patio, may document case na nakasukbit sa balikat, napatingin sa gawi niya, saka tumalikod. Agad siyang napabangon.

“I’ll call you again later, Clare.” She ended the call. Tinawag niya ang lalaki. “Hey!”

Tumigil ito at pumihit. Malakas ang tibok ng kanyang puso, binilisan ang

paglalakad patungo rito. He was probably one of her father's men though looking at him up close, she realized he was young. And gorgeous. Baka kasing-edad lang niya ito. Bagaman may mga kaedad siyang namamasukan sa kanyang ama, kadalasang errand boy lang at hindi security detail.

Hindi niya nagawang makapagsalita nang magkaharap na sila dahil ito siguro ang pinakamatangkad sa lahat ng tauhan ng kanyang ama. Five foot six siya pero bahagya pang nakatingala para makatingin sa guwapo nitong mukha. He had the face of a model—high cheekbones, chiseled jawline, and dark, brooding eyes.

Who the hell is this guy?

Bahagya itong tumango. “Ma’am.”

“Sino ka?” tanong niya.

“Argento po ang pangalan ko, ma’am.”

“Arhen...” Ilang sandali niyang kinailangang ipaalala sa sarili kung bakit niya ito tinawag. Napatingin siya sa bag na nakasukbit pa rin sa balikat nito. “Tao ka ni Papa?”

“Opo, ma’am. Pasensiya na, ngayon lang ako nakapasok dito. Naligaw ako.”

It was understandable. The mansion was designed by some architect who was obsessed with doors and hated the open-concept layout.

“Ano ‘yang dala mo?”

“Pinadala po sa akin ng papa n’yo. Ibigay ko raw kay Ate Maite.”

“Give,” aniyang inilahad ang kamay.

“Ako na ang magbibigay.”

Muling bumilis ang tibok ng kanyang puso. Mula nang mawala sa kanya ang oportunidad na makuha ang mga detalye ng ilegal na operasyon ng kanyang ama, bumagabag na iyon sa kanya. Para bang naiwala niya ang pinakamalaking diamond na nakita niya. Ilang ulit na niyang tinangkang pasukin ang opisina ng ama pero bukod sa naka-lock iyon, batid niyang mayroong vault dahil naaalala niya nang ipa-install nito. She knew he kept a lot of cash there, too. At ang libro ng mga ilegal nitong aktibidades, siguradong doon nito iyon ilalagay sa vault. He needed to write them down, because there was no way to remember and track that many transactions and

the people he needed to bribe.

At ngayon, malamang na pinapahatid nito iyon para ibigay sa katiwala nito sa mansyon, si Ate Maite. God, she hated that woman. She was the wife of one of her father's most loyal soldiers, a former police officer. Her father rewarded people for their loyalty. Kaya siguro sila hindi magkasundo dahil ang loyalty niya ay nasa ina kahit wala na ito.

Ito kayang Argento na ito, na kanino ang loyalty?

“Pasensiya na po, ma’am. Ang bilin po sa akin, kay Ate Maite ko daw po ibigay,” anang lalaki. Sa madaling-sabi, importante ang laman ng bag dahil kung hindi, malamang na iiwan na lang sa sala, o dadalhin sa kung saan papunta

ang kanyang ama.

Hindi araw-araw dumadating ang pagkakataong ganito. She was sure it was *the ledger*. Siguro ay ilang ganoon ang kinailangang ipunin ng mama niya bago nito nabuo ang network ng organisasyon. Hindi niya rin alam kung bakit kailangan niyang magkaroon niyon, na buuin iyon tulad ng pagbuo ng kanyang ina. Nanghihinayang siyang hindi niya agad iyon nailabas ng opisina. Sana, hawak niya ngayon.

Maybe it was the idea of having some kind of power over her father that made her almost desperate to see what Argento had.

“Kilala mo ba ako?” taas-noong tanong niya sa lalaki.

Tumango ito.

“Then why aren’t you handing that case to me?” sita niya.

“Dahil ang bilin sa akin ng Papa mo, kay Ate Maite ko ibigay,” walang kurap nitong sabi, direktang nakatingin sa kanya. Arogante.

“Give me that case now!” singhal niya rito. Sino ba itong akala mo kung sino? Sawang-sawa na siyang wala siyang tinig doon. Ang tulad ni Ate Maite ang mas pinakikinggan, ang mas sinusunod kaysa sa kanya—na mismong anak!

“Pasensiya na, ma’am.” Bahagya itong tumango, saka tumalikod.

Sa galit ay hinaklit niya ang strap ng bag. Pero naging maagap ito. Para silang nag-tug of war bagaman parang siya lang ang todo ang effort. The man

was strong. Pero mientras nitong ayaw pawalan ang bag ay lalo siyang nanggigigil na makuha iyon.

“Kapag binitiwang ko ito, tatalsik ka. Bitiwang mo na, ma’am,” anang lalaki.

“Who the hell do you think you are?!” bulyaw niya, pinanlisikan ito ng mga mata, lalong pinag-igi ang paghigit.

Bumuntong-hininga ito, saka inisang-higit ang strap sa gayon ay masama siya. Impit siyang napatili nang hindi maagapan ang katawan sa pagsalpok dito. Nagawa nitong iiwas ang mukha sa kanya, ang isang kamay ay pumaikot sa kanyang baywang bilang pag-alalay.

The man smelled nice and clean.

Napasinghap siya nang maunawaang

nasa baywang niya ang bisig nito, habang siya ay napakapit sa mga balikat ng lalaki. Bigla niya itong itinulak, saka humakbang paatras.

“How dare you!”

“Pasensiya na, ma’am. Tutuloy na po ako.”

Kulang magdabog siya sa ngitngit pero wala nang magawa. Matigas ang lalaki, ayaw talagang ibigay sa kanya ang case. At alam niyang kapag napunta iyon sa kamay ni Ate Maite, lalo nang hindi niya makikita. *Some other time*, pagkonsola niya sa sarili, kahit batid na malabo iyon.

“Asshole,” habol niya kay Argento.

Nilingon siya nito. Namaywang siya, itinaas dito ang mukha, hinahamon ito. Sige, subukan nitong sumagot-sagot.

Pero wala itong naging imik, para pangang may sinusupil na ngiti. Bahagya lang nitong iginalaw ang ulo at naglakad na papasok sa mansyon. God, he was infuriating! Guwapo at mabango pero ang sarap sipain!

CHAPTER 6

Nalaman ng ama ni Lucia na nakipag-agawan siya ng bag kay Argento dahil nakita pala ni Ate Maite. Isang hapunan, ang tanong ng kanyang ama ay kung bakit niya iyon ginawa.

“Because he provoked me. All your men provoke me. I tell them to do something and they never listen to me. I’m like furniture in this house. At ngayon, kahit bago mong tao, ganoon din ang tingin sa akin. You should give me more authority in this house, Papa. Baka kalaunan, mga

tauhan mo na ang nag-uutos-utos sa akin dito.”

“You love drama, exactly like your mother,” pambabale-wala nito sa hinaing niya. Salamat at nakuntento na ito sa paliwanag niya, palibhasa ay noon pa niya sinasabing mas batas pa ang salita ni Ate Maite kaysa sa salita niya sa mansyon na iyon.

Nang lumabas siya ng bahay, kabilang na sa security detail niya si Argento. Gusto sana niyang ireklamo sa ama ang bagay na iyon pero alam niyang lalo itong matutuwa. Kahit kay Ate Maite ay hindi niya ipinahalata ang ngitngit na ang bagong tauhang hindi sinunod ang utos niya, bigla na niyang nakikita sa bahay at kasama tuwing aalis siya. Hindi na siya nag-abalang

itanong kung qualified ba itong magsuksok ng baril sa tagiliran. He probably was. One thing about her father's security was they were all well-trained. Hindi kaya ng ego nitong tumanggap ng tauhang basta-basta. Alam din niyang patuloy ang training ng mga ito, kailangan ding maayos ang pangangatawan. Being a narcissist, her father treated everyone around him like an extension of himself. Including her. At dahil hindi siya nito makontrol na tulad ng kanyang ina, may namuong resentment sa puso nito.

It wasn't always like that. Naaalala niyang noong bata siya ay naging malapit naman sila. Tuwing birthday niya ay madaming imbitadong bisita, ipinagmamalaki siya nito sa lahat. "My

beautiful clever little girl,” ang madalas nitong sabihin. Noon pa man, controlling na ito pero naisip niyang istrikto lang.

He would take her to the firing range. He taught her golf as well. Pero unti-unting lumala ang pagnanais nitong hawakan ang bawat aspeto ng buhay nila ng mama niya habang tumatanda ito. Hindi niya iyon naunawaan noon, hanggang sa minsang sabihin ng kanyang mama, “*I suppose times are changing and he’s losing certain people and control.*”

Nang usisain niya ito ay sinabi lang na may mga kasamahan daw ito sa pulisya na nagreretiro na at mga katulad na bagay. She never really looked deeply into it, but when her

mother died, she thought about it and realized a few things—that her father was getting older; and newer, more powerful people were taking over places he could no longer fully control. Ang mga lugar kung saan dinnaan nito sa padrino ang ilegal na aktibidades, bigla ay kinanya na ng mismong nakaupong politiko. Lalo na kung mga mas batang henerasyon na ang pumalit sa nagsitandaan na ang orihinal nitong kasabwat. At sa mga lugar na iyon, hindi ito ang hari, nagbibigay lang ito ng lagay hanggang sa ang lagay ay hindi na sapat. Greater greed had conquered his greed. He had lost that battle.

For hours she would turn it over in her mind, until it became clear: the great Salvador Beltran's heart had

shattered when his partner in crime, Guillermo Salazar, chose another path. She had always liked Tito Gil. Noon pa man, nararamdaman na niyang mabait ito, maamo ang bukas ng mukha. Maaga itong nagretiro sa PNP, bagaman itinuturing na best friend ng kanyang ama. Sa pagkakaalam niya, magkasama ang dalawa mula sa ibaba, sabay na nag-aral para mas mapataas ang ranggo, sabay sa lahat. Sa magkakaibang pagtitipon, palaging nababanggit ng mga ito iyon. Hindi lang miminsang sinabi ng kanyang ama, sa harap mismo ni Tito Gil, na kung hindi dahil dito ay baka ni hindi nito naisipang pataasin ang ranggo sa kapulisan.

Sa kanyang pagkakaintindi, hindi mataas ang ambisyon ng kanyang ama

sa mga ganoong bagay noon, sapat na ritong kumikita ito. She could only assume he earned from small-time illegal ventures he ran alone. But Tito Gil had vision, and he was probably her father's only true friend. At dahil na rin sa vision na iyon marahil kaya unti-unti na niyong iniwan ang organisasyon. Naghiwalay na ng operasyon ang dalawa base sa narinig niya mula sa ibang tauhan, mga nagkukuwento tungkol sa masasayang okasyon noong araw. “Ibang-iba na ngayon,” ang karaniwang pagtatapos ng kuwento.

Walang buong detalye, walang diretsang pahayag kung bakit nagkakaroon ng pagtitipon noon, kung bakit may grupo-grupo, at natural na hindi puwedeng mag-usisa si Lucia. But

she understood, bukod sa may nabasa siyang ganoon sa records ng ina. Two factions. Hindi malinaw sa kanya kung paano ang naging dibisyon at hindi rin siya interesado sa bahagi ng kay Tito Gil, kung meron pa. Sa pagkakaalam lang niya, may ibang mga negosyo ito. Her father had some, too, but he didn't run them, and they were mostly franchises and small buildings for rent. Wala rin itong mapagkakatiwalaan niyon maliban sa kanya pagdating ng araw. Wala itong ibang kapatid o kamag-anakan, hindi tulad ni Tito Gil na mayroong kapatid na nag-aral sa Harvard, bukod sa mga batang anak na malamang, sumunod sa yapak ng tiyuhin.

Salvador Beltran could've had a large

front, had he not been too jealous of his wife's dead first husband that he told her to sell *Society and Soul*, a rebrand of *The Manila Society*.

Hindi siguro matanggap ng isang heneral na kumakawala sa kamay nito ang mga maliligayang araw; ang nakaraan; ang panahong ito ang hari. Imbes na isuko ang trono at magsimula ng lehitimong negosyo, ibinunton nito ang galit sa asawa at anak. And so here they were today.

“Ate Dang, pakikuha naman ng gold stilettos ko, please?” aniya sa kasambahay na katulong sa pag-aayos.

“Puro ka party,” simangot nito pero nagtungo sa walk-in closet niya.

Napahagikgik siya. “I’m a pretty twenty-year-old lady and I’m living the

life,” aniya.

Nakaismid pa rin ito nang ilapag sa sahig ang sapatos. “Sabagay, gusto naman ng mama mo na maging normal kang kabataan. Iyan ang madalas niyang sinasabi noon sa amin ni Nanay Selma,” tukoy nito sa kasambahay nilang nagretiro na.

“Nakaka-miss si Nanay,” komento niya. “Sila ni Mama.”

“Sinabi mo pa. Ewan ko lang kung makaporma ‘yang si Maite kung nandito pa si Nanay. Kahit papa mo, hindi makapalag kapag nagalit na ‘yong matanda.”

Napangiti siya dahil may bahid ng katotohanan iyon. Kung bakit parang may force field si Nanay Selma. Ilag dito ang lahat. Kasambahay ito ng kanyang

ina mula pa noong araw, bago pa pakasalan ang kanyang ama. She was kind, but strict. No nonsense. And she probably saw through Salvador Beltran the first time she laid eyes on him. Kailanman ay hindi naging mainit ang pakitungo nito sa ama ni Lucia.

“Sana mabulunan ang Maite na ‘yan sa paglamon,” dagdag ni Ate Dang.

“Loka ka.”

“Akala mo reyna dito.”

Hindi na lang siya umimik para hindi ito lalong mainis sa katiwala ng kanyang ama. Wala silang magagawa sa isang iyon dahil loyal sa papa niya.

“Ang alam ko, siya ang nagsabi sa papa mong gawing escort mo ‘yong kaaway mo, si Argento. Nasilip nga kasing nakipag-agawan ka ng bag. Pero

mukhang mabait naman ‘yon, ampon ni Mang Celso.”

“Ampon ni Mang Celso, that’s all I need to know.” Lalo tuloy siyang nabuwisit kay Argento. Hindi rin siya natutuwa kay Mang Celso dahil dati ring pulis iyon, mayabang at misogynist base sa mga naririnig niyang komento nito.

“Nakausap ko. Mabait. Hindi katulad ni Mang Celso.”

Naiinis si Lucia sa sarili na interesado siyang malaman ang iba pang impormasyon tungkol kay Argento. Why?! Pero na kay Ate Dang ang atensiyon niya habang nag-a-apply ng mascara.

“Nag-aaral pala ‘yon sa gabi. Computer daw. Ga-graduate na yata.

Magalang sa akin, pati kina Weng. Mas matanda lang sa ‘yo ng dalawang taon. Mismong si Celso pala ang nagpasok, mula nang magkasakit sa atay. May umuupa naman daw doon sa dalawang kuwarta sa bahay nila, saka sagot naman ng Papa mo ang paospital ng mga tao kaya may panggamot din. Mabait naman ang Papa mo sa ganoon.”

“Mabait naman si Papa sa mga taong gusto niya,” komento niya dahil iyon ang totoo. Hindi siya bulag sa generosity nito sa mga tao, institusyon, o bagay na importante rito. Kaya nga ang ibang tao, santo ang tingin dito, isang mabuting pinuno. Maganda rin ang reputasyon nito sa alta-sosyedad, salamat sa kanyang ina. “Wala bang pamilya si Mang Celso?”

“Meron. Hindi ba’t ang daming naging asawa no’n? Pero iisa ang anak. Ang kaso mo’y nananakit yata iyon kaya iniwan. Ito namang si Argento, inampon daw noong bata pa.”

Interesado siya sa kuwento pero hindi na makapagtanong dahil baka magtaka ito.

“Ikaw ba’y kailan aalis?” pag-iiba ni Ate Dang.

“I’m not sure yet, Ate. I’m too lazy to submit internship applications.” Ang totoo, gusto pa rin niyang sa Pilipinas sana mag-intern pero malabo siyang payagan ng ama. She was taking things slowly; after all, she didn’t have a gap year. Siya ang isa sa pinakabata sa batch nila.

“Hayaan mo’t iyan na lang naman

ang kulang mo, sabi mo. Bata ka pa, magpakasaya ka ngang talaga muna.”

“Exactly!” Tumayo na siya at nagpalit ng little black dress. “How do I look, Ate?”

“Sobrang ganda. ‘Wag kang mag-uuwi ng boyfriend na bata ka.”

Natawa na lang siya, saka bumaba. May usapan sila ni Clare na magkikita sa Makati. They were going to have dinner, then dance the night away. Ang sabi nito ay huwag na siyang magdala ng mga escort dahil hassle, hindi sila makakapag-boy hunting, pero pareho nilang alam na hindi iyon uubra.

Nang lumabas siya ng bahay ay naghihintay na ang sasakyan niya, maging ang tatlong convoy. Si Argento ang nagbukas ng pinto para sa kanya.

“Good evening, ma’am,” bati nito, tipid na tipid ang ngiti. God, he was even more gorgeous tonight wearing a casual brown jacket over a white polo shirt. And did she smell cologne? He was wearing a crisp masculine scent.

Imbes na ibalik ang pagbati nito ay hindi niya napigilan ang pag-irap, nalukot ang mukha kahit pa nga bigla ang pagsasal ng dibdib. Dumaan sa isip niya ang pakikipag-agawan nito ng bag. It still infuriated her. Ego niya siguro ang apektado dahil siya ang amo, pero pinayagan nitong magmukha siyang tanga sa pag-agaw ng gamit ng kanyang ama na binigay nito sa isang kasambahay. Isa na namang sampal sa kanya—mas iginagalang si Maite kaysa sa kanya sa tahanan ng kanyang ama.

Sure, she understood that she couldn't find out certain things about her father's activities but that was beside the point.

That is exactly the point, anang isang bahagi ng isip niya, pero hindi ibig sabihin ay nabawasan na ang inis niya kay Argento.

Isinara na nito ang pinto, saka naupo sa passenger's seat sa unahan. Ang driver nila ay si Mang Gene, dati ring pulis.

Alam na ng driver kung saan siya ihahatid. Nang makarating doon ay nauna ang mga sakay ng convoy, tulad ng protocol. Pasimpleng ininspeksiyon ng mga iyon ang restaurant hanggang pribadong bahagi, iniradyo kay Argento, na bumaba na para pagbuksan

siya ng pinto.

Nakasunod sa kanya ang lalaki papasok sa restaurant. Dalawa ang uupo sa isang kalapit na mesa. Kasama iyon sa protocol. Hindi na nakapagtataakang iniwasan niyang magtungo sa masisikip na lugar dahil mismo sa ganitong sistema. Gayunman, mas okay na si Argento dahil hindi halata na bodyguard, hindi tulad ng iba na mahirap mag-blend in.

Pumuwesto siya sa couch. Binati nito ang pinsan niya.

“Why, good evening to you, too,” ani Clare, lumabas ang pagkamaldita. “Who’s the hunk?” tanong nito bago makalayo ang lalaki.

“Oh, please,” exasperated niyang sabi. May kalandian si Clare, mahilig sa

guwapo. Dapat sigurong inasahan na niya ang reaksiyon nito.

“I have eyes, Luchie,” anitong nakatingin pa rin kay Argento.

“Stop it,” aniyang nag-init ang mga pisngi. Nahihiya siya sa ginagawa ng pinsan. Isa pa, baka lumaki ang ulo ng lalaki.

“He’s so guwapo, ha?” patuloy nito, mas mahina na kaya sana ay hindi narinig ni Argento. “Ano ‘yan, bodyguard mo?”

“Yes.” Tumirik ang mga mata niya. “So please, Clare.”

“Fine. He’s yours.”

“He’s so not!” saway niya rito, saka tumingin kay Argento, na salamat at mukhang hindi narinig si Clare. Nakatalikod ito sa kanila habang

naglalakad patungo sa mesang pinuwestuhan ni Gonzalo, isa pang security.

“Fine. Why do you sound so guilty?”

“No, I...” Napabuga na lang siya nang maunawaang lalo lang siyang tutuksuhin ng pinsan kung makikita nitong apektado siya. “Have you ordered?”

“No. I would like a tall glass of that,” anitong uminom sa water goblet habang nakatingin sa bago niyang security detail.

“Isumbong kaya kita sa mommy mo? You’re only eighteen!”

“I have liked attractive men since adolescence.”

Bigla tuloy siyang natawa dahil totoo iyon. Kahit noong thirteen pa lang ito,

ang hilig na sa guwapo—from boybands to Hollywood actors to classmates. May isang taon pa ngang hindi ito matagpuan sa bahay kapag may laro ang crush nitong nerd, chess master noong high school.

Dumating ang waiter. Umorder na sila. Palaging kasama sa budget ang anumang oorderin ng security niya kaya inabot ni Gonzalo ang menu mula sa waiter. Sa tuwing mapapatingin si Lucia sa mesa ng mga ito, napapansin niyang patingin-tingin sa kanya si Argento, isang bagay na natural lang dahil siya talaga ang binabantayan nito. Hindi lang niya maiwasang mailang.

There was something about the guy's eyes. They seemed to look into her soul.

“By the way, Tita Sandy's asking

about you. Tatawagan ka daw niya.”

“Yeah, I talked to her earlier. Ang hirap namang hindian kahit hindi ako sure kung makaka-attend ba ako ng kasal niya.” Ang pinag-uusapan nila ay ang tiyahin nilang forty-five, ikakasal sa boyfriend na Canadian sa isang resort sa Palawan. Pinsan iyon ng mama nila.

“Wag ka na kasing bumalik muna ng Spain. Wala ka namang boyfriend do’n. Besides, alam mo namang ngayon lang liligaya si Tita.”

Natawa tuloy siya. “Hindi ko naman siya matanggihan so I’m going to have to go to the couturier this week.”

“Bridesmaids!” bulalas nito, may kasamang tili.

“Bridesmaids!” aniyang nahawa sa saya ng pinsan.

Hagikgikan sila nang hagikgikan. Mahirap hindi maging masaya kapag si Clare ang kasama. Maldita ito, komikera, masayang kakuwentuhan. Nagpaplano na agad ito ng activities para sa tiyahin nila. Ang magiging maid of honor niyon ay ang kapatid na mid-twenties.

“Do you think she’s gonna hire strippers?” tanong ni Clare.

“Eew, Clare! So cheap naman!” angal niyang napasulyap kay Argento dahil bigla itong nasamid. Hinala niya tuloy, naririnig sila nito. Hindi siguro lahat ng usapan, kapag lang malakas ang tinig ni Clare, palibhasa, wala masyadong tao sa bagong bukas na restaurant.

“What? I want to see some man

flesh!”

“Sobra ka na, ha!”

Ang lakas ng tawa nito, sabay sabi, “I just want to see one in real life. Hindi pa ako nakakakita, eh. How about you?”

“No!” Nanlalaki na ang mga mata niya. “Wag ka ngang maingay diyan! Baka naririnig nila tayo.” Bahagya siyang tumango sa gawi nina Argento na sumulyap sa kanya at nahuli siya.

Sukat kinawayan ito ni Clare, ngising-ngisi. Salamat at nakatalikod sa kanila si Gonzalo, si Argento lang ang nakakita ng kamaluditahan ng pinsan niya.

Bahagya lang tumango rito ang lalaki, may bakas ng ngiti sa mga labi.

“He’s so guwapo,” ani Clare sa mahinang tinig habang nakatingin pa

rin sa lalaki at kumakaway.

Kinurot niya ito sa tagiliran dahil sigurado niyang hindi man iyon narinig ng lalaki, nabasa naman ang buka ng bibig nito. Lukaret!

“Stop it!” Hinigit niya ito para humarap sa kanya nang mapandilatan. Magkatabi sila. Protocol na bawal siyang pumuwesto sa aisle na daanan ng tao. Palaging pader ang dapat nasa likuran niya. Dahil nasa booth couch si Clare kanina, tumabi na rin siya rito.

“Bakit ba?”

“Nakakahiya,” aniyang sumulyap kay Argento. Nagtama ang mga mata nila. Una siyang nagbawi ng tingin. “Baka isipin niyan, crush mo siya.”

“Eh, crush ko naman talaga siya. If I know, crush mo rin!”

“Oh, shut up!” Ang init-init na ng mukha niya sa kamalditahan ng pinsan. Baka marinig pa ni Gonzalo! Pero mahina ang tinig ni Clare. Unless marunong mag-lip-read si Argento, hindi naman siguro nito malalaman.

“You don’t find him gorgeous?” hamon ng babae.

“No.” Tumingin siyang muli kay Argento. Pormal ito. “He’s not even cute.”

She hoped he could lip-read that last part.

CHAPTER 7

“Clare,” frustrated na daing ni Lucia nang malamang isang party pala ang pupuntahan nila sa dance club at may balak itong ireto sa kanya.

“What?” anitong higit-higit siya patungo sa VIP room. Nakasunod sa kanila sina Argento at Gonzalo. Maingay sa bar, madaming tao.

“I’m not in the mood to meet men!”

“Corny!”

Hinigit niya ito. “I’m serious.”

“I promise you, he’s gorgeous!”

Tututol pa sana siya pero alam niyang naririnig ni Argento ang kanilang usapan. Nasa mismong likuran niya ito, kulang na lang ay makipagkapit-bisig kay Gonzalo para tiyaking protektado siya. Iyon ang isa sa mga dahilan kaya mas gusto niyang nasa bahay na lang—hassle ang mga tao ng papa niya. Kahit pasimple ang mga ito, hindi puwedeng hindi mapansin.

“Brother siya ng classmate ko. Atenista. You’re gonna love him. It’s time you date. Baka mahawa ka kay Tita Sandy, sige ka.”

Muli, hindi siya umimik kahit gustong takpan ang bibig ng pinsan. Hindi na kailangang malaman ni Argento na wala siyang boyfriend at hindi mahilig makipag-date. And she

hated herself for even thinking about what the man was going to think! Ano ang pakialam niya sa iisipin nito tungkol sa kanya? Ugh! Ridiculous!

Naunang pumasok si Gonzalo sa VIP room, habang si Argento ang kasama nila sa labas. Karaniwang nauuna ang mga ito pero hindi alam ni Clare kung aling VIP room ba kaya nang makapasok na sila, saka nila nasalubong ang isa sa mga bisita na itinuro sa kanila kung saan.

“Super hassle,” komento ni Clare na nakawayan na ang mga kaibigan sa loob ng VIP room.

“Sorry,” aniyang napangiwi. “Hindi ko alam na ganito ang plano mo. I could’ve warned you, though you know.”

Inignora siya nito, saka binalingan si Argento. “Hello.”

“Good evening, ma’am,” bati ng lalaki. Mukhang may mapagtitipran.

“Clare,” babala niya agad dito.

“What?” Pinandilatan siya nito. “Masama bang maging friendly sa escort mo? ‘Di ba, Argento? Ilang taon ka na?”

“Twenty-two, ma’am.”

“Do you have a girlfriend?”

“Clare!”

“Ano’ng masama sa tanong ko? So, Argento, are you single?”

Tumango lang ito.

“Bakit? I mean, have you looked at yourself in the mirror? You’re so guwapo!”

Napilitan siyang lumingon sa likuran

dahil hindi niya marinig ang tugon nito. Parang hindi nito alam kung ano ang isasagot. Hindi niya sigurado kung namumula ang mga pisngi nito dahil makulay ang mga ilaw, pero malamang dahil sa pinsan niya. Clare had a very special skill for embarrassing men and making them feel uncomfortable with her brutal honesty.

“The man is working. ‘Wag mo siyang guluhin,” baling niya sa babae, saka humarap kay Argento. “I apologize. Clare is just naturally naughty. I personally don’t find you attractive.”

Kung bakit idinagdag pa niya ang huling sentence. Pero salamat at nakalapit na si Gonzalo para papasukin sila. Agad siyang hinigit ni Clare

patungo sa may birthday, ipinakilala doon. Bumati siya, sinabing may ireregalong bote ng alak dito, saka bumaling kay Argento.

“Would you mind ordering...” Napilitan siyang tumiyad para sa tainga nito sabihin dahil masyadong maingat. “Please order a bottle of Dom for this table. Make sure it’s on my tab.”

Nang lumayo siya ay nagtama ang mga mata nila. Hindi siya makapaniwala sa lakas ng tibok ng kanyang puso, lalo na at nanuot sa ilong niya ang pabango nito. She couldn’t quite place it, but she was sure it wasn’t cheap. It didn’t smell cheap, whatever cologne he had on.

Pumihit na siya at nagpahigit kay Clare patungo sa isang mesa, kung saan

naroon ang dalawang lalaki, na apparently, mga ka-date pala nila. Nag-set up ng date ang lukaret nang hindi sinasabi sa kanya. Nang makilala ang mga lalaki ay bumukod na si Clare at ang ka-date nito.

Her date's name was Juancho; Atenista, from a political clan. Cute sana pero sobrang yabang. Ang babaw din nito. Mayaman na, puro pagpapasikat pa ng yaman ang ginagawa. Very nouveau riche, to be honest. Kahit na sinabi na niyang hindi siya interesado sa mga sasakyan, iyon pa rin ang kinukuwento. Ang nakakahiya sa sitwasyon, may bantay siya sa di-kalayuan. Nakapuwesto sila ni Juancho malapit sa pintuan ng VIP room, iyon na lang ang libre dahil masikip na sa

dami ng bisita. Karaniwan ding sa bandang pintuan naman pumupuwesto ang security sa ganoong sitwasyon dahil hindi siya iiwan ng mga ito sa loob ng bar. Palaging kailangan ay abot-tanaw siya, iyon ang trabaho ng mga ito.

“My dad insisted I use the SLK for tonight,” Juancho said, grinning at his own story. Hindi ito nakakaramdam na nagsasawa na siyang pag-usapan ang mga sasakyan na hindi naman importante sa kanya. “I told him I didn’t want to. Convertibles are so common now, they’re kinda lame. But he said it would look bad if I showed up in the Prado.”

She smiled politely. Gusto nang tumirik ng mga mata niya.

“You should see the one I really

wanted though, the Maserati Spyder. We almost bought it in Singapore last month. I said no because, you know, I'm trying to be practical."

"Very responsible of you," aniyang sumimsim ng cosmopolitan.

"Cars aren't everything anyway. I'd rather spend on things that matter—like watches. I collect Omegas. I'm thinking of getting a Patek next month."

"Impressive." Napasulyap siya kay Clare. Mukhang enjoy ang bruha sa ka-date nito. Naiinis na siya rito. Baka mag-away sila mamaya.

Juancho leaned back, clearly pleased with himself. "I just don't get people who brag about money. I'm not like that. But I love investments like

watches.”

Napasulyap siya sa kinaroroonan ni Argento. He was still standing just a few feet away, expression unreadable, though she could swear there was the slightest twitch at the corner of his mouth. Heat crept up her neck. God, he'd heard everything. Sana hindi nito maisip na ganoon siya kababaw.

Hanggang sa ma-realize niyang wala nga pala siyang pakialam sa iisipin nito.

“I need to go to the ladies’ room,” aniyang tumayo.

Lumabas siya ng silid. Nakasunod sa kanya si Argento. Hindi kadalasang sumusunod ang mga bodyguard sa ganoong paraan pero masyadong matao sa lugar, malawak din iyon, high risk.

May pila sa labas ng banyo. Hinarap

niya ang lalaki.

“I really don’t want to go back there,” aniya. “Would you mind telling the guy I left? Get Clare though. Can you pay the tab?” Palaging may pera ang mga ito, for incidentals.

Muli, tila papataas na ang sulok ng labi nito pero pinigilan. Was he amused at her misfortune, dating the most uninteresting man in the world?

“What’s so funny?” angil niya.

“Wala, ma’am.”

“No, you find something funny, and I think it’s me.” Humalukipkip siya, itinaas dito ang mukha. Dahil siksikan, two inches lang yata ang pagitan nila. Madaming tao sa paligid at karamihan ay babae, palibhasa ay pila iyon patungo sa restroom.

“Wala. Umandar na ang pila, ma’am.” Sa pagkakataong iyon ay pinayagan na nitong sumilay ang ngiti, hindi na nito itinago.

Humakbang siya. “Wag mong sabihing susunod ka hanggang sa loob?”

“Dito lang ako, ma’am.” Itinuro nito ang bukana ng pasilyo, humakbang patungo roon.

May two-way radio ito pero malabong magamit sa ingay. Mukhang tinext nito si Gonzalo. Umandar ulit ang pila at nakapasok na siya sa loob. She did her business, freshened up, made sure she looked cute, sprayed some perfume behind her ears. Medyo tipsy na siya. Kahit sino ang maka-date ni Juancho, malalasing din. Walang

makakasingit sa mabilis nitong pagsasalita kaya walang choice kundi uminom, hoping the alcohol might make him less boring.

Nang lumabas siya ay naroon pa rin sa bukana si Argento.

“Nasa unahan na ang sasakyan, ma’am. Pasunod na rin si Ms. Clare.”

“And the bill?”

“Ayos na, ma’am.”

God, his presence unsettled her. Ayaw man ay kailangan niyang aminin na may nadarama siyang atraksiyon sa lalaki pero hindang-hindi niya iyon aaksiyonan. Not in this lifetime. He belonged to her father’s world, the same world she wanted to watch burn.

Yet something about him made her curious in spite of herself. Maybe it was

his quiet authority, his composure, that hint of mystery in his eyes... Who was he? Why was he in her father's world? Hindi ba nito nakuha ang ugali at paniniwala ni Mang Celso kung ang lalaking iyon ang nagpalaki rito? He probably did. At iyon ang hindi niya matatanggap. Men like Mang Celso reminded her too much of her father. Tipong mabigat ang kamay sa mahihina; gusto ay manyikang de-susi ang lahat ng mga tao sa paligid nito. Those were the kind of men mothers warned their daughters about.

Ang sabi ng mama niya, humanap siya ng lalaking baliw na baliw sa kanya at iyon ang kanyang gagawin. Bakit ba iniisip niya pa na puwedeng makasali sa pagpipilian si Argento dahil lang

guwapo ito at naagaw ang kanyang atensiyon?

Nang makalabas ng bar ay naroon na nga ang kanyang sasakyan. Ipinagbukas siya ni Argento ng pinto. Agad siyang sumakay.

“Wait up!” si Clare, sumakay na rin na animo iiwan. Tawa ito nang tawa. “Oh, my god, you should’ve seen Juancho’s face!”

Sumakay na rin si Argento sa unahan. Umandar na ang sasakyan nila. Kanina pa pinauwi ni Clare ang driver nito.

“Why did you set me up like that? I don’t appreciate it,” mariing sabi niya sa pinsan. Sumobra na talaga ito kanina.

“Are you mad?”

“What do you think?”

Hindi siya nito sineryoso, bagkus ay naghanap ng kakampi sa mga lalaki sa unahan. “Hindi ba maganda ang idea ko na ipa-date siya sa Atenista? Argento? Manong?”

“Oh, shut up, Clare!” singhal niya.

“Hmp!” Humalukipkip ito. “Well, if it’s any consolation, my date turned out to be a dud, too. My god, what’s up with these men who yak like women? ‘Yong ka-date ko, mas makapal pa ang foundation sa akin. I mean, sure, men these days are all into that metrosexual thing, and that’s fine, but come on. I want a real man. Call me old-fashioned but I like men who are men, the kind who can ruin your lipstick, not wear it!”

Napatawa tuloy bigla si Lucia sa kalokohan ng pinsan. May na-realize

din siya sa sinabi nito—na si Argento ay isang halimbawa ng isang lalaking-lalaki. *God, why am I thinking about him again?*

“I’m so sorry, Luchie. I will find you a better date next time.”

“No, I...” Napabuga na lang siya. Ayaw niyang makipag-date pero ayaw din niyang maisip ni Argento iyon. Maiging malaman nitong nakikipag-date siya. Why? She didn’t understand it either. Nagpapaselos ba siya? It was so absurd it embarrassed her.

“Uuwi na ba tayo? Ayoko pa. Ang aga-aga pa. It’s only ten o’clock!” angal ni Clare.

“You can sleep over.”

“Ang corny!” Tinapik ni Clare ang balikat ni Mang Gene. “Manong, bakit

ganito ‘tong boss mo, ang corny-corny-corny?” Binalingan nito si Argento. ““Di ba, Argento, ang corny niya? Pakisabi naman na magpunta tayo someplace with loud music and dance the night away! We’re too young to be doing lola shit.”

Tawa lang ang tinugon ni Mang Gene, bagaman nagtanong, “Ma’am, saan po tayo?”

“Sa bahay po.” Inirapan niya si Clare. “This is your damned fault. Kung hindi ka nagplano ng date nang walang pasabi, sana nasa labas pa tayo. You should’ve heard what that guy was telling me.”

“But he’s cute.”

“He is, but cuteness can only get you so far.”

“What do you look for in a guy anyway?”

Iniba na lang niya ang usapan dahil pribado sa kanya ang tanong nito. Dahil lasing na, mas madami nang kapilyahang kuwento ang babae hanggang sa makarating na sila sa bahay. Sinalubong siya ni Ate Dang na halatang naghahanda nang matulog dahil may facial cream na.

“Ano’ng ihahanda ko, Luchie?” tanong nito.

“No, don’t bother, Ate. Si Papa?”

“Hindi umuwi.” Normal na iyon. Kaya nga kung minsan, mas gusto niyang nasa bahay lang. Bihirang umuwi doon ang kanyang ama. May sarili itong condo, may mga bahay din sa kung saan-saang lugar.

“Ipaghahanda ko kayo ng makakain. Ano ba ang balak ninyong gawin?”

“Swim!”

“Naku, eh, nakainom yata kayo. Naku, hindi puwede ang ganyan. Kuwan, saglit, at tatawag ako ng magbabantay. Hindi rin naman ako marunong lumangoy. Teka.”

Nagmamadali itong lumabas. Sila naman ay nagpalit ng swimsuit sa kuwarto niya. Eksakto, napakainit ng panahon. Pagbaba nila ay kumuha si Clare ng maiinom sa wine chiller, saka sila tumuloy sa poolside. Inabot nito sa kanya ang wine, hinubad ang robe, saka tumakbo at tumalon sa pool.

Naitirik na lang niya ang mga mata. Hindi siya nag-aalala rito dahil magaling itong lumangoy, tulad niya.

Sabay silang pinasok ng mga mama nila sa swimming lessons noong bata sila.

Pinatong niya ang wine bottle sa mesa, sinampay ang robe ni Clare sa upuan, saka hinubad na rin ang robe niya. Magandang pagmasdan ang pool sa gabi. It shimmered and looked calm, the light from underwater glowing softly. Lumapit siya at naupo sa gilid niyon, ang mga binti ay inilubog sa tubig. Saka niya napansin sa gilid ng mata ang isang pigura sa dulo ng pool. Agad siyang nag-angat ng tingin at nakita si Argento.

“Hey!” kaway dito ni Clare. “Join us.”

Wala nang suot na jacket ang lalaki. Naka-tuck in ang polo shirt nito sa pantalon. Itinaas lang nito ang kamay, saka naglakad palapit, pumuwesto

nang may distansiya sa kanila. Lucia wondered what he looked like shirtless. Bigla siyang napatayo para kunin ang wine. Nauhaw yata siya. Kasabay niyon ay bahagya siyang na-conscious. Did she look good? Napasulyap tuloy siya sa repleksiyon sa glass door ng bahay. Yes, she looked great. Her figure was perfect, though not in the way men usually found sexual—nothing like those Playboy bunnies. Hindi ganoon kalaki ang kanyang puwit, pero may boobs din. At dahil mahilig siyang mag-gym sa bahay, maganda ang mga braso niya. God, am I seriously wondering if my bodyguard thinks I'm sexy enough? How pathetic.

Pilit na lang niya itong inignora, pero wala pala silang nadalang bottle

opener. Tinawag niya ito para pabuksan ang wine. Eksakto namang paglabas ni Ate Dang, may bitbit na tray ng kukutin. May nakapatong ding corkscrew doon.

“Ano, ayos lang kayo dito? Mahihiga na ako. Argento, ikaw na ang bahala sa mga ‘yan. Marunong namang lumangoy pero gustong uminom, eh.”

“Ako na po ang bahala, Ate,” anang lalaki sa malalim nitong tinig.

Tumalikod na ang kasambahay, habang si Argento naman ay pinaikot ang corkscrew para bumaon. Nakatingin lang siya sa bawat galaw nito. There was an elegance to the way he moved. Hindi niya iyon tipikal na nakikita sa mga kasamahan nito.

Nang mabuksan ang bote ay nagsalin ito sa dalawang baso, inabot ang isa sa

kanya.

“Thanks,” aniya, kung bakit nag-iinit ang buong mukha.

Tipid itong tumango. “Ma’am.”

Malakas ang hagikgik ni Clare mula sa pool. “Come on, Argento. You look too serious. ‘Wag mo na kaming bantayan. We’ve been swimming since we’re little kids. Have a glass, please!”

Inabutan niya ito ng isang baso pero tumanggi ito. “Hindi na, ma’am, pero salamat.”

“Luchie, hand me a glass and bring that bottle here,” anang maldita.

Tumalima siya. Muli niyang sinulyapan si Argento na nagbalik na sa puwesto nito. Bigla niyang naalalang nag-aaral daw ito sa gabi. So wala itong pasok? Ang dami niyang gustong

malaman pero sa huli ay walang lumabas sa kanyang mga labi.

Enjoy sa paliligo si Clare hanggang sa wisikan na siya ng tubig para samahan ito. Lumusong na rin siya. They had wine and talked about things, all probably too girly for the silent guy who could hear them talk about fashion, boys, and travel.

Hanggang sa malasing na si Clare at umahon na sila. Muntik na itong matumba kaya nakaalalay siya agad. Pero muntikan na rin siyang madulas, mabuti at naagapan siya ng isang kamay, kay Argento.

“Good night, world!” sabi ni Clare, kinuha ang robe at tumuloy na papasok sa bahay.

“I... I have to...” Natitigilan siya

habang nakatingin sa mukha ni Argento.

Tumango ito. “Good night, ma’am.”

“Good... g-good night.”

Inabot nito ang robe at ipinatong sa kanyang mga balikat.

“Thanks. Uhm, akala ko may klase ka?”

“Wala kapag weekend.”

God, she didn’t want the moment to end but Clare was drunk, and she had no business talking tipsy to her bodyguard.

“See you tomorrow, Argento.”

Bahagya lang itong tumangong muli.

Dumadagundong ang puso niya habang naglalakad pabalik sa bahay.